


*ANG DIYOS IKINUKUBLI ANG
KANIYANG SARILI SA KASIMPLIHAN,
PAGKATAPOS AY INIHAHAYAG ANG
KANIYANG SARILI SA GAYUN DIN*

 Salamat sa iyo, Kapatid na Neville. Pagpalain ka ng Panginoon. Magandang umaga, mga kaibigan. Ipinalalagay kong tiyak na ito'y isa sa mga mahalagang tagpo sa buhay ko, ang mapasa tabernakulo muli ngayong umaga, upang makita ang magandang istraktura nito, at ang kaayusan ng mga anak ng Diyos na nakaupo sa tahanan Niya ngayon.

² Talagang labis akong namangha nang dumating ako dito kahapon at nakita ang ayos ng gusali. Hindi ko pinangarap kailanman na ito'y magiging sa ganitong paraan. Nang makita ko ang mga plano, na nang ganap na nagawa nila ang mga plano, ako'y nakakita lamang ng iba pang munting silid na nakalagay sa isang panig, subali't ngayon nasumpungan kong ito'y naging isang—isang magandang lugar. At nagpapasalamat tayo sa Makapangyarihan sa lahat para dito sa magandang lugar. At tayo ay. . .

³ Dinadala ko sa inyo, ngayong umaga, mga pagbati mula sa aking maybahay at aking mga anak, na nagnanais maparito sa oras na ito para sa gawaing pag-aalay na ito, at itong mga linggo ng paghahandog kay Cristo. Subali't ang mga bata ay nasa paaralan, at napakahirap makaalis. At sila'y nalulumbay mula sa pananabik na makauwi sa bahay, subali't hindi namin kailanman maiwawaglit ang damdamin namin para sa inyong mga tao. Hindi ninyo iyan maiwawaglit. Sadyang mayroong tulad ng pagkaroon ng mga kaibigan. At ako—ako'y humahanga sa mga kaibigan, kahit saan, ngunit mayroon kung anong bagay tungkol sa datihang mga kaibigan. Kahit saan man kayo magkaroon ng mga bagong kaibigan, ito'y hindi pa rin ang datihan.

⁴ Kahit saan man ako makarating, ang dakong ito ay mananatiling palaging sagrado. Sa, halos tatlumpong taon na nakaraan, sa isang lawang putikan ang ilalim, inialay ko itong kapisasong lupain kay Jesus Cristo noong ito'y wala man lamang kahit ano kundi ang—ang lalim na putikan. Ito lahat ay isang lawa. Iyan ang dahilan na ang daan ay wala sa hanay roon, ang—

ang daan ay kailangang umikot, para makalayo mula sa lawa na narito. At dito, ay may datihang mga liryo, mga liryo sa lawa ay nag-uusbungan.

5 At ang—ang liryo ay isang napaka kakaibang bulaklak. Kahit na ito’y umusbong sa putikan, ito’y nagpupumilit sumibol mula sa putikan, at pagkatapos sa tubig at lusak, upang ibungad ang sarili nito sa ibabaw, para ipakita ang kagandahan nito.

6 At ako—palagay ko, ngayong umaga, na iyan ang buong bagay kung ano ang nangyari dito. Na, mula noong panahong iyon, isang munting lawang liryo ay pinalitaw ang kaniyang sarili; at nang ito’y makarating sa ibabaw ng tubig, inilatag nito ang mga pakpak nito, ang mumunting mga talulot nito ay nagsilabas, at inilarawan nito ang Lirio ng Lambak. Nawa ito’y manatili! Nawa ito’y maging tirahan na ganap na inialay sa Diyos!

7 Itong tabernakulo mismo ay naialay noong 1933. Ngunit iniisip, ngayong umaga, ito ay magiging isang—isang napakabuting bagay para sa isang—isang maliit na gawain ng pag-aalay muli, at lalo na sa mga taong nagkaroon, sa kanilang pag-ibig at katapatan kay Cristo, ay ginawa na maging posible lahat ito. At nais kong pasalamat ang bawat isa sa inyo para sa inyong mga kaloob, at iba pa, na inyong inilagak upang ialay ang simbahang ito kay Cristo.

8 At ako’y lubos na nasisiyahan, at nagpapasalamat sa kongregasyon, upang ipangusap ang salitang ito para sa mabubuting kapatiran dito sa iglesya, na nag-alay ng kanilang mga serbisyo para dito. Kapatid na Banks Wood, magiting nating kapatid; Kapatid na Roy Roberson, magiting nating kapatid; at marami pang iba, na sa pamamagitan ng di-makasarili at taglay ang pag-iisa ng puso, ay gumugol ng mga buwan sa pagtayo nitong gusali sa paraan na ito’y naging gayon, nanatili rito upang makita na ito ay maitayo nang sadyang tama.

9 At nang ako’y pumasok, upang tingnan itong pulpito, ang uri na aking laging ninanais, sa buong buhay ko! Ako’y. . . Si Kapatid na Woods nalalaman kung ano ang gusto ko. Hindi niya sinabing gagawin niya ito, subali’t ginawa niya ito.

10 At napansin ko ang gusali at kung paano ang pagpapatayo, ito’y sadyang, oh, ito’y kahanga-hanga. At ngayon walang mga salita upang ipahayag ang damdamin ko. Sadyang walang paraan para gawin ito, kita n’yo. At, subali’t, nauunawaan ng Diyos. At nawa bawat isa sa inyo ay magantimpalaan para sa inyong mga kontribusyon at lahat ng inyong mga ginawa upang gawin ang dakong ito kung ano ito, sa paraan ng pagkakatayo, isang tahanan ng Panginoon. At ngayon ako—nais kong bigkasin ang mga salitang ito. Ngayon, ang gusali, na kasing ganda sa kung ano ito, sa loob at labas. . .

11 Ang aking bayaw, na si Junior Weber, ay may masonarya ng ladrilyo. Hindi ko makita kung papano ito na mas higit pa kaysa kung ano ito, isang perpektong trabaho.

12 Isa pang kapatid na naririto, hindi ko pa nakikilala ang tao, siya ang naglagay sa pagsasaayos ng tunog. Subali't pansinin kahit sa isang patag na gusali gaya nito, akin lamang . . . Walang ugong sa mga acoustic. Iyan ay nasa mga kisame rito, mga iba't-ibang paraan. Kahit saan ako tumayo, ito'y pareho lamang, kita ninyo. At bawat kuwarto ay—ay naitayo, na ang mga ispiker ay naroon sa kanila, at magagawa ninyo ito sa kahit anong paraan nais ninyong marinig. Ito'y, ako'y naniniwala na yaon ay ang kamay ng Makapangyarihang Diyos na nagsagawa ng mga bagay na ito. Ngayon kung . . .

13 Lubos tayong pinagkalooban ng ating Panginoon ng gusali upang doon natin Siya sambahin, ng mas mabuti pa kaysa, sa mga tatlung taon. Tayo ay nagsimula sa isang sahig na putik, kusot, at umupo rito katabi ng lumang uling na mga kalan. At ang kontratista, si Kapatid na Woods, isa sa kanila, at Kapatid na Roberson, ay nagsasabi sa akin na kung saan yung mga haligi noon, at yung mga lumang kalan na dati'y ginagamit doon sa mga biga na naka halang, nagningas ang mga iyon at nasunog, siguro ay dalawa o tatlong piye. Bakit hindi ito natupok, ang Diyos lamang ang nag-ingat nito. At pagkatapos matapos na masunog, at lahat ng bigat ng tabernakulo nakasalalay roon, bakit hindi ito bumagsak, tanging ang kamay ng Diyos. Ngayon ito'y nababalutan ng bakal at nakabaon sa lupa, naitayong matibay.

14 Ngayon palagay ko ito'y tungkulin natin na panatilihin maayos ang loob nito, sa biyaya ng Diyos, upang maging mapagpasalamat sa Diyos na ang ating . . . Ito'y hindi lamang magiging magandang gusali na pupuntahan natin, ngunit nawa bawat isa na pumapasok ay makita ang magandang katangian ni Jesus Cristo sa bawat taong pumapasok. Nawa ito'y maging isang banal na dako para sa ating Panginoon, inilaang mga tao. Dahil, kahit gaano kaganda ang pagkakayari, na pinasalamatan natin ng lubos, ang kagandahan ng simbahan ay ang ugali ng mga tao. Ako ay nagtitiwala na ito'y mananatiling tahanan ng Diyos, ng kagandahan.

15 Ngayon, sa gawaing pag-aalay ng orihinal na batong panulok na inilalatag, isang dakilang pangitain ay dumating. At ito'y naisulat sa panulok na bato, ng umagang inialay ko ito.

16 At kayo marahil ay nagtaka, ilang sandaling nakaraan, bakit matagal ako na lumabas. Ang una kong tungkulin, nang ako ay pumasok sa bagong simbahan, ikinasal ko ang isang lalaki at babae na nakatayo sa opisina. Sana ito ay maging isang tipo, na ako'y maging isang tapat na ministro ni Cristo, upang kumuha ng isang Nobyang handa para sa seremonya sa Araw na iyon.

17 At ngayon gawin natin tulad ng ginawa natin sa simula. Noong nagsimula tayo sa unang pag-aalay ng iglesya, ako ay binata pa noon at, naku, marahil dalawamput-isa, dalawamput-dalawang taong gulang nang ilagay natin ang panulok na bato. Iyon ay bago pa ako ikasal noon. At lagi akong nagnanais na makakita ng isang lugar na nasa tamang kaayusan, sa Diyos . . . para sa Diyos upang sumamba, kita n'yo, kasama ang Kaniyang mga tao. At magagawa lamang natin iyan, hindi sa pamamagitan ng magandang gusali, subalit sa pamamagitan ng isang itinalagang buhay ay ang tanging paraan na magagawa natin ito.

18 At ngayon, bago tayo mag-alay, isang pag-aalay na panalangin, basahin ang ilang Kasulatan, at ialay ang iglesya pabalik sa Diyos. At pagkatapos ako ay may ilang . . . Ako ay may Mensahe sa ebanghelismo, ngayong umaga, upang buuhin sa aking Mensahe na darating.

19 At, ngayong gabi, nais kong kunin ang ika-5 kabanata ng Apocalipsis, na nag-uugnay sa, mula sa—mula sa pitong kapanahunan ng iglesya, tungo sa Pitong mga Tatak. Na ako . . . Pagkatapos tayo'y magkakaroon . . .

20 Lunes ng gabi ay ang nakasakay sa kabayong maputi. Martes ng gabi . . . Ang nakasakay sa kabayong maitim, at tuloy-tuloy, ang apat na nakasakay sa kabayo. At pagkatapos ang Ikaanim na Tatak na nabuksan.

21 At pagkatapos sa Linggo ng umaga, sa susunod na Linggo ng umaga, kung loloobin ng Panginoon . . . Makikita natin pagkaraan, iaanuns'yo ito pagkatapos. Marahil, sa susunod na Linggo ng umaga, magkakaroon ng isang pagtitipon para sa pananalangin sa may sakit sa gusali.

22 At pagkatapos sa Linggo ng gabi, magwawakas sa . . . Nawa tulungan tayo ng Panginoon na buksan ang Ikapitong Tatak, kung saan may maikling bersikulo lamang. At sinasabi Nito ito, “Nagkaroon ng katahimikan sa Langit na may kalahating oras,” sa pamamagitan ng katahimikan na yan.

23 Ngayon, hindi ko alam kung ano ang ibig sabihin ng mga Tatak na ito. Ako lamang ay halos nasa dulo na ng aking pang-unawa, sa kanila, gaya marahil ng ilan sa inyo ngayong umaga. Mayroon tayong mga eklesiyastikong mga pang-unawa na inilahad sa atin ng tao, subalit iyan ay hindi kailanman uugnay Dito. At kung makikita ninyo, Ito ay kailangang dumating sa pamamagitan ng inspirasyon. Ito dapat ay Diyos, Siya Mismo, ang Tanging Nag-iisang makagagawa nito, ang Cordero.

At mamayang gabi ay ang Aklat na iyan ng Pagtutubos.

24 Ngayon, dito, dahilan na hindi ko inaanunsiyo ang mga pagtitipon para sa mga panalangin sa maysakit, at iba pa, ay dahil sa ako ay . . . ako'y naninirahang kasama ang ilang kaibigan, at ginugugol ko ang bawat minuto ng oras ko para

sa pag-aaral at pananalangin. At alam n'yo ang pangitain na mayroon ako bago umalis at patungong palabas sa kanluran, niyaong pitong Anghel dumarating na nagsisipaglipad. Kaya, mauunawaan n'yo maya-maya ng kaunti.

²⁵ Kaya ngayon, ngayon, sa loob ng gusali, palagay ko kailangan nating magkaroon, sa ganito, kung ito'y naialay na, o kaya iaalay sa ilang sandali, sa pagsamba sa Diyos, kailangang panatilihin natin ito sa ganiyang paraan. Hindi tayo kailanman dapat bumili o magbenta sa loob ng gusali. Hindi tayo kailanman dapat gumawa ng anumang negosyo rito sa auditoryum na ito. Ito ay hindi kailanman dapat na gawin dito, iyan ay, gaya ng pagpapahintulot sa mga ministro na pumasok at magbenta ng mga aklat at lahat ng bagay. Maging ano pa man ito, may ibang mga dako para gawin iyan. Sapagkat, tayo—tayo ay hindi dapat mamili at magbenta sa tahanan ng ating Panginoon. Ito dapat ay maging isang pook ng—ng pagsamba; banal, nakatalaga para sa layuning iyan. Kita n'yo? Ngayon, binigyan Niya tayo ng magandang lugar. Ialay natin ito sa Kaniya, at ialay ang ating mga sarili, kasama nito, sa Kaniya.

²⁶ At ngayon ito marahil ay may kaunting kagaspangan, subali't, ito'y hindi isang dako para bisitahin. Ito'y isang dako ng pagsamba. Ni hindi tayo kailanman dapat magbulungan kahit na isang salita sa loob nito, maliban sa pagsamba, sa isa't-isa, maliban na ito'y kailangang-kailangan. Kita n'yo? Hindi tayo dapat mag-umpukan. Hindi tayo dapat magtakbuhan sa loob ng gusali, o kaya'y hayaan ang ating mga anak na magtakbuhan sa gusali. At kaya sa paggawa nito, pakiramdam ko kailan lang, na sa paggawa nito, itinayo natin ito upang mapangalagaan natin ang lahat ng ito. Ngayon, inilagay natin ito rito. Siyempre, maraming tao ay mga estranghero. Alam ito ng mga tao dito sa tabernakulo, na ang gusali ay iaalay para sa gawain ng Makapangyarihan sa lahat. Samakatuwid, iaalay ang ating mga sarili, alalahanin natin, na kapag tayo ay pumasok sa sanktuwaryo na iyan, manatiling tahimik, sa isa't-isa, at sambahin ang Diyos.

²⁷ Kung nais nating bisitahin ang isa't-isa, may mga dako na maaring bisitahin ang isa't-isa tulad niyan. Subali't, huwag, palakad-lakad, kung saan ay hindi n'yo man lang mapakinggan ang inyong sarili na nag-iisip, at ang ilang mga taong pumapasok dito at hindi man lang nila alam kung ano ang gagawin, kita n'yo, ito'y masyadong maingay at mga bagay. Ito'y makatao lamang, at nakita ko ito sa mga iglesya hanggang sa talagang pasamain nito ang loob ko. Sapagka't, hindi tayo pumarito sa sanktuwaryo ng Panginoon upang makipagkita sa isa't-isa. Pumunta tayo rito para sambahin ang Diyos, pagkatapos umuwi sa mga tahanan natin. Itong sanktuwaryo ay inialay para sa pagsamba. Kapag. . . Tumayo sa labas, mag-usap ng kahit anong bagay na gusto n'yo, hangga't ito'y tama at banal. Pumunta sa

bahay ng isa't-isa. Pasyalan ang isa't-isa sa ibang mga lugar. Subalit kapag pumasok kayo sa pintuang iyan, maging tahimik.

²⁸ Pumunta kayo rito upang makipag-usap sa Kaniya, kita n'yo, at hayaan Siyang mangusap din sa inyo. Ang hirap sa ganyan ay, masyado tayong nag-uusap-usap, at hindi nakikinig ng sapat. Kung gayon, kapag tayo ay pumasok dito, maghintay tayo sa Kaniya.

²⁹ Ngayon, sa lumang tabernakulo, maaring wala ni isang tao ang nandirito ngayong umaga na naroon noong araw ng pag-aalay, nang si Medyor Ulrich ay tumugtog ng musika. At ako'y nakatayo sa likuran ng tatlong krus dito, para ialay ang lugar. Hindi ko pahihintulutan ang sinuman. . . Ang tagahatid ay nakatindig sa may pintuan, upang makita na walang nag-usap. Samantalang, nakapag-uusap na kayo sa labas. Pumasok kayo. Kung ninais n'yo, walang ingay, pumunta kayo sa altar at nanalangin nang tahimik. Bumalik kayo sa inyong upuan, binuksan ang Biblia. Kung ano ang ginawa ng inyong katabi, iyan ay nasa kaniya. Wala kayong anomang sasabihin. Kung nais ninyong makipag-usap sa kaniya, sabihin, "Ako'y makikipagkita sa kaniya sa labas. Ako'y naririto upang sumamba sa Panginoon." Basahin ninyo ang Kaniyang Salita, o maupo ng tahimik.

³⁰ At, pagkatapos, ang musika. Kapatid na Gertie, hindi ko alam kung siya ay naririto ngayong umaga, o wala, Kapatid na babaeng Gibbs. Ang lumang piano, ako'y naniniwala, ay nakapuwesto sa sulok na ito, ang talagang natatandaan ko. At siya ay tutugtog nang mahinahon, "Doon sa krus kung saan ang aking Tagapagligtas ay namatay," isa talagang mainam, mahinahong musika, at—at, pagkatapos, hanggang sa dumating ang oras para sa gawain. At ang nangunguna sa awitin ay tumayo at nanguna ng ilang mga awiting pang kongregasyon. At pagkatapos kung mayroon silang ilang napakainam na solo, inawit nila ito. Subalit, hindi lamang isang bungkus ng pag-aawitan. At pagkatapos ang musika ay patuloy na tumutugtog. At pagkatapos nang narinig ko iyan, alam kong ito na ang oras ko para lumabas na.

³¹ Kapag ang isang ministro ay dumudulog sa isang kongregasyon ng mga tao na nananalangin, at ang pagpahid ng Espiritu, kayo ay tiyak na makaririnig mula sa Langit. Iyan lang ang lahat. Walang anumang paraan upang lumayo mula riyon. Subalit kapag kayo ay lumakad sa kaguluhan, pagkatapos kayo—kayo. . .kayo'y—kayo'y talagang litung-lito, at ang Espiritu ay napighati; at ayaw natin iyan, hindi. Nais nating pumunta rito upang sumamba. Mayroon tayong magagandang tahanan, na nais kong pag-usapan, sa ilang sandali, at iba pa; sa tahanan, kung saan binibisita natin ang ating mga kaibigan at dinadala sila. Ito ay ang bahay ng Panginoon.

³² Ngayon, mayroong mumunting mga bata, ngayon, mumunting mga sanggol. Ngayon, hindi nila alam ang kaibahan. Sila, ang tanging paraan para makuha nila ang gusto nila, ay umiyak para rito. At minsan ito'y pag-inom ng tubig, at minsan nangangailangan sila ng atensiyon. At kaya nagkaroon tayo, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, nag-alay ng isang silid. Ito'y tinawag, sa listahan, isang "silid iyakan," ngunit ito'y naririto mismo nakatapat sa harapan ko. Ito'y, sa ibang salita, kung saan madadala ng mga ina ang kanilang mga sanggol.

³³ Ngayon, ito'y hinding hindi nakaka-istorbo, marahil, sa akin dito sa pulpito. Marahil ay hindi ko man lang mapapansin ito, bilang napahiran. Subalit mayroong ibang mga taong nakaupo ng malapit, at nakaka-istorbo ito sa kanila, kita n'yo, at pumarito sila upang pakinggan ang gawain. Kaya ang mga ina ay . . . Ang inyong munting sanggol ay magsimulang mag-nyungoy; hindi ninyo mapigilan iyan. Bakit, sigurado, iya'y isang . . . Dapat ninyong, dapat ninyo itong isama. Ang tunay na ina ay nais dalhin ang anak niyang sanggol sa simbahan, at iyan ang bagay na dapat ninyong gawin.

³⁴ At mayroon tayong silid doon na kung saan ay makikita ninyo ang bawat sulok ng gusali, buong awditoryum; at isang ispiker doon, kung saan ay mapipigilan ninyo ang lakas anomang paraan na gusto ninyo; na may isang—isang maliit na kasilyas sa dulo, at palanggana ng tubig, at lahat ng bagay na eksakto para sa kaginhawaan ng isang ina. May mga silya at mga bagay, mauupuan ninyo; lugar para bihisan ang inyong sanggol, kung kailangan itong bihisan, at lahat ng bagay ay naroroon. Ito lahat ay nakaayos.

³⁵ At pagkatapos, maraming beses, kabataang mga anak at minsan matanda, ay gagawa ng . . . Alam ninyo, mga kabataan ay mag-papasahan ng mga surat, o mga gupit, o anung bagay, sa simbahan. Ngayon, kayo'y matanda na upang malaman ang higit na mabuti kaysa riyan. Kita n'yo? Mas mabuti dapat ang alam ninyo kaysa riyan. Kita n'yo? Hindi kayo dapat na pumarito . . . Kung nais n'yong maging tunay na lalaki balang araw, at magdala ng isang pamilya tungo sa Kaharian ng Diyos, kung gayon simulan n'yo ito sa pasimula, kita n'yo, at— at kumilos ng tama at gumawa ng tama, at ngayon, siyempre.

³⁶ Ngayon, ang mga tagapaghatid ay tumatayo sa mga sulok ng gusali, at iba pa. At kung may anumang kaguluhan, sila ay—sila ay itinalaga, bilang kanilang tungkulin, at ang mga katiwala ay nakaupo rito sa harapan, na sa isang pagkakataon na mayroong sinuman na wala sa kaayusan ang kilos, sila ay itinalaga para pagsabihan ang tao upang tumahimik.

³⁷ Pagkatapos, kung wala silang ganoong respeto, mas makabubuting ibigay na lamang ang upuan sa iba, sapagka't mayroong ilang taong gustong makinig. Mayroong ilang taong

pumunta rito sa layuning iyan; ang makinig. At iyan ang dahilan kung bakit nandirito tayo, ay upang pakinggan ang Salita ng Panginoon. At kaya lahat ay gustong mapakinggan Ito, at gusto itong maging tahimik lang hangga't maari. Kasing tahimik lang ng tulad sa magagawa nila; iyan ay, hindi isang pulutong ng nagsasalita at nagkakagulo.

³⁸ Siyempre, ang ilan ay sumasamba sa Panginoon, iya'y inaasahan. Iyan kung ano nga dapat ang mangyari. Iyan ang dahilan kung bakit naririto kayo, ay para sambahin ang Panginoon. Basta't kung nararamdaman ninyo na purihin ang Diyos, o sumigaw, ipagpatuloy lamang, kita n'yo, pagka't iyan ang dahilan kung bakit kayo ay naririto, kita n'yo, kundi, upang sambahin ang Panginoon sa sarili ninyong paraan ng pananambahan. Datapuwa't walang sinuman ang sumasamba sa Panginoon habang kayo'y nagsisipag-usap at nagpapasahan ng mga sulat, at kayo'y tumutulong sa sinuman na malayo mula sa pagsamba sa Panginoon, kita n'yo, kaya naramdaman natin na iyon ay magiging mali. At nais nating gawin iyan na isang patakaran sa simbahan natin, na sa kongregasyon natin, na, sa gusaling ito, ang iglesyang ito ay iaalay sa Kaharian ng Diyos at sa pangangaral ng Salita. Manalangin! Sumamba! Iyan dapat ang dahilan ng pagpunta ninyo rito, upang sumamba, kung gayon.

³⁹ At pagkatapos isa pang bagay, kapag tapos na ang gawain, kadalasan ang mga tao sa iglesya. . .Hindi ko—Hindi ko iniisip na ito'y narito, dahil. . .madalas akong wala, kita n'yo, dahil ako'y umaalis.

⁴⁰ Kadalasan, kahit sa pangangaral sa ibang mga gawain, ang pagpapahid ay dumarating, at mga pangitain ay nagaganap. At nanghihina ako, at ako'y lumalabas tungo sa silid. At marahil si Billy, o ilan sa mga kalalakihan doon, iniuwi ako, at hinahayaan akong magpahinga ng kaunti, hanggang sa ako'y matauhang muli rito, dahil ito'y talagang masyadong nakakapagod.

⁴¹ At pagkatapos nakakita na ako ng mga simbahan, bagama't, kung saan ang mga bata ay pinapayagang magtakbuhan sa buong sanktuwaryo, at—at ang matatanda ay nakatindig at naghihiyawan sa loob ng silid, sa isa't-isa. Iya'y isang mabuting paraan para sirain ang gawain na magaganap sa gabing iyon, o maging anomang oras iyon. Kita n'yo?

⁴² Pagkatapos na pagkatapos ng gawain, iwanan ang auditoryum. Kayo'y tapos na, sa pagsamba kung gayon. Pagkatapos ay lumabas at makipag-usap sa isa't-isa, at anuman ang gusto ninyong gawin. Kung mayroon kayong anomang bagay na gusto ninyong sabihin sa kaninuman, para—para makita sila, buveno, sumama kayo sa kanila, o sa kanilang tahanan, o maging anuman iyon, subalit huwag itong gagawin sa loob ng

auditoryum. Ialay natin ito sa Diyos. Kita n'yo? Ito ay Kaniyang dako nang pagkikipagtagpo, kung saan tayo'y nakikipagtagpo sa Kaniya. Kita n'yo? At ang Kautusan ay nagmumula sa sanktuwaryo, siyempre. At ako—ako'y naniniwala na iyan ay magiging kalugod-lugod sa Makalangit nating Ama.

⁴³ At pagkatapos kapag kayo'y pumarito, at napapansin ninyo na ang mga kaloob ay nag-uumpisang dumating sa inyo... Ngayon, kadalasan ito...ako'y magtitiwala na ito'y hindi kailanman mapupunta rito; subali't, kapag ang mga tao ay nagkaroon ng bagong simbahan, ang unang bagay alam n'yo, ang kongregasyon ay nagiging pormal. Ayaw ninyong maging ganyan. Gayon pa man, ito ay isang dako ng pananambahan. Ito ay ang tahanan nang Panginoon. At kung ang espirituwal na mga kaloob ay nag-uumpisang bumaba sa ninyo...

⁴⁴ Nauunawaan ko, na mula noong ako'y lumisan, na ang mga tao ay lumipat dito mula sa iba't-ibang bahagi ng bansa, upang gawin itong tahanan nila. Ako'y nagpapasalamat, utang na loob ko sa Diyos, na, ako ay naniniwala na...

⁴⁵ Nang umaga kung kailan inialay ko at inilagay ang panulok na bato roon, bilang isang binatang lalaki, ako'y nanalangin sa pagtatayo nito upang makita ang Pagdating ni Jesus Cristo. At nang magawa ko, nagkakautang ng libu-libong dolyares, at sila...Maaari kayong kumuha ng paglilikom sa isang kongregasyon na ganito ang laki at makakakuha ng tatlumpo at apatnapung sentimo, at ang obligasyon namin ay mga isang daan at limampu, dalawang daang dolyares isang buwan. Paano ko nga ito magagawa? At alam kong ako'y nagtatrabaho, at babayaran ko ito. Ako... Labing pitong taon ng pagpapastor na hindi kumukuha ni isang sentimo, kundi ibinibigay ang lahat ng nasa akin, aking sarili, maliban sa kabuhayan ko; at lahat ng napupunta sa maliit na kahon sa likuran, para sa Kaharian ng Diyos.

⁴⁶ At ang mga tao'y nagpropesiya at nagsipanghula na sa loob ng isang taon ito'y gagawing isang garahe. Pinilit ni Satanas na agawin ito mula sa amin minsan sa isang kapintasan, sa isang kaso ng panlilinlang. Isang tao ang nag-angkin na nasaktan ang paa niya habang nagtatrabaho siya roon, at pagkatapos pinabayaan, at pagkatapos...at nagdemanda at gustong kunin ang tabernakulo. At sa loob ng ilang linggo ginampanan ko ang tungkulin. Datapuwa't sa kabila ng lahat ng hindi pagkakaunawaan at mga hula, at kung ano ang sinabi nila, nakatayo ito ngayon bilang isa sa pinakamagandang mga awditoryum at pinakamainam na mga simbahan na mayroon sa Estados Unidos. Iya'y tama.

⁴⁷ Mula rito tumungo ang Salita ng Diyos na Buhay, palibot sa mundo, kita n'yo, palibot sa mundo; at Ito'y patuloy na umiikot sa palibot ng daigdig, mula sa bawat bansa sa silong ng Langit,

sa abot ng ating kaalaman, lumilibot ng lumilibot sa daigdig. Tayo ay mapagpasalamat dahil dito. Maging mapagpasalamat tayong dahil dito.

⁴⁸ At ngayon na mayroon tayong isang dako upang panahanan, isang bubungan na masisilungan, isang malinis, magandang simbahang maupuan, ialay natin ang ating mga sarili nang panibago sa gawain, at ihandog ang ating mga sarili kay Cristo.

⁴⁹ At si Kapatid na Neville, ang magiting nating kapatid, tunay na pastor, alagad ng buhay na Diyos. Tungkol sa nalalaman ng taong iyan sa Mensahe, pinanghahawakan niya Ito, ng lahat sa nasa kaniya. Iya'y tama. Siya'y isang maamong tao. Siya'y medyo takot na... O, hindi takot; hindi ko sinasadya iyan. Subalit siya'y sadyang, sadyang mahinahon, sadyang hindi siya palakibo, alam n'yo, tulad ng—ng mangusap ng isang bagay na matalas at nakakahiwa, o, "Maupo," o, "Manatili!" Ako—napansin ko iyan, at making sa mga teyp sa likod nito.

⁵⁰ Ngunit nagkataon lamang na magagawa ko iyan. Kaya ako—ako... At ako—nais ko na tandaan ninyo ang mga salita ko, nakita n'yo. At lahat ito ay itini-teyp, kita n'yo. Lahat ay naka-teyp. At, pakiusap, mangyari na ang bawat diyakuno ay tumayo sa kaniyang pinaghahawakang katungkulan, at tandaan na kayo ay nasa sa ilalim ng isang komisyon mula sa Diyos, na panghawakang may kabanalan ang katungkulang iyan. Kita n'yo? Bawat katiwala, ay ganon din. Ang pastor ay upang ibigay ang... .

⁵¹ Hindi katungkulan ng pastor na kailanganing sabihin iyan. Ito'y ang mga katiwala... o, ibig kong sabihin ang mga diyakuno, dahil sila ang pulis ng iglesya. Iyan ay, kung may mga kabataang mag-asawa na dumarating sa labas at magbusina, at alam ninyo, kung paano nila madalas na gawin, o bagay na gaya niyan, sa mga pagtitipon, o lumabas doon. At ang ina ay pinapapunta ang anak niyang babae rito, at siya ay umaalis kasama kung sinong taksil na kabataang lalaki, at tatakbo palabas doon sa kotse, at ang kaniyang ina ay inaakalang siya ay nasa simbahan, gaya niyan. Dapat makita iyan ng diyakuno. "Alin sa dalawa ikaw ay pumasok dito at maupo, o dadalhin kita sa sasakyan ko at iuwi ka sa bahay ng iyong ina." Kita n'yo? Kayo, kailangan ninyong gawin iyan.

⁵² Alalahanin, ang pag-ibig ay nagtutuwid, kita n'yo, palagi. Tunay na pag-ibig ay nagtutuwid, kaya dapat makayanan ninyo ang pagtutuwid. At, mga ina, alam ninyo ngayon na mayroong isang lugar doon para sa mga anak ninyo. Kayong mga bata ay nakakaalam ng iba pa kaysa maghabulan sa buong gusali. Kita n'yo? At kayong mga matatanda ay alam ang kaibahan kaysa magsalita at magpatuloy sa pagkukuwentuhan ninyo sa loob ng auditoryum. Kita n'yo? Huwag ninyong gawin iyan. Iyan ay mali. Iyan ay hindi kasiya-siya sa Diyos.

53 Sabi ni Jesus, “Nasusulat, ang Aking tahanan ay gagawing tahanan ng pananambahan, dalanginan. Papaano tinatawag na bahay dalanginan, ng lahat ng mga bansa!” At sila ay namimili at nagbebenta, at nagtirintas Siya ng mga lubid at itinaboy ang mga tao palabas sa auditoryum. At siguradong ayaw nating mangyari iyon dito sa sanktuwaryong ito. Kaya, ialay natin ang ating mga buhay, ang iglesya natin, mga tungkulin natin, mga gawain natin, at lahat ng bagay na mayroon tayo, para sa Kaharian ng Diyos.

54 Ngayon, ngayon nais kong bumasa ng ilang mga Kasulatan bago tayo magkaroon ng panalangin para sa pag-aalay. At— at, pagkatapos, ito’y isa lamang muling pag-aalay, dahil ang talagang pag-aalay ay nangyari tatlumpung taon na ang nakaraan. Ngayon sa isang...Kung gayon, kung gayon sa ating—sa ating pagbasa sa Kasulatang ito at mag-usap tungkol Dito ng ilang sandali, nagtitiwala ako na ipagkakaloob ng Diyos ang Kaniyang mga pagpapala sa atin.

55 At ngayon mayroon pang ibang bagay na sasabihin ako. Oo. Kung saan dati nating inilalagay ang mga rekorder, at iba pa, mayroon tayong regular na silid doon, kung saan yaong mga gustong kumuha ng mga rekordong. Mayroong mga sinadyang nakakabit na mga linya, at lahat ng bagay roon, na diretsong mula sa pangunahing mikropono, roon.

Mayroong mga silid, mga roba, lahat ng bagay para sa gawaing pagbabautismo.

56 At pagkatapos isang bagay, maraming tao ay kadalasang naghihinanakit sa akin, maraming tao na talagang hindi nakakaunawa sa Kasulatan, tungkol sa pagkakaroon ng krusipiho sa isang simbahan. Naalaala ko minsan may bagay na nangyari rito tungkol diyan. Mayroong akong tatlong krus, at ang isang kapatid ay labis na naguluhan pagka’t narinig niya sa ibang denominasyon nagsabi na ang krusipiho ay nangangahulugang Katoliko.

57 Gusto kong ang ilang mag-aaral, o sinuman, o ilang ipinanganak na muling Cristiyano, na magsabi na ang mga Katoliko ay mayroong karapatan sa krusipiho. Ang krusipiho ni Cristo ay hindi kumakatawan sa Katolisismo. Iyan ay kumakatawan sa Diyos, ang Kaharian. Ngayon, ang mga santo ang kumakatawan sa Katolisismo. Naniniwala tayo na mayroong “isang Tagapamagitan sa pagitan ng Dios at tao, at iya’y si Cristo.” Subali’t ang mga Katoliko ay naniniwala sa lahat ng uri ng mga tagapamagitan, libu-libong mga babae at lalaki, at lahat ng bagay; sinumang mabuting Katoliko, halos, na mamatay, ay nagiging isang tagapamagitan. Ngayon, ang krusipiho ni Cristo ay kumakatawan kay Jesus Cristo.

58 Alam ba ninyo na ang mga sinaunang Cristiyano, ayon sa— sa pinakamatandang kasaysayan ng sinaunang iglesya, sila ay

nagbuhat ng mga krus sa kanilang mga likod, saan man sila magpunta, upang ipahiwatig at ipakilala ang kanilang mga sarili na mga Cristiyano? Ngayon, ina-angkin ng mga Katoliko na sila iyon. Siyempre, ina-angkin nila na sila ang mga kauna-unahan, subali't ang iglesya Katoliko ay hindi pa man lang naiitatang noon. Kita ninyo? Ngunit ang mga Cristiyano ay naglalagay ng krus . . . Narinig ninyo ang mga tao ay nagsasabi, "likod na krus." Itinutukoy ninyo iyan sa Katoliko?

⁵⁹ Ito ay ang tunay na katoliko, ang pangkalahatang Banal na Espiritung Iglesya ng daigdig, ang tama. Tayo ay katoliko. Tayo ang orihinal na katoliko, ang katolikong nanampalataya sa Bibliya. Kita n'yo? Sila ang iglesya, Katoliko, ang organisasyon. Tayo ay malaya mula riyan. Tayo ang pagpapatuloy ng Doktrina ng mga apostol. Tayo ang pagpapatuloy ng bautismo ng Espiritu Santo at lahat ng mga bagay na pinaninindigan ng sinaunang Iglesya, at ang iglesyang Katoliko ay wala ng mga iyon. Kita n'yo?

⁶⁰ Kaya, inilagay nila ang krusipiho dito, na dinala, na pinutol mula sa puno ng olibo kung saan nanalangin si Jesus. Iyan ang krusipiho na nakuha ilang mga taon na, at ibinigay sa akin ni Kapatid na Arganbright. At nais kong ihandog ito kasama nitong simbahan.

⁶¹ At gaano kaangkop, na, sinuman ang nagsabit nito roon. Hindi ko alam kung sino iyon noon, na nagsabit nito dito sa aking—sa kaliwa ko. Pinatawad Niya ang magnanakaw sa kanan Niya; iya'y ako.

⁶² At isa pang bagay na inirerepresenta nito, tulad nang pagkakayuko ng Kaniyang ulo, na nakikita ninyo ang Kaniyang paghihirap. Sinumang mga tao na siyang . . . Ito'y nakatingin sa dako ng altar. At inaasahan Niya kayo rito, makasalanan, at titingin Siya sa inyo. Mamaya magkakaroon sila ng isang munting ilaw na nakalagay dito, na kapag ginaganap ang pagtawag sa may altar, isang ilaw ay kikislap diyan, na kapag ang mga tao'y naririto upang . . .

⁶³ Sasabihin ninyo, "Bakit mo kailangan iyan? Hindi ka na dapat magkaroon ng imahen."

⁶⁴ O sige, kung gayon, ang siya ring Diyos na nagsabi, "Huwag kayong gagawa sa inyong sarili ng anumang inanyuhang mga larawan," ang siya ring Diyos na nagsabing, "Gumawa ng dalawang kerubin at ikalupkop ang kanilang mga pakpak na magkasama, at ilagay sila sa luklukan ng awa kung saan nanalangin ang mga tao."

Nakita n'yo, ito'y—ito'y, walang pagkaunawa. Kita n'yo?

⁶⁵ Kaya, iyan ay kinasihan at derektang nakasabit sa tamang lugar nito. At ako'y lubos na nagpapasalamat na maging isa na mapasa-kanang bahagi. Ako'y nagtitiwala na ako ay pinatawad Niya, sapagkat ako, tulad sa literal na pagnanakaw ng anumang

bagay, sa nalalaman ko, hindi ko kailanman ginawa sa buhay ko; subalit ginamit ko ng husto sa maling paraan ang panahon Niya hanggang sa ako'y nagnakaw sa gayong paraan. At nakagawa ako ng maraming mga bagay na hindi ko dapat ginawa. At ako'y nagpapasalamat sa Diyos, ngayong umaga, na pinatawad Niya ang mga kasalanan ko.

⁶⁶ At ngayon nais kong bumasa mula sa Aklat ng Unang Cronica 17, at mangusap lamang ng mga limang minuto sa gawaing paghahandog, manalangin, at pagkatapos magtutungo tayo sa Mensahe. Ngayon, sa Unang Cronica, ang—ang ika-17 kabanata.

Ngayon nangyari, nang si David ay tumahan sa kaniyang bahay, na sinabi ni David kay Nathan na propeta, Narito, ako'y tumatahan sa isang bahay na sedro, ngunit ang kaban ng tipan ng PANGINOON ay nanatili sa ilalim ng mga kubong.

Pagkatapos sinabi ni Nathan kay David, gawin mo ang buong nasa iyong kalooban; sapagka't ang Dios ay sumasaiyo.

At nangyari nang gabing yaon, na ang salita ng PANGINOON ay dumating kay Nathan, na sinasabi,

Ikaw ay yumaon at saysayin mo sa aking lingkod na si David. . . Ikaw ay yumaon at saysayin mo kay David na aking lingkod, (dapat sana), Ganito ang sabi ng PANGINOON, Huwag mo akong ipagtatayo ng bahay na matatahanan:

Sapagka't hindi ako tumahan sa bahay mula nang araw na aking iahon ang Israel hanggang sa araw na ito; kundi ako'y yumaon sa tolda at tolda, at sa tabernakulo at tabernakulo.

Sa lahat ng mga dako na aking nilakaran na kasama ang buong Israel, ako ba'y nagsalita ng isang Salita sa sinoman sa mga hukom ng Israel, na siyang aking inutusang pakanin ang aking bayan, na nagsasabi, Bakit hindi ninyo ako ipinagtayo ng bahay. . . ?

Ngayon nga'y ganito ang iyong sasabihin sa . . . David, Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, Kita'y kinuha sa pasabsaban, sa pagsunod sa mga tupa, upang ikaw ay maging pangulo sa aking bayang Israel:

At ako'y sumaiyo saan ka man naparoon, at aking inihawalay. . . ang lahat na iyong mga kaaway sa harap mo, at ginawa kitang isang pangalan na gaya ng. . . pangalan ng mga dakila na nangasa lupa.

⁶⁷ Gusto kong sabihin, sa dakong ito, na—na nakita ni David ang gayon ding bagay na nakita natin. Sabi ni David, “Hindi tama na kayong mga tao ay ipinagtayo ako ng isang bahay ng

sedro, at ang kaban ng tipan ng aking Diyos ay nananatili sa ilalim ng mga kubong.” Iyan ay mga balat na tinahing sama-sama, mula sa tupa at mga hayop. Sabi Niya, “Hindi tama para sa akin na magkaroon ng isang magandang tahanan, at ang kaban ng tipan ng aking Diyos ay nananatili sa isang tolda.” Kaya, inilagay ng Diyos sa kaniyang puso ang magtayo ng isang tabernakulo.

⁶⁸ Subalit, si David, bilang isang—isang tao ng—ng pag-ibig at pagtatalaga sa Diyos, gayunman siya ay nakapagbubo ng lubhang napakaraming dugo. Kaya sabi niya... David, sinasalita ito sa harapan ng propeta sa panahong iyon, na si Nathan. At si Nathan, nalalaman na iniibig ng Diyos si David, sabi niya, “David, gawin mong lahat ang nasa iyong puso, sapagkat ang Diyos ay sumasaiyo.” Anong testamento! “Gawin mong lahat ang nasa iyong puso, sapagkat ang Diyos ay sumasaiyo.” At nang gabing iyon din mismo... Ipinakikita ang pagtatalaga ni David sa pag-ibig ng Diyos.

⁶⁹ At pagkatapos ang makita, nang gabi ring iyon, nalalaman na siya ay nasa pagkakamali, na siya ay hindi pinahintulutan na gawin ito, ang Diyos ay lubos na magiliw upang bumaba at nangusap kay Nathan. At palagi kong gusto ang ganitong mga pangungusap, “Yumaon ka at saysayin mo kay Nathan na Aking... Yumaon ka at saysayin mo kay David na Aking lingkod, na, ‘ikaw ay Aking kinuha mula sa pasabsaban.’” Sadyang, siya’y walang kabuluhan.

⁷⁰ At ako—nais kong ipatungkol iyan dito, sandali lang. “Ikaw ay kinuha Ko mula sa wala, at Ako—Ako—binigyan Kita ng isang pangalan. Mayroon kang pangalan tulad sa dakilang mga tao na nasa lupa.” At gusto kong ipatungkol iyan sa isang—sa isang kompidensiyal, gayunman sa isang—isang paraan ng paggawa ng isang punto. Iniisip ko iyan...

⁷¹ Mga ilang taon ang nagdaan, nakatayo ako sa may lungsod dito, at walang nagmamalasakit para sa akin. Walang nagmahal sa akin. At mahal ko ang mga tao, subalit walang nagmamahal sa akin, dahil sa nakaraan ng pamilya. Hindi sa pagpapawalang halaga sa mahal kong ina at ama.

⁷² Labis kong hangad na sana ay buhay pa si mama para makalakad sa santuwaryong ito, ngayong umaga. Marami sa mga datihan na naglagak ng kanilang salapi para tumulong na itayo ito rito, marahil ang Diyos, ngayong umaga, ay pahintulutan silang tumingin sa kabila ng banandilya.

⁷³ Subali’t ang pamilyang Branham ay hindi nagkaroon ng mabuting pangalan banda rito, dahil sa paglalasing. Walang sinumang nagkaroon ng anumang pakikitungo sa akin. At naalala kong sinasabihan ko ang asawa ko hindi pa katagalan, alalahanin lamang na ako—hindi ko magawang makipag-usap sa

akin ang sinuman. Walang nagmalasakit para sa akin. At ngayon ay kailangang magtago, upang makapagpahinga ng kaunti.

⁷⁴ At ngayon ibinigay sa ating ng Panginoon itong dakilang dako, at—at itong mga dakilang mga bagay na Kaniyang ginawa. At binigyan Niya ako ng isang... Bukod sa isang— isang hindi mabuting pangalan, binigyan Niya ako ng isang pangalan na tulad sa ilan sa mga dakilang tao. At nilipol Niya ang mga kaaway ko saan man ako magtungo. Hindi kailanman nagkaroon ng anumang tumindig sa harapan Nito, saan man Ito nagtungo. Subalit, at ako ay labis na nagpapasalamat para riyon.

⁷⁵ At paano ko nga nalaman; bilang isang munting gusgusing bata sa dako rito, dalawa o tatlong mga bloke mula rito, hanggang sa Paaralang Ingramville, noong ako ang naging katatawanan sa paaralan, mula sa pagiging gusgusin, at magisket sa isang lumang lawa? Paano ko nga nalaman na sa ilalim ng lawa na iyan ay may nakalagay na binhi ng liryo na maaaring sumibol tulad nito? At paano ko nga nalaman, na, wala ni isa mang nakikipag-usap sa akin, at gayon pa man bibigyan Niya ako ng isang— isang pangalan na maigagalang sa kalagitnaan ng Kaniyang mga tao?

⁷⁶ At, ngayon, si David ay hindi pinahintulutan na itayo ang templo. Hindi niya ito magagawa. Subalit sabi Niya, “Ako’y magbabangon mula sa iyong binhi, at kaniyang itatayo ang templo, at ang templong iyan ay magiging templo magpakailanman. At sa pamamagitan ng iyong anak, ang anak ni David, ay magiging isang magpakailanmang kaharian; siya’y maghahari.” Si Solomon, anak ni David sa natural, mula sa kaniyang likas na lakas, nagpatayo ng isang tahanan para sa Panginoon, isang templo.

⁷⁷ Subalit nang dumating ang tunay na Binhi ni David, ang Anak ni David, sinabi Niya sa kanila na darating ang panahon na hindi magkakaroon ng ni isa mang bato na nakapatong sa iba pa, ng templong iyan. Subalit sinubukan Niyang ituro sila sa iba pang templo.

⁷⁸ Si Juan, ang tagapaghayag, doon sa Aklat ng Apocalipsis, nakita niya ang Tabernakulong ito. Apocalipsis 21, nakita niya, “Ang bagong Templo dumarating, bumababa mula sa Langit, nagagayakan na gaya ng isang nobya na nabihisan para sa kaniyang asawang lalaki. At isang Tinig mula sa Templo, nagsabing, ‘Narito, ang Tabernakulo ng Diyos ay sumasa mga tao, at ang Diyos ay makakasama nila, at papahirin nila ang lahat ng luha mula sa kanilang mga mata. At wala ng pagkagutom pa, o wala ng kalungkutan, walang sakit o kamatayan; sapagka’t ang naunang mga bagay ay lumipasa.’”

⁷⁹ Kung gayon ang tunay na Anak ni David, na makikita natin sa mga pag-aaral nitong darating na sanlinggong ito, ay tutungo kung magkagayon sa Kaniyang Templo, ang Templo ng Diyos,

ang tunay na Tabernakulo na Kaniyang pinuntahan upang itayo ngayon. Sapagkat, sabi Niya, sa Juan 14, “Sa Bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan, at Ako’y paparoon . . .” Anong ibig Niyang sabihin diyan? Ito’y naitalaga na. “At Ako’y paroroon upang maghanda ng Dakong para sa inyo, at babalik muli, upang tanggapin kayo sa Aking sarili.” At, siyempre, nalalaman natin na iyan ay sa dakilang Kapanahunang darating. At ang tunay na Binhi ni David ay uupo sa Trono, na siyang si Jesus Cristo, at doon ay maghahari sa buong Iglesya, bilang Kaniyang Nobya, sa Tahanan na kasama Niya, at sa gitna ng labing dalawang mga tribo ng Israel, sa buong Kawalang Hanggan.

⁸⁰ At ang maliliit na mga lugar na ito; gaya ni David, ay hindi magawang itayo ang tunay na Taberkulo ng Diyos, sapagka’t hindi siya handa para gawin ito. Wala siyang anumang magagawa. Siya ay isang mortal, at nagbubo ng dugo. Gayun din ito ngayon, sa atin, hindi tayo nakahanda na itayo ang tunay na Tabernakulo ng Diyos. Mayroon lamang Isa na maaring gumawa niyan, at Ito’y nasa pagtatayo Nito ngayon.

⁸¹ Subalit ang munting tabernakulong ito, kasama ang templo na itinayo ni Solomon para sa Kaniya, at kasama ang mga iba pa, ay pansamantalang mga pook lang ng pananambahan hanggang sa dumating ang panahon kung kailan ang tunay na Tabernakulo ay mailalagay sa ibabaw ng lupa. “At ang katuwiran ay maghahari mula sa kalangitan hanggang kalangitan. At hindi na magkakaroon pa ng kalungkutan.” Wala nang gawaing paglilibing na ipangangaral sa Tabernakulong iyon. Wala nang mga kasalan, sapagkat ang Kasalan ay magiging isang dakilang Kasalan nang Walang Hanggan. Anong panahon iyan na darating!

⁸² Ngunit hangarin natin sa puso natin, ngayon, na sa pag-alaala at paghihintay para sa Tabernakulong iyan na darating, na maisasa-katangian natin ang ating mga sarili sa pamamagitan ng Espiritu Niya, na tayo’y sasamba sa dakong ito na para bang tayo ay naroon sa kabilang Dakong iyon, hinihintay ang Lugar na iyon na darating.

⁸³ Ngayon tayo’y tumayo sa ating mga paa, at habang binabasa ko ang Banal na Kasulatan.

At nakita ko ang bagong mga langit at isang bagong lupa: sapagka’t ang unang langit at ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na.

. . . akong si Juan ay nakita ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios, na nahahandang gaya ng isang kasintahang babae na nagayakang talaga sa kaniyang asawa.

At narinig ko ang . . . tinig na mula sa langit na sinasabi, Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, at siya ay mananahan sa kanila, at sila’y magiging

mga bayan niya, at ang Diyos din ay sasa kanila, at magiging Dios nila.

Iyukod natin ang ating mga ulo ngayon.

⁸⁴ Makalangit naming Ama, kami ay nakatayo sa pagkamangha. Kami ay nakatayo sa pagrespeto at sa Banal na paggalang. At hinihiling namin sa Iyo, Panginoon, na tanggapin ang aming kaloob, na pinagkalooban Mo kami ng biyaya, salapi, upang maghanda ng pook na sambahan para sa Iyo. Walang anumang bagay, o walang pook na maihahanda namin dito sa lupa, na magiging karapat-dapat para sa—sa Espiritu ng Diyos upang panahanan. Subalit iniaalay namin ito sa Iyo bilang isang tanda ng pagmamahal namin at mga damdamin para sa Iyo, Panginoon. At kami ay nagpapasalamat sa Iyo para sa lahat ng mga bagay na ginawa Mo para sa amin.

⁸⁵ At, ngayon, ang gusali at ang mga pook ay naihandog may katagalan na, ukol sa gawain, at pinasasalamatang Ka namin sa mga alaala na nagdaan. At ngayon, Panginoong Diyos, tulad ng isang pangitain na napakita, mga ilang taon na ang nakaraan, ipinahahayag ito, na nakakita ako ng mga lumang gusali na minsan ay kinaroroonan ng mga tao, at ang mga ito ay naisaayos at ginawang bago, at ako ay ipinadala pabalik patawid ng ilog.

⁸⁶ Ngayon, Panginoong Diyos, Manlilikha ng mga langit at lupa, kami ay tumatayo bilang mga tao ng Iyong kawan. Kami ay nakatayo bilang ang—ang—ang—ang mga tao ng Iyong Kaharian. At kasama ang sarili ko, at ang pastor, at ang iglesia, mga tao, inihahandog namin ang gusaling ito para sa gawain ng Makapangyarihang Diyos, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo, na Kaniyang Anak, para sa gawain ng Diyos, at para sa paggalang at mga pagrespeto sa Diyos. At nawa ang Ebanghelyo ay dumaloy mula sa dakong ito hanggang sa Ito'y mag-udyok sa sanlibutan na pumarito mula sa apat na sulok ng daigdig, upang makita ang Kaluwalhatian ng Diyos na lumalabas mula rito. Gaya ng Iyong ginawa sa nakaraan, nawa ang hinaharap ay maging maraming ulit pang mas dakila.

⁸⁷ Ama, iniaalay namin ngayon ang aming mga sarili para sa paglilingkod, sa pamamagitan ng Salita, taglay lahat ng nasa amin. Panginoon, ang kongregasyon at ang mga tao, inihahandog nila ang kanilang mga sarili, sa umagang ito, sa pakikinig ng Salita. At kami, bilang mga ministro, ay inihahandog namin ang aming sarili, “Sa pangangaral ng Salita; upang maging handa sa kapanahunan, mula sa kapanahunan; na sumasawata, sumasaway na may buong pagtitiis.” Gaya ng nasusulat doon sa panulukang bato, tatlumpung taon na ang nakakaraan. Sabi Mo, “Darating ang panahon na ang mga tao ay hindi na titiisin ang magaling na Aral, kundi magsisipagbunton sila sa kanilang mga sarili ng mga guro, na may makakating mga tainga; at tatalikod mula sa Katotohanan, ibabaling sa mga katha.” Panginoon,

sa pagsisikap namin na ibahagi ang Salita sa mga tao, nawa kami ay mapasigla at mapalakas na may dobleng pagsisikap. Panginoon, bilang dobleng bahagi ng Espiritu ang dumako sa dakong ito, nawa ang banal na Espiritu . . .

⁸⁸ Gaya ng araw ng paghahandog ng templo, noong nanalangin si Solomon; ang Banal na Espiritu, sa anyo ng Haliging Apoy at Ulap, ay dumating sa harap ng pintuan, lumukob sa palibot ng mga Kerubin, nagtungo roon sa Banal na Dako at doon Ito'y gumawa ng dakong pahingahan. O Diyos! Sabi ni Solomon, "Kung ang Iyong bayan ay mapasa kaguluhan saan mang dako, tumingin sa Banal na Dakong ito at manalangin, kung magkagayon dinggin mula sa Langit."

⁸⁹ Panginoon, nawa ang Banal na Espiritu, sa umagang ito, ay pumasok sa bawat puso, bawat itinalagang kaluluwa na naririto. At sinasabi ng Biblia, na, "Ang Kaluwalhatian ng Diyos ay labis na dakila hanggang sa ang mga ministro ay hindi na makagawang maglingkod, dahil sa Kaluwalhatian ng Diyos." O Panginoong Diyos, hayaang maulit ito muli habang inihahandog namin ang aming mga sarili sa Iyo, kasama ng iglesia, sa pag-aalay para sa gawain. At nasusulat, "Humiling, at kayo ay tatanggap."

⁹⁰ At ipinagkakatiwala namin ang aming mga sarili, kasama ng paghahandog namin ng iglesia, sa umagang ito, sa Iyo, para sa paglilingkod, para sa mga Liwanag ng huling-araw, para sa panahon ng pang-gabing mga Liwanag; upang kami ay makapaghatid ng aliw at pananampalataya sa mga tao na naghihintay para sa Pagdating ng Nobyo, upang bihisan ang Nobya sa Ebanghelyo ni Cristo, para tanggapin ng Panginoong Jesus. Ito ay inaalay namin, ang aking sarili, Kapatid na Neville, at ang kongregasyon, para sa paglilingkod sa Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Maari na kayong makaupo.

⁹¹ Sabi ni David, "Ako'y nagalak nang sabihin nila sa akin, 'Tayo'y magsiparoon sa tahanan ng Panginoon.'" At nawa ito'y laging maging gayon sa atin, na, kapag ito'y nasambit, tayo'y magagalak na magtipon sa tahanan ng Panginoon. [Kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Pat.] Amen.

⁹² Ngayon, pagkatapos ng munting gawaing paghahandog, mayroon na akong isang oras ngayon.

⁹³ At, ngayon, alalahanin lamang ngayon kung sa ano tayo inihandog; sa paggalang, kabanalan, katahimikan sa harapan ng Panginoon, pagsamba sa harapan ng Panginoon. At maging magalang lamang kayo sa abot ng inyong makakaya, sa tahanan ng Panginoon. At, ngayon, at kapag ang gawain ay tapos na, agad-agad pagkatapos na ang gawain ay magtapos, lumabas mula sa gusali. Kita n'yo? At iyan ay magbibigay sa diyanitor ng panahon para pumasok dito at linisin ito para sa susunod na

pagkakataon, at maghanda. At kung gayon ito'y hindi magiging kaguluhan sa loob ng tahanan ng Panginoon. At . . .? . . . Palagay ko kayo . . . dako ay magiging malinis sa loob ng mga labinlimang minuto pagkatapos na ang gawain ay magtapos. Tiyaking maging magiliw. Makipagkamay sa lahat, at anyayahan ang lahat na bumalik.

⁹⁴ At—at umaasa tayong magkaroon, itong sanlinggong darating ngayon, isa sa pinakataimtim na gawain na ginanap dito sa tabernakulo. Tayo'y tumitingin patungo riyon. Ngayon, ako—ako . . . hinding hindi naging malinaw sa akin hanggang may isang bagay . . . hanggang sa nagluwa't, gabi na, maikling mga oras kagabi, sa panalangin, nagsimula akong makakita ng isang bagay. Kaya, nagtitiwala ako na ito'y magiging isang dakilang pagkakataon, na pinaniniwalan kong magiging gayon, kung tutulungan tayo ng Panginoon. Ngayon, ngayon, nang sabihin kong, “dakilang panahon,” ngayon, ako'y mangungusap sa isang bagay patungkol diyan, sa umagang ito. Alam ninyo, kung ano'ng tinatawag ng tao na “dakila,” minsa'y hindi naman dakila. Ngunit ang tinatawag ng Diyos na “dakila,” tinatawag ng tao na kamangmangan; at ang tinawag ng Diyos na “kamangmangan,” tinatawag ng tao na dakila. Kaya panatilihin natin iyan sa isipan, timbangin ang bawat Salita.

⁹⁵ Ngayon, ang mga gawain ay mahahaba. Sila'y mapapagod, sapagka't ito'y mahirap na gawain, maraming pagtuturo, pagtatalaga. At ako lamang . . .

⁹⁶ Ang lugar na tinutuluyan ko, ang mga tao ay nagsisikap lamang, nais akong pakainin ng lahat ng bagay, subali't ako . . . Sabi, “Aba'y, malaki ang nabawas sa timbang mo, Kapatid na Branham, lahat ng bagay.” Ngunit ako'y palaging nasa gawain. Kailangan kong umalis dito sa susunod na Linggo ng gabi, upang makapunta sa isa pa, kaagad, sa Mexico. Kaya, ito'y talagang mahirap na bagay. Kaya, subali't ako'y nagsisikap lamang na makaiwas sa labis na pagkain, at—at ginagawang handa ang sarili ko.

⁹⁷ At ako'y nagagalak, sa umagang ito, na makita si Kapatid na Junior Jackson, at—at Kapatid na Rudell, at—at ang iba't-ibang mga ministro, at iba pa, sa palibot. Pagpalain kayong lahat ng Diyos.

⁹⁸ Ngayon ako—nais ko na—na mangusap sa inyo sa umagang ito patungkol sa isang paksa na mayroon akong ilang mga naitalang naisulat dito ngayon. At nais kong bumasa muna mula sa Aklat ng Isaias, ang ika-53 kabanata. Ngayon, habang kayo'y bumabaling dito, nais kong magbigay ng isang paalala, o dalawa.

⁹⁹ Na, sa gabing ito, nais kong mangusap sa Aklat na *ito*, itutulay Ito sa pagitan ng huling panahon ng iglesya hanggang

sa pagbubukas ng Tatak. Ngayon, mayroong isang malawak na pagitan riyon.

¹⁰⁰ At, bago, nang matapos ako sa mga kapanahunan ng iglesya, nangusap din ako roon tungkol sa pitumpung sanlinggo ni Daniel, agad-agad kasunod noon, pagka't ito'y nagtutugma. At sabi ko, "Ngayon, kung kukunin ko man ang Pitong Tatak, ay kinakailangan kong tapusin itong pitumpung sanlinggo ni Daniel, upang maitugma sa mga Tatak." Iniiwang bukas ang isang bagay, at iyan ay ang ika-5 kabanata, ng Aklat na natatakang ng Pitong Tatak. At kukunin natin 'yan mamayang gabi.

¹⁰¹ Sisikapin nating magsimula ng maaga mamayang gabi. Papaano naman ako... Nabanggit na ninyo ito, nagawa na ba ninyo, na magsimula ng maaga? [Si Kapatid na Neville ay nagsabi, "Oo."—Pat.] Paano ang tungkol, maari bang ang lahat ay pumarito mga bandang alas-siyete? [Kongregasyon ay nagsabi, "Amen."] Mabuti. Simulan natin ang datihang gawain sa alas-sais emedya, ang gawain sa pag-awit, at ako'y naririto sa bandang alas-siyete. At pagkatapos sa buong sanlinggo magsasagawa tayo ng maagang pagsisimula. At—at tayo, ngayon, tayo ay paparito . . .

¹⁰² Walang sinumang maibigin sa pag-awit na gaya ng ginagawa ng mga Cristiyano. Maibigin tayo sa pag-aawitan. Gustong-gusto natin ang gayong mga bagay.

¹⁰³ Subalit ngayon tayo'y—tayo'y nasa ibang bagay na ngayon. Tayo'y—tayo'y nasa Salita, kita n'yo, kaya tayo'y—tayo'y manatiling kasama Niyan ngayon. Tayo'y patungo sa. Tayo'y—tayo'y nasa pagtuturo. At mapagtatanto ninyo kung anong laking hirap ito sa akin, kita n'yo, sapagkat, kung ako'y makapagturo ng anumang bagay na mali, ako ay mananagot para rito. Kita n'yo? At kaya hindi ko dapat kunin ang anumang sinasabi ng iba. Kinakailangan kong... Dapat ito'y kinasihan. At ako'y naniniwala na ang Pitong Anghel, na Siyang humahawak nitong Pitong mga Kulog, ay ipagkakaloob iyon. Kita n'yo?

¹⁰⁴ At ngayon sa Isaias, sa ika-53 kabanata ng Isaias, ang unang talata, o ikalawa. Gusto kong itanong ang tanong na ito.

¹⁰⁵ Ngayon, ito'y hindi patungkol sa Pitong mga Tatak, sa anumang paraan. Ito'y isang Mensahe lamang. Dahil, nalalaman kong ako'y kailangang magkaroon ng pag-aalay, at hindi ko magawang makatungo Riyan dahil hindi ako magkaroon ng panahon. Subalit naisip ko, para lamang sa isang munting gawaing pag-aalay, munting gawaing pang-alaala para sa iglesyang ito, o munting gawaing pag-aalay, nga pala, pagkatapos sila—sila...wala nang oras pa kung gayon para tumungo sa nais kong sabihin, kita n'yo, dito sa pagbubukas nitong Aklat, kaya gagawin ko mamayang gabi. At ngayon ito'y

isang munting gawain lamang, na, ito—ito’y magtutugma ng lubos Dito, gayon man.

¹⁰⁶ Kaya, ngayon, makinig sa bawat Salita. Unawain Ito. At— at kung kinukuha ninyo Ito sa mga teyp, o anupaman, kung gayo’y manatili kayo ng tuwiran diyan sa Pagtuturo ng teyp. Huwag kayong magsasabi maliban sa kung ano ang sinasabi sa teyp. Sabihin lamang ng eksakto kung ano lang ang sinasabi ng mga teyp. Kita n’yo? Ngayon, dahil, ang ilan sa mga bagay na iyon, mauunawaan natin ang karamihan tungkol dito ngayon, kung bakit Ito’y hindi naunawaan. Kita n’yo? At tiyakin ninyo, sabihin lamang kung ano lang ang sinasabi ng teyp. Huwag kayong magsabi ng anupaman. Kita n’yo? Pagka’t, hindi ko Iyan sinasabi ng sarili ko. Ito’y Siya na nagsasabi Nito, nakita n’yo. At kaya maraming pagkakataon, magulo, tatayo ang mga tao at magsasabi, “Aba, si *Kuwan-at-kuwan* ay nagsabi na ang ibig sabihin Nito ay *ganito-at-ganiyan*.” Lamang—hayaan lamang Ito gaya nang paraan nga Nito.

¹⁰⁷ Kita n’yo, iyan ang paraan na nais natin sa Biblia. Sa kaparaanan lamang na sinasabi Ito ng Biblia, iyan ang paraan na nais natin Ito, lamang—gaya lang Niyan. Huwag maglalagay ng sariling pagpapaliwanag Dito. Ito’y naipaliwanag na, kita n’yo. Ngayon:

Sino ang naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng PANGINOON?

¹⁰⁸ Hayaang basahin kong muli ito ngayon, maigi.

Sino ang naniwala sa aming balita? (Tanong!) at kanino nahayag ang bisig ng PANGINOON?

¹⁰⁹ Sa ibang mga salita, “Kung kayo’y naniwala sa aming balita, kung gayon ang bisig ng Panginoon ay nahayag.” Kita n’yo?

Sino ang naniwala sa aming balita? At kanino nahayag ang bisig ng PANGINOON?

¹¹⁰ Ngayon nais kong bumasa rin sa Aklat ng Ebanghelyo ni San Mateo, sa ika-11 kabanata ng San Mateo. At, ngayon, dalhin ninyo ang inyong mga papel at mga bagay, dahil patuloy na tayo... Kung wala kayong pangrekord, inyong— dalhin ninyo ang... inyong papel upang makuha natin ito. Ang ika-11 kabanata ng San Mateo, sa ika-25 at ika-26 na mga talata, 11:26 at 27. O sige, si Jesus ay nangungusap, sa panalangin. Nais kong magsimula ng bahagya sa likuran niyan. Gawin natin itong ang ika-25 at ika-26 na talata. Naniniwala ako na diyan ko ipinahayag, bagaman, dahil minarkahan ko ito rito sa Biblia ko.

Nang panahong yaon ay sumagot si Jesus at sinabi, Ako’y nagpapasalamat sa Iyo, O Ama, Panginoon ng langit at ng lupa, na iyong inilihim ang mga bagay na ito sa mga pantas at matatalino, at ipinahayag mo sa mga sanggol.

Oo nga, Ama: sapagka't gayon ang nakalugod sa Iyong paningin.

111 Unawain ang dalawang Kasulatang yaon. “Sinong naniwala sa aming balita? At kanino nahayag ang bisig ng Panginoon?” “Kahit noon pa man si Jesus ay nagpasalamat sa Diyos na Kaniyang itinago ang mga hiwaga sa mga pantas at matatalino, at ipahahayag ito sa mga sanggol na mga maaaring matuto, sapagka't gayon ang nakalulugod sa paningin ng Diyos na gawin iyan.” Ngayon, mula sa tekstong ito, o kon— . . .

112 Mula dito sa pagbabasa nitong Kasulatan, hinango ko ang teksto: *Ikinukubli Ng Diyos Ang Kaniyang Sarili Sa Kasimplehan, Pagkatapos Inihahayag Ang Kaniyang Sarili Sa Gayun*. Ngayon, para sa mga teyp lagi kong inuulit-ulit, para sa mga teyp, kita n'yo, pagka't sila—itineteyp nila Ito. Kita n'yo? *Ikinukubli Ng Diyos Ang Kaniyang Sarili Sa Kasimplehan, Pagkatapos Inihahayag Ang Kaniyang Sarili Sa Gayun*.

113 Kataka-takang isipin kung paano na ang Diyos ay gumagawa ng isang bagay katulad niyan. Itatago ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa isang bagay na napaka-simple na magiging sanhi sa matalino na hindi makita ito ng milyong mga milya; at pagkatapos ay babaling kaagad pabalik paikot, doon, ilang simpleng bagay sa kasimplehan ng Kaniyang paraan ng pagkilos, at ihayag ang Kaniyang Sarili mula roon muli. Naisip kong ito'y gumawa ng isang—isang teksto, upang pag-aralan natin ito bago tayo magtungo sa—sa—sa dakilang Pagtuturo ng Pitong Tatak. Marami ang hindi nakakakita sa Kaniya sa paraan ng paghahayag Niya ng Kaniyang Sarili.

114 Ngayon, ang mga tao ay mayroong sarili nilang pala-palagay kung ano ang magiging katayuan ng Diyos at kung ano ang gagawin ng Diyos. At tulad na ginawa ko sa lumang pahayag sa maraming pagkakataon, na, ang tao ay nanatiling tao pa rin. Ang tao ay laging nagbibigay papuri sa Diyos para sa kung anong Kaniyang ginawa, at laging tumitingin sa hinaharap sa kung ano ang gagawin Niya, at binabalewala kung ano ang ginagawa Niya. Kita n'yo? Kita n'yo? Iyan ang paraan na hindi nila ito nakita. Tumitingin sila pabalik at tinitingnan kung gaano kadakilang bagay ang Kaniyang ginawa, subali't nabigo silang makita kung anong simpleng bagay ang Kaniyang ginamit, para gawin ito. Kita n'yo? At pagkatapos sila ay tumitingin sa hinaharap at nakikita ang isang dakilang bagay na paparating, na magaganap, at, siyam na beses mula sa sampu, ito'y nagaganap na mismo sa kalagitnaan nila. At napakasimple nito na hindi nila nalaman ito. Kita n'yo?

115 Isang araw, isang—isang lalaki rito sa Utica . . . At kung ilan sa kaniyang mga kamag-anak ay naririto, hindi ko sinasabi ito para sa anuman—para sa anumang masamang paghahayag tungkol sa tao. Siya ay isang—isang beterano ng Digmaang

Sibil. At naniniwala akong siya noon...Hindi ko alam kung saan siya nakapanig, subalit naniniwala akong siya ay isang Rebelde. Subalit, siya—siya’y isang hindi naniniwala sa Diyos, at inaangkin niya na walang gayong bagay na gaya ng Diyos. Siya ay nakatira sa Utica. Ang pangalan niya ay Jim Dorsey. Marami sa inyo na mga tao ang maaaring nakakikilala sa kaniya.

¹¹⁶ Binigyan niya ako ng maraming pakwan, noong ako ay maliit na bata pa. Dati siyang nagtatanim ng mga pakwan doon sa may ilog, sa may—sa may baba roon. At siya ay malapit na kaibigan ng ama ko. Subalit sabi niya, isang araw, isa sa mga dakila’t mahalagang mga bagay na nasabi sa kaniya, sa kabaliktaran. Ngayon, ako ay munting bata pa lamang nang mga araw na yaon. Subalit, sa kabaliktaran sa kaniyang paniniwala, na naging sanhi iyon ng paglakad niya palayo at iyuko ang kaniyang ulo at umiyak. At naintindihan ko na, dahil dito, ang tao ay maluwalhating nagbalik loob kay Cristo sa edad na halos walumpo’t-limang mga taong gulang.

¹¹⁷ Tinanong niya ang isang munting batang babae, isang araw, na paparating mula sa Lingguhang pag-aaral, bakit niya sinasayang ang panahon niya sa paggawa ng gayung bagay gaya niyan? Sabi niya, sapagkat naniniwala siya na mayroon ngang isang Diyos. At si G. Dorsey ay nagsabi na, sabi niya, “Bata, ikaw ay maling mali, upang maniwala sa gayung bagay tulad niyan.”

¹¹⁸ At sinabi na ang munting batang babae ay yumuko at dumamput ng isang—isang maliit na bulaklak mula sa...mula sa lupa, hinila iyon mula sa mga talulot niyon, at nagsabi, “G. Dorsey, maari mo bang sabihin sa akin kung paano ito nabubuhay?”

¹¹⁹ Doon na nga. Nang magsimula siyang magsaliksik pabalik, nasabi sana niya sa bata, “Aba, ito’y tumutubo sa lupa.” At pagkatapos ang mga katanungan ay maaring bumalik muli, “Saan nagmula ang lupa? Paano napunta ang binhing iyan dito? Paano ito nangyari?” Tuloy, at patuloy, at patuloy, at inulit-ulit pabalik hanggang sa makita niya. Kita n’yo?

¹²⁰ Hindi ang dakila’t kaakit-akit na mga bagay na maiisip natin, kundi ito’y ang mga bagay na simple na tunay na kinaroroonan ng Diyos, ang kasimplehan. Kaya, nakalulugod sa Diyos na ihayag ang Kaniyang Sarili, at pagkatapos ay ikubli ang Kaniyang Sarili; pagkatapos ay ikubli ang Kaniyang sarili, at ihayag ang Kaniyang Sarili, sa simple, maliliit na mga bagay. Ito’y—ito’y nailagay lampas sa kaisipan ng tao.

Sapagkat, kung sasabihin ninyo, “Bakit gagawin ng isang Diyos na matuwid ang ganiyan?”

¹²¹ Sa dahilang ang tao ay ginawa, sa pasimula, hindi para subukang mamuhay mag-isa para sa kaniyang sarili. Ang tao ay ginawa upang lubusang umasa sa Diyos. Yan ang dahilang tayoy itinulad sa mga cordero, o tupa. Ang tupa ay hindi

mapangungunahan ang kaniyang sarili; kinakailangan niyang magkaroon ng tagapanguna. At ang Banal na Espiritu ay dapat manguna sa atin. Kaya, ang tao ay ginawa sa gayong paraan.

¹²² At ginawa ng Diyos ang lahat ng Kaniyang mga gawa na napaka-simple, upang ang simple ay makaunawa nito. At ginawa ng Diyos ang Kaniyang sarili na simple, kasama ng simple, upang maunawaan ng mga simple. Sa iba pa, sabi Niya, sa Isaias 35, palagay ko. Sabi Niya, “Maging ang mga mangmang, ay hindi mangaliligaw roon.” Ito’y napakasimple!

¹²³ At batid natin na ang Diyos ay napakadakila, hanggang sa inasahan natin itong maging isang dakilang bagay, at hindi natin nakita ang simpleng bagay. Tayo ay natisod sa kasimplehan. Iyan kung papano na hindi natin makita ang Diyos, ay sa pamamagitan ng pagkatisod sa kasimplehan. Napakasimple ng Diyos hanggang sa ang matatalino sa mga araw na ito, at lahat ng mga araw, ay hindi Siya nakita ng milyong mga milya. Dahil, sa kanilang mga katalinuhan, batid nila na walang anumang bagay na katulad Niya, napakadakila; subalit, sa Kaniyang kapahayagan, ginawa Niyang napakasimple na nalalampasan nila ito at hindi nakikita ito.

¹²⁴ Ngayon, pag-aralan Iyan. Pag-aralan Itong lahat. At kayong mga tao na dumadalaw rito, kapag kayo ay nagtungo sa mga silid ninyo sa motel, kunin ang mga bagay na iyon at pagbulay-bulayan ang mga iyon. Wala tayong sapat na panahon upang ipaliwanag natin Ito ng malinaw na gaya ng nararapat na Ito’y maipaliwanag ng malinaw, subalit nais kong gawin ninyo ito kapag kayo’y nakarating na sa motel, o hotel, o saan man kayo nanunuluyan, o sa tahanan. Magtipon sama-sama at pag-aralan Ito.

¹²⁵ Hindi Siya nakita sa paraan na ipinahahayag Niya ang Kaniyang Sarili; sapagka’t Siya ay napaka-dakila, gayon ma’y, ikinukubli ang Kaniyang Sarili sa kasimplehan, upang maipakilala ang Kaniyang Sarili sa pinaka-maliit. Kita n’yo? Huwag piling kunin ang dakila, sapagka’t nilalampasan Niya ito. Subalit pakinggan ang kasimplehan ng Diyos, at kung magkagayon matatagpuan ninyo ang Diyos dito mismo sa simpleng paraan.

¹²⁶ Matataas na pinag-aralan, makamundong karunungan, edukado, laging hindi Siya nakikita. Ngayon, hindi ako narito. . . At alam kong may mga guro ng paaralan, dalawa o tatlo, na kilala ko, nakaupo rito. At hindi ako naririto para salungatin ang paaralan at edukasyon, at sikaping itaguyod ang kamang-mangan. Hindi ako narito para diyan. Subalit, kung ano talaga, ang mga tao’y nag-ukol ng labis tungkol diyan hanggang sa sila’y, maging sa mga seminaryo at iba pa, hindi nila nakikita ang siyang bagay na inilagay ng Diyos sa harapan nila.

¹²⁷ Iyan ang dahilan na hindi ako laban sa mga kapatid na nasa denominasyon, subali't ako'y laban sa sistema ng mga denominasyon, sapagka't sinisikap nitong itaas ang sarili nito, at—at—at pag-aralin ang mga ministro nito sa *ganito-at-ganiyang* lugar, hanggang, kung sila'y walang wastong pag-aaral at edukasyon, aalisin sila. At—at kailangan silang pumasa sa pagsusuri ng isang espesyalista sa isip, at iba pa. Hindi ko inisip na ito'y kalooban ng Diyos na suriin ang isang ministro sa pamamagitan ng isang espesyalista sa isip, kundi ang suriin siya sa pamamagitan ng Salita. Kita n'yo? Ito—ito—ito ang magiging kaparaanan ng Diyos sa pagsusubok sa Kaniyang tao na isusugo Niya, ang taglayin ang Salita.

¹²⁸ “Ipangaral ang Salita!” Ngayon, sa ngayon ipinangangaral natin ang pilosopiya, ipinangangaral natin ang kredo at denominasyonismo, at napakaraming mga bagay, at iniiwang lubos ang Salita, dahil sinasabi nilang hindi Ito mauunawaan. Ito'y maaring maunawaan. Siya'y nangakong gagawin ito. Ngayon hinihiling natin sa Kaniya na gawin ito.

¹²⁹ Ngayon kukuha tayo ng ilang mga tauhan dito para sa ilang mga sandali.

¹³⁰ Pansinin natin sa mga araw ni Noe. Kaarawan ni Noe, nakita ng Diyos ang makamundong karunungan ay pinadakila't binigyang diin at pinahalagahan, nagpadala Siya ng isang simpleng mensahe sa pamamagitan ng isang simpleng tao, upang ipakita sa kanila ang Kaniyang kadakilaan.

¹³¹ Ngayon, alam natin na sa panahon ni—ni—ni Noe, inaangkin nila na ang sibilisasyon ay napaka-makapangyarihan, noon, na hindi pa tayo umabot sa dakong iyon, sa modernong sibilisasyon natin. At naniniwala ako na bandang huli ito ay maabot, sapagka't sinabi ng Panginoon natin, “At kung paano sa mga araw ni Noe, gayon din naman sa Pagparito ng Anak ng tao.” Nagbigay Siya ng ilang mga paglalarawan.

¹³² At itinayo nila ang piramide at ang sphinx doon sa Ehipto, at nagtayo sila ng napaka-laking mga bagay na wala tayong kapangyarihan, sa ngayon, na magtayo ng ganon. Mayroong silang isang—isang—isang pang-embalsamo, na makakapag-embalsamo sila ng isang katawan, upang gawin itong parang natural hanggang sa ito'y manatili pa rin ngayon. Hindi tayo makagawa. Hindi tayo makagawa ng momiya sa ngayon. Wala tayong kagamitan upang gawin ito. Mayroon silang mga kulay na—na kumakapit ng napakahigpit, sa loob ng apat o limang libong mga taon ang nakaraan, nananatili pa rin ito sa gayong kulay gaya ng dati. Kita n'yo? Wala tayong katulad niyon sa ngayon.

¹³³ At maraming mga dakilang bagay ng sibilisasyong iyon ay nangungusap tungkol sa kahigitan nito sa moderno nating sibilisasyon. At kaya maiisip ninyo kung paanong ang edukasyon

at siyensiya, ng gayong dakilang mga tanda na naiwan natin, na nagkaroon ng gayong sibilisasyon. Anong —anong dakilang sibilisasyon nga iyon talaga, buweno, ang mga ala-alang ito, kung paanong ang siyensiya iyan at—at modernong sibilisasyon at edukasyon ay—ay isang—isang kinakailangan sa mga tao. “Sila ay dapat na gayon. Ito’y dapat na gayon.” Wala halos ni anumang, palagay ko, anumang kamangmangan sa gitna nila, sa anumang paraan.

¹³⁴ At kaya, ang Diyos, ay naghahanap sa loob ng dakilang ekonomiya ng mga araw na iyon, sa kanilang mga sistema, hindi nakatagpo, marahil, ng isang tamang tipo ng tao, hanggang sa matagpuan Niya ang isang walang pinag-aralan, marahil, ay magsasaka na ang pangalan ay Noe, isang tagapag-alaga ng tupa. At ibinigay Niya sa kaniya ang Kaniyang mensahe upang ipangaral sa mga tao, na napakasimple, sa kanilang—kanilang mga karunungan sa mga araw na iyon, hanggang sa ang mga tao ay nangatisod sa kasimplehan ng mensahe. At, gayun pa man, ang mensahe noon ay, sa pananaw ng siyensiya, “Radikal! Paanong magkakaroon ng ulan doon sa himpapawid, kung wala namang ulan doon sa itaas?” Kita n’yo? At ang simpleng mensahe ng—ng pagtatayo ng daong, nagtatayo ng isang bagay na papasukan, na walang tubig para paglulutangan niyon. Bakit, siya’y naging isang panatiko. At siya ay naging isang—isang—isang—isang. . . na tinatawag natin na, kung ipagpapauumanhin ninyo ang kasabihan sa ngayon, isang “kakatwa tao.”

¹³⁵ At halos lahat ng mga tao ng Diyos ay “kakatwa,” kita n’yo. Sila nga. Ako’y nagagalak na maging isa sa kanila. Kaya, alam n’yo, sila—sila ay naiiba mula sa—sa modernong takbo ng sibilisasyon, kaya naging kakatwa siya, kakaiba. Sinabi Niya na ang Kaniyang mga tao ay “Isang bayang natatangi, kakatwa, kakaiba; subalit isang espirituwal na pagka-saserdote, isang maharlika ng bansa, naghahandog ng espirituwal na mga hain sa Diyos, ang mga bunga ng kanilang mga labi, nagbibigay kapurihan sa Kaniyang Pangalan.” Anong—anong mga tao! Sa Kaniya sila.

¹³⁶ At pansinin, ngayon, anong dakilang bagay na naganap noong mga araw na iyon, para sa isang panatiko na pumaroon sa iglesya; isang panatiko, at nangangaral ng isang ebanghelyo na wari baga’y lahat ay wala sa linya, sa nakagawian nilang paniniwala. At mga siyentipiko, “Bakit, ito—ito’y talagang kahibangan.” Kung paano nila nagawa sa maka-siyensiyang pagpapatunay na walang ulan doon!

¹³⁷ Subalit itong simpleng tagapangalaga ng tupa ay sumampalataya, “Kung sinabi ng Diyos na uulan, uulan nga.” Kita n’yo?

¹³⁸ At kaya ikumpara lamang iyan sa ngayon, tungkol sa isang tao na gumaling. Sinasabi nilang, “Ito’y emosyon lamang.

Magagawa kong patunayan sa inyo sa maka-siyensiyang paraan na ang kanser, o ang sangkap, o—o—o ang bagay ay naroroon pa rin.” Subalit, sa simpleng mananampalataya, ito’y wala na. Kita n’yo? Dahil, hindi siya tumitingin doon sa materyal, tumitingin siya roon sa pangako, kagaya ng ginawa rin ni Noe.

¹³⁹ Kaya hindi n’yo ba nakikita, “At kung paano sa mga araw ni Noe, ay gayon din naman ang Pagparito ng Anak ng tao?”

¹⁴⁰ Maka-siyensiya, walang isang... Ang doktor ay maaaring magsabing, “Tumingin dito, ang bukol mo ay naroon pa rin. Ang kanser mo ay nananatili. Ang braso mo ay kasing lumpo pa rin ng dati. Ikaw ay hibang.”

¹⁴¹ At, alalahanin, iya’y ang siya ring espiritu mula sa mga araw ni Noe, na nagsabing, “Walang ulan sa itaas doon. Maari naming patamaan ang buwan ng mga instrumento, at walang ulan doon.” Subalit kung sinabi ng Diyos magkakaroon ng ulan doon!

¹⁴² “Sapagkat ang pananampalataya ay ang katunayan ng mga bagay na hinihintay, ang katibayan ng mga bagay na hindi nakikita.” At ang pananampalataya ay kumukuha ng huli nitong dakong pahingahan sa Salita ng Diyos. Doon ay kung saan nito masusumpungan ang dakong pahingahan nito. Nauunawaan ninyo? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang dakong pahingahan nito ay sa Salita ng Diyos.

¹⁴³ Iya’y kung saan nanangan si Noe, “Sinabi nga ng Diyos.” Iyan ang nagpasya nito. Ngayon kung napansin ninyo muli, noon, ngayon, si Noe, sa paniniwala ng gayun, ay naging isang panatiko.

¹⁴⁴ At ang mga tao sa ngayon na sumasampalataya sa pagbabautismo ng Banal na Espiritu. Ngayon, sinasabi ng iglesya, “Ang mga taong ito ay mga panatiko. Sila’y walang iba kundi isang lipon ng mga gawa-gawa, emosyonal, magugulating mga tao.” Subalit kaunti ang nalalaman nila na itinuturo iyan ng Salita ng Diyos. Ito’y isang pangako.

¹⁴⁵ At, kay Noe, anupaman ang sabihin nila, “Ang matandang lalaki ay wala sa kaniyang wastong kaisipan; na sa maka-agham siya ay mali; at—at—at, sa pag-iisip, siya ay mali.” Subalit, kay Noe, iyon ay ang Salita ng Panginoon, at si Noe ay nanatili roon. At ang matatalino at pantas ay nangatisod sa kasimplehan nito, at napahamak ang kanilang pagkatao. Anong isang—isang—isang pagsaway ngayon, ito’y gayon, sa salinlahing iyon!

¹⁴⁶ Maraming mga tao ay nagsasabi, “Kung ako’y nabuhay sa panahong iyon noon!” Hindi, gagawin mo rin ang gayon ding asal. Dahil, sa ngayon, ang gayon ding bagay ay muling ginawa sa ngayon, sa ibang anyo lamang, natisod sila Dito sa ngayon katulad lamang ng ginawa nila noon.

¹⁴⁷ Walang alinlangan, sa mga araw na iyon, marami silang mga mangangaral, subalit si Noe ay kinasihan ng Diyos. At si Noe ay

nakatitingin sa labas at nakikita yaong kung ano ang takdang magaganap, at alam na ang isang mapangalunya at masamang salinlahi, katulad niyon, na hindi pahihintulutan ng Diyos na makapanatili. Kaya ano ang magagawa natin, sa ngayon, kundi ang makita ang gayon ding bagay! Isang modernong Sodoma at Gomorra, kita n'yo, masama, mapangalunyang mga tao, napaka-talino sa pag-aaral na sila'y natisod sa kasimplehan ng pagpapahayag ng Diyos sa Kaniyang Katauhan at Kaniyang Salita, ipinapakita ang Kaniyang Salita.

148 Walang isa mang tao sa mundo, si Rosella, na...o, at— at makapagsasabi na—na hindi natin nakitang sumasaatin ang mismong Salita ng Diyos na nahayag. Ang mismong pangako sa huling mga araw, ang mismong panggabing mga Liwanag na magniningning, tayo ay mga maprebilehiyong mga tao upang makita iyon. At, kung saan, ang napakatalinong mundo, ito'y itinago mula sa kanila. Sinabi ni Jesus sa Diyos, ang Ama, sabi Niya, “Ito'y nakalugod sa Iyo na itago ito mula sa kanila. Gayon nga, Ama, Iyong itinago ito.” Hayaan sila, sa kanilang karunungan...

149 Nakita ninyo, ito noon ay ang karunungan na nagpasimula sa paggulong ng bola sa putikan ng kasalanan, doon sa pasimula; sapagkat si Eva ay naghahanap ng karunungan nang makatagpo niya si Satanas, at ibinigay iyon ni Satanas sa kaniya, kita n'yo. At ang karunungan ay salungat sa Salita. Hindi hiniling sa atin ang magkaroon ng karunungan. Hiniling sa atin na magkaroon ng pananampalataya sa kung ano na ang nasabi. Kaya, kita n'yo? Subalit, ngayon, ang mga matatalino ay pinagaganda Ito sa gayong paraan, at inilalagay Ito sa dako roon, inilagay ang sarili nilang pagpapaliwanag Dito, laging ganoon. Ginagawa nila ang gayon ding bagay sa ngayon; ito'y nasa ganoon ding sukat. Ngayon, ang mga tao, subalit ang...

150 O, mga tao noon ay hindi nakita ito, gaya rin na hindi nila nakita ito at ginawa ito sa ngayon. Gayon ding bagay. Ginawa nila ang gayon ding bagay. Dahil, sila...Sapagka't ang dahilan na hindi nila nakita ito, dahil sila'y masyadong matalino para paniwalaan ito. Kita n'yo? Ngayon, ang mensahe ay napaka-simple, na ang matatalino ay masyadong matalino para maniwala sa kasimplehan ng mensahe. Oh, naku! Ginawa ito ng Diyos na napaka-simple, sa Katotohanan, na ang mga matatalino at marurunong ay di-nagawang makita ito, sapagkat ito'y napaka-simple. Buweno, iyan ang gumagawa sa kadakilaan ng Diyos na napaka-dakila; sapagkat, bilang ang pinaka-dakila, ang makagagawa sa Kaniyang Sarili na simple.

151 Ang mga tao sa ngayon, ay ipinapakita na sila'y hindi sa Diyos, sila ay dakila at nagsisikap na maging dakila, at ipinahahayag ang kanilang mga sarili na mga dakila, at, “Dakilang Obispo, Doktor Banal na Papa,” lahat ng bagay, ginagawa ang mga sarili nila na isang bagay na hindi

naman talagang sila. At ang Diyos, bilang napaka-dakila, ibinababa ang sarili Niya sa kasimplehan. Ang kasimplehan ay kadakilaan.

¹⁵² Makakagawa tayo ng isang jet na eroplano, magagawa nating magpalipad ng isang rocket patungo sa...sa...o maglagay ng isang—isang—isang missile sa kalawakan. At magagawa natin ang lahat ng mga bagay na ito, gayon pa man, subalit hindi tayo makagawa ng isang dahon ng damo. Uh-huh. Amen. Paano ang tungkol diyan? Subalit sa halip na sikapin na makapanumbalik at makita kung ano ang gumagawa sa damong iyon, at tinatanggap ang mismong Diyos na lumikha ng damo, pinagsisikapan nating makapagtayo ng isang missile na makararating doon ng mas mabilis kaysa sa iba na magagawa ng isang tao. Kita n'yo?

¹⁵³ Masyado tayong matatalino at intelektuwal, sa mga simbahan natin, hanggang sa tayo'y nakapagtatayo ng isang milyong-dolyar na gusali, o isang sampung-milyong-dolyar na gusali, subalit, gayon pa man, at nagsisikap na magtayo ng isang mas mainam kaysa sa Metodista, o ang Baptist ay magtatayo ng isang mas mainam kaysa sa mga Presbetaryo, at ang Pentekostal ay sumali sa karerahan. Subalit ang bagay na iyon ay, ay ito; tayo ay, gayon pa man, napakatalino natin at talagang nakahanda na sa mga paraan natin hanggang sa nabigo tayo na ipakumbaba ang mga sarili natin upang mapag-unawa ang Diyos na nasa munting misyon sa isang sulok. Kita n'yo? Iya'y tama. Buweno, iya'y, natitisod tayo sa kasimplehan. Madalas nilang gawin ito.

¹⁵⁴ Ngayon, sila, sila ay mga—sila ay mga masyadong matatalino upang maniwala sa gayong isang simpleng mensahe. Hindi iyon sapat na maganda para sa maka-siyentipikong nilang pananaliksik na mayroon sila. Ito'y hindi—ito'y hindi matalino, ang mensahe ay hindi sapat, para sa programa nilang pang-edukasyon na mayroon sila nang mga araw na iyon. Kita n'yo? Sila ay nagsipag-aral upang malaman na mayroon ngang isang Diyos, at nagsipag-aral na malaman na nga Siya ay dakila, at pinilit nila na itayo ang kanilang mga sarili na dakila kasama Niya. Samantalang, ang daan paitaas ay laging pababa.

¹⁵⁵ Ngayon, sinong nakakaalam kung ang Polong Hilaga ay ang Hilaga nga, o ang Polong Timog ay ang Hilaga; o ang Polong Hilaga ay ang Timog, ang Polong Timog ang Hilaga? Alin ang paitaas at alin ang paibaba? Nakabitin tayo sa kalawakan. Sinasabi natin, “Ang Polong Hilaga ay paitaas.” Paano ninyo nalaman? Polong Timog ay maaring Hilaga. Kita n'yo, hindi n'yo alam. Kaya alalahanin natin, at ang Salitang ito . . .

¹⁵⁶ Sabi, “Kung gayon paano mo sasabihin, Kapatid na Branham, na, ‘Paitaas ay pababa?’”

¹⁵⁷ Batay roon sa Salita ni Jesus Cristo! Sabi Niya, “Siya na nagpapakumbaba sa kaniyang sarili ay itataas, subalit siya na

nagtataas sa kaniyang sarili ay ibababa, maibaba.” Kaya kung gayon, talagang, paitaas ay pababa, at pababa ay paitaas.

¹⁵⁸ Gaya ng sinabi ng matandang santo sa Chicago, na . . . Isang lalaki, isang kilalang ministro na mula sa isang organisasyon, tumayo sa harapan ng ilang mga Pentekostal. Taglay niya lahat ng intelektuwal niyang mga bagay. Tumayo siya roon at gumamit ng mga salita na ang mga Pentekostal ay walang anumang nalalaman, at siya ay tumayo roon, at nakita niyang ito’y hindi napag-uunawa ng mga taong Pentekostal. At umakyat siya, na nakaliyad ang kaniyang dibdib, at siya ay isang “Banal na Doktor na *Ganito-at-ganiyan*,” alam n’yo, mula sa *isang—isang* malaking paaralan doon sa Chicago. At tumingin siya sa paligid, at silang mga Pentekostal ay nagtinginan sa isa’t-isa. Ni hindi nila nalalaman kung tungkol sa ano ang sinasabi niya; napakaedukado niya, napakadunong, matalino. Hindi nila alam.

¹⁵⁹ Ito ay isang bagay na tulad sa isang kilalang senador, o isang tao na lumaban sa halalan kamakailan lamang para presidente at natalo. Si Tuck Coots ay nagsabi sa akin. Nang nangangaral ako sa libing ni Mama Ford, at sinasabi ang tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, ang garantiya ng pagkabuhay na mag-uli, “Gaya lamang ng tiyak na pagsikat ng araw, gayon din ako ay babangon. Gaya lamang ng tiyak na pagkamatay ng damo sa Taglagas, at ang dahon ay nalalaglag mula sa puno, ito’y bumabalik muli. Kapag ang lupa ay itinama ang sarili nito paikot sa orbito, kailangan nitong bumangon muli.”

¹⁶⁰ Sabi ni Tuck, “Ako’y nagpasalamat sa Mensaheng iyan, Billy.” Si Kapatid na Neville at ako ay nakaupong magkasama sa kotse. At sabi ko, “Tuck. . .” Sabi niya, “Ako’y nagpapasalamat sa iyong mga Mensahe.”

Sabi ko, “Tuck, wala akong edukasyon,” sabi ko.

Ang sabi niya, “Iyan ang mabuting bahagi tungkol diyan.” Kita n’yo?

¹⁶¹ At, ngayon, sabi niya siya’y nagtungo upang makita. . . Buweno, palagay ko patawarin ako ng lalaki, Hindi ko hangad. . . si Adlai Stevenson, alam n’yo. At sabi niya napakinggan niya siya ng labinlimang minuto. At si G. Stevenson ay isang napaka-galing na tagapagsalita, dapat sana, alam n’yo, hanggang sa sinabi ni Tuck. . . Palagay ko siya’y nagtapos ng kolehiyo. Sinabi niyang nakaupo siya roon at nakatulog. At sabi nakatulog siya, sa pakikinig sa kaniya, sa loob ng labinlimang minuto. Subalit sabi, “Taglay ang kolehiyong edukasyon, hindi ko maintindihan kundi ilang mga salita na sinabi niya; iyon ay napakataas na karunungan.” Sabi niya, “Hindi mo ako nakitang natutulog sa isa man sa iyong mga gawain, nakita mo ba, Kapatid na Branham?”

162 Kaya, kita n'yo, ito ay ang kasimplehan Nito, simple lang, diyan kung saan naroon ang Diyos.

163 Ngayon, sila ay mga—sila ay mga napakatalino, nang araw na iyon, upang maunawaan ang kahulugan ng simpleng paraan ng Diyos sa paggawa ng mga bagay. Ito'y hindi naging maganda para sa kanila. Kailangan itong maging maganda, Ito'y kailangang maging mataas na pagkatubog sa magandang kulay, o hindi nila makita ito. Ngayon, subalit, ang dakilang Jehova ay naitago sa Kaniyang Salita. At ipinakilala Niya ang Kaniyang Sarili sa mga tao na sumampalataya sa Kaniyang Salita, sa pamamagitan ng pagliligtas sa kanila, at sa pagsasa-katuparan ng simpleng mensahe. Ang simpleng mensahe ni Noe, tinupad ito ng Diyos. Ngayon pansinin iyan.

164 Ngayon, pagkatapos, muli nang kaarawan ni Moises, pansinin ang ibang panahon ng pagpapalaya.

165 Nang ang Diyos ay nalalapit na gumawa ng isang bagay upang palayain ang Kaniyang bayan, ang Diyos ay nagpadala ng isang Mensahe sa mga tao. At, Ito'y napakasimple, gaya sa mauunawaan natin sa pagbubukas sa mga Tatak na ito. Iyan ang layunin ko sa pangangaral nito muna. Na, nasumpungan natin na ang pagbubukas sa mga Tatak na iyon ay napakasimple, ang—ang—ang matalino ay hindi makita Ito, isang milyong mga milya. Kita n'yo? Ako'y umaasa na papahiran ako ng Diyos para Dito. Kita n'yo? Kita n'yo? Ito'y lumalampas lamang. At iyan ang dahilan na naisip ko ang Mensaheng ito, ngayong umaga, ay magiging angkop, upang maglagay ng isang pundasyon, hinggil sa kasimplehan ng Diyos, kita n'yo, kung papaanong ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa kasimplehan.

166 Isipin lamang, napaghihiwalay nila ang mga atomo at nagagawa ang lahat ng iba pang bagay; subalit pagdating tungkol sa buhay, ni hindi nila masabi kung saan ito nagmula. Isang simpleng dahon ng damo, at ang Diyos ay nakatago sa loob nito. Nakapagpapalipad sila ng isang rocket patungo sa buwan, at—at magpatudla ng isang radar sa dako roon, o maging anupaman, at gayunpaman ay hindi magawang ipaliwanag ang buhay sa isang dahon ng damo. Iya'y tama. Kita n'yo? Ito'y dahil ito ay hindi maaaring ipaliwanag. Ito'y napakasimple, di nila nakita iyon.

167 Ngayon pansinin si Moises, sa araw na ang Diyos ay palalayain ang mga anak ni Israel, ayon sa Kaniyang Salita. Siya, ano ang ginawa Niya? Pinili Niya ang isang simpleng pamilya. Wala tayong talaan tungkol sa kanila. Kita n'yo, “isa lamang anak ni Levi,” ang tanging alam natin. Kita n'yo? At kaya tayo...at ang kaniyang asawa. Isa lamang karaniwan, marahil ay isang—isang manggagawa sa putikan, gaya ng iisipin ng sanlibutan, naroon gumagawa ng laryo para sa kaaway. Isa lamang siyang karaniwang alipin sa Israel, subali't pinili ng

Diyos ang pamilyang iyon upang pagmulan ng tagapagalaya; isa lamang karaniwang pamilyang Hudyo. Hindi Siya pumaroon at kumuha ng maharlika at tanyag, o anuman, o kumuha maging isa mang pari. Kumuha Siya ng isang karaniwan, pangkaraniwang pamilya. Kita n'yo? Kasimplehan! Pansinin kung ano ang ginawa Niya, noon, nagpalabas Siya ng isang bata, isang simpleng tao. Siya'y hindi . . .

¹⁶⁸ Maaari Niyang—Maaari Niyang italaga ang araw, kung ginusto Niya ang gayon, upang palayain sila. Maari Niyang italaga ang hangin upang palayain sila. Maaaring Niyang italaga ang isang Anghel upang palayain sila. Oh, aleluyah! Magagawa ng Diyos ang anumang nais Niyang gawin.

“Buweno, papaano mo nalaman iyan, Kapatid na Branham?”

¹⁶⁹ Hindi iiwanan ng Diyos ang programa Niya. Iyan ang dahilang alam natin na, sa araw na ito, Ito'y kailangang maging simple. Nakita n'yo? Ngayon, Siya ay laging gumagawa sa kasimplehan. Subali't ang Diyos, sa pasimula, na maaaring magawa ang araw na ipangaral ang Ebanghelyo, o ang mga hangin na ipangaral ang Ebanghelyo, o isang Anghel na ipangaral ang Ebanghelyo, subali't itinalaga Niya ang mga kalalakihan para sa ganoong layunin, at hindi Niya kailanman binabago ito. Hindi Siya nagtalaga roon sa . . . Hindi Niya itinalaga ang mga denominasyon. Hindi Niya itinalaga ang mga pangkat ng mga kalalakihan. Itinalaga Niya ay mga tao upang ipangaral ang Ebanghelyo; hindi makinarya, kagamitang pangmakina, o alinmang maka-Anghel na katauhan. Ito'y tao!

¹⁷⁰ At nang dalhin Niya ang pagpapalaya sa mga tao roon, isinugo Niya ang isang simpleng tao, isinilang mula sa isang simpleng pamilya mula sa lupon ng mga alipin. Oh, naku! Anong Diyos nga Siya, inilalantad ang Kaniyang Sarili sa kasimplehan.

¹⁷¹ Ngayon pansinin. At hinayaan Niya siyang masanay sa makamundong karunungan, upang sa gayon siya'y mabigo, at maipakita na hindi ang karunungan ang magiging paraan upang tayo'y mapalaya. Ito'y sa pamamagitan ng pananampalataya na tayo'y napalaya. Pinahintulutan Niya siyang pumasok at kumuha ng isang mataas na edukasyon hanggang sa maturuan niya ang mga taga-Ehipto ng karunungan; siya'y naging napakatalino. Ang Diyos ay kasama ng simpleng pamilyang iyon na maaaring, marahil, siguro ay hindi maisulat ang kanilang pangalan. At si Moises ay nadala roon sa pinakamataas na pag-aaral, kasama ang isang ganoong dakilang edukasyon, hanggang sa magawang makaituro ang karunungan sa mga guro. Matuturuan Niya ang mga dalubhasa. Oo. At ang Diyos ay pinahintulutan siya na makarating sa gayong paraan upang magawa Niyang maipakita ang Kaniyang sarili sa kababaang loob, upang ipakita na ang karunungan ay walang anumang

kinalaman doon. At si Moises ay miserableng nabigo sa kaniyang pagkadalubhasa. Hinayaan Niya siyang makarating sa gayong paraan para sa Kaniyang layunin, upang siya'y mabigo. At siya'y nabigo, at siya'y nahulog.

¹⁷² Kaya, upang ipakita, “Hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, hindi sa lakas,” subalit hindi rin sa karunungan ng Ehipto, hindi sa karunungan ng mga paaralan natin, hindi sa kapangyarihan ng mga seminaryo natin, subalit hindi sa pamamagitan ng laki ng mga organisasyon natin, hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng napakatalinong pagtuturo natin, “kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu, sabi ng Diyos.” Ang kaniyang karunungan ay naglaho at ang naging wakas nito, nang kaniyang nakatagpo ang Diyos doon sa halamang nagniningas sa apoy. Inalis niya ang kaniyang panyapak at ipinakumbaba ang kaniyang sarili sa kababaang-loob, at kinalimutan lahat ang tungkol sa kaniyang karunungan.

¹⁷³ Ang Diyos, naghahatid ng pagpapalaya, kailangan siyang sanayin sa karunungan, upang hayaan siyang mahulog, upang ipakita na hindi kayo maaaring magtiwala sa bisig ng sarili mong kaunawaan, o pang-unawa ng sinupamang iba. Hayaan siyang mahulog, upang ipakita ang Kaniyang Kamay. Nakikita ba ninyo ito? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang layunin ng Diyos sa paggawa ng gayon, ay upang ipakita ang Kaniyang Sarili sa kababaang loob. At hinayaan Niya si Moises ay maging pinakamataas, hanggang sa siya ay maging—siya ay maging kasunod na paraon. Siya ay isang makapangyarihang heneral. Ayon sa kasaysayan, sinakop niya, si Moises mismo, ang mga bansa sa palibot. At pagkatapos nang siya ay bumaling sa gawain ng Panginoon, kasama ang lahat ng kaniyang talento, hinayaan siya ng Diyos na lumagpak na una ang ulo, upang sa gayo'y madala Niya siya roon sa disyerto at alisin lahat iyon mula sa kaniya; at pagkatapos magpakita sa kaniya, sa kababaang-loob, at isugo siya na may isang tungkod sa kaniyang kamay, upang palayain ang mga tao.

¹⁷⁴ Samantalang, hindi niya nakayang gawin iyan sa pamamagitan ng isang militar na pagsasanay, sa pamamagitan ng isang edukasyon, sa pamamagitan ng isang maka-siyentipikong edukasyon. At sa pamamagitan ng isang puwersang militar hindi niya nakayang gawin ito. At binigyan Niya siya ng isang lumang baluktot na tungkod mula sa disyerto, at ginawa Niya iyon na kasama niya. Ang Diyos sa kababaang-loob, kasimplehan! Ang Diyos ay nasa tungkod at nakay Moises. At habang hawak ni Moises ang tungkod, kung gayo'y hawak iyan ng Diyos, sapagkat ang Diyos ay nakay Moises. Tiyak.

¹⁷⁵ Pansinin, “Hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, o sa pamamagitan—pamamagitan ng lakas, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu.” Kundi sa pamamagitan ng simpleng pananampalataya!

176 Si Moises ay mayroong kaunawaan na siya ang magiging tagapagpalaya, mula sa pagtuturo ng kaniyang ina. At sinanay niya ang kaniyang sarili sa militar na lakas, upang gawin ang gayon, subalit ito ay nabigo. Kita n'yo? Mayroong siyang kaunawaan, mayroon siyang edukasyon, subalit iyon ay hindi gumana. Kaya kailangan niyang kalimutan lahat ito, at dumako sa simpleng bagay na pagtiwalaan ang Diyos sa Kaniyang Salita, at pagkatapos pinalaya niya ang mga tao. Opo, ginoo.

177 Ang Diyos ay nagpapalaya sa pamamagitan ng (ano?) pananampalataya sa Kaniyang Salita. Palaging ganiyan ang nagaganap. Maaari nating tingnan kung may oras tayo. Mayroon tayong mga dalawampung minuto pa. Tayo ay may . . .

178 Maaari tayong tumingin—tumingin kay Cain at Abel, kung papaano na—na sinikap ni Cain na malugod ang Diyos sa pamamagitan ng ilang kagandahan.

179 Iba pang paraan, ang mga tao ay nag-iisip, “Sa pamamagitan—sa pamamagitan ng dakila, mga kongregasyong madaramtan ng mainam, sa pamamagitan ng isang pari kasama—kasama . . . mga ministrong nadaramtan ng mahabang damit, at mga koro na nadaramtan ng mahaba, at lahat ng—ng palamuti, na lumulugod sa Diyos.” Nakikita ba ninyo kung saan ito nagmula? Sinubukan ni Cain ang gayon ding bagay. At ipinagtayo niya siya ng isang altar, walang alinlangan na ginawa niya itong maganda.

180 At ang tao ay sinsero. Siya ay sumamba. Naisip niya, “Hangga't ako'y sinsero, wala itong anumang pinagkaiba.” Ito ay may pinagkaiba. Maari kayong maging sinserong mali.

181 Pansinin, siya—itinayo niya ang altar na ito at siya, parang ganoon, naglagay ng mga bulaklak at inayos itong maigi, at naglagay ng magagandang prutas, at inisip, “Tiyak, ang isang dakila, banal, malinis, kaaya-ayang Diyos ay tatanggapin ang handog na iyan.” Subalit, kita n'yo, ginawa niya iyon sa kaniyang sariling karunungan. Ginawa niya iyan sa pamamagitan ng kaniyang sariling mga kaisipan.

182 At iya'y kung ano ito sa ngayon. Siya—siya . . . Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng kanilang sariling karunungan, sa pamamagitan ng kanilang pag-aaral, sa pamamagitan ng kanilang edukasyon at mga tuntunin na kanilang natutunan.

183 “Subalit si Abel, sa pamamagitan ng kaphahayagan, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay naghandog sa Diyos ng isang lalong mabuting hain.” Walang anumang kalinisan tungkol doon, sa tingin, sa makataong pangungusap. Ang munting nilalang, at sinusunggaban siya sa may leeg at tinatalian ng baging sa palibot niya, gaya *niyan*, at hilahin siya papunta sa altar na ito. Walang anumang napaka-ganda tungkol dito. Ilalpag siya sa ibabaw ng altar, at lalalasin ang munti niyang lalamunan ng isang—isang matalim na bato, hanggang sa ang

kaniyang dugo'y magtilamsikan sa kaniya, at siya'y umuungal, naghisingalo. Ito'y isang kahindik-hindik na tanawin, kita n'yo, na tingnan iyon. Ito ay simple, gayunman.

¹⁸⁴ Sa kasimplehan, alam niya na siya'y ipinanganak sa dugo ng kaniyang ina at ama, ipinanganak sa dugo ng kaniyang ina, sa pamamagitan ng dugo ng kaniyang ama; at ang dugo ang naging sanhi ng pagkahulog, kaya't ang dugo ang makapagsasauli nito pabalik. "Kaya naghandog siya sa Diyos ng lalong mabuting hain, pagka't ito ay naipahayag sa kaniya."

¹⁸⁵ At ilan sa mga kapatid, sa ngayon, na nag-aakala na kumain sila ng mga mansanas at mga peras! At nakita ko ang pinaka-radikal na bagay noong isang araw, sa pahayagan. Sabi nila, "Ngayon napatunayan nila na hindi mansanas ang kinain ni Eva." Na, ako—palagay ko ay inaangkin nilang, "Ito nga ay isang aprikot." Kaya, oh, kita n'yo kung saan galing ang espiritung iyan!

¹⁸⁶ At sabi nila, na, "Si Moises ay hindi talaga tumawid sa Pulang Dagat. Na, ito ay isang—isang kumpol ng mga tambo sa dako roon, isang dagat ng mga tambo. At inilabas niya ang mga anak ni Israel patawid sa dagat ng mga tambo. Patawid sa dulo ng—ng dagat, mayroong isang malaking kumpol ng mga tambo roon. At tinawid ni Moises ang dagat, subalit ito'y isang dagat ng mga tambo na tinawid niya; alam n'yo, damo, mataas, tulad ng mga *tules* at mga bagay, na tumawid siya roon." Gaano katawa-tawa!

¹⁸⁷ Samantalang, "Ang tubig," ang sabi ng Biblia, "ay humiwalay mula sa kanan at kaliwa, at ang Diyos ay lumikha ng isang—isang malakas na hanging silangan upang magpahiwalay." Kita n'yo? Kita n'yo?

¹⁸⁸ Sila, nais nilang pilitin na maunawaan ito sa sarili nilang paraan. At sa ganiyang paraan sila laging nabibigo, at sila'y patuloy na mabibigo. Alam n'yo, lahat ng mga bagay na ito!

¹⁸⁹ At si Cain nga ang mismong tipo ng taong may kaisipang karnal sa ngayon, na isang relihiyoso sa panlabas. Nais niyang gumawa ng isang bagay sa panlabas, subalit siya'y isang . . . Siya ay nagpupunta sa simbahan, at—at gagawa siya ng maraming bagay para sa—sa gusali.

Mayroon lamang isang Iglesia, at hindi ninyo Iyan aaniban.

¹⁹⁰ Ang mga ito ay mga pahingahan. Kita n'yo? Aanib kayo sa pahingahang Metodista, ang pahingahang Baptist, ang pahingahang Presbitaryan, ang pahingahang Pentekostal.

Subalit kayo'y ipinanganak papasok sa Iglesia. Opo, ginoo. Kita n'yo?

¹⁹¹ Lahat ng mga ito ay mga pahingahan. Hindi ito mga iglesya. Sila ay mga pahingahan. At walang anomang gayong bagay na gaya ng "iglesyang" Metodista, o "iglesyang" Pentekostal.

Hindi, walang anumang gayong bagay. Wala, lahat iyan ay mali. Kita n'yo? Sila'y. . . Iya'y tama. Sila, sila'y mga pahingahan na inaaniban ng mga tao.

¹⁹² Subalit kayo ay ipinanganak sa loob ng Iglesya ng buhay na Diyos, at iyan ang makalangit na Katawan ng Panginoong Jesus Cristo na binuo.

¹⁹³ Ngayon, subalit, ito'y nakalugod sa Diyos na ipahayag ang Kaniyang lihim kay Abel, sa pamamagitan ng simpleng pananampalataya sa nabubong dugo. Oh, hangad ko na sana'y mayroon akong panahon upang manatili riyon ng mas mahaba ng kaunti. Kita n'yo?

¹⁹⁴ Gayun pa man, at si Cain, na taglay lahat ng kaniyang karunungan, ang matalinong tao! "Oh," sasabihin ninyo, "ngayon, Kapatid na Branham, sabi mo siya. . . Pinipilit mong gawin siya na ang edukadong dalubhasa?" Siya nga. Siya ang matalino? Sundan ang kaniyang-sundan ang kaniyang lahi. Tingnan ang mga anak niya. Bawat isa sa kanila ay mga siyentipiko, at mga doktor, at matalinong tao, bawat isa.

¹⁹⁵ Subalit, sundan ninyo ang salinlahi ni Set, sila ay mga mapagpakumbaba, mga magbubukid, at mga magsasaka, at iba pa, patungo sa pagkagunaw.

¹⁹⁶ Subalit ang mga anak ni Cain ay ang matatalino, marunong na grupo. Kanila pa nga, inaangkin nilang, makakayang palambutin ang tanso, at sila'y gumagawa ng mga bakal; at mga tagapagtayo. At sila'y matalinong tao.

¹⁹⁷ Samantalang—samantalang, itong ibang mga tao ay nakatira lamang sa mga tolda, at nagpastol ng kanilang tupa, at umasa sa mga pangako ng Diyos. Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo kung ano iyon noon? Ngayon sundan lang ang sali't-saling lahi pababa, at tingnan kung iyan ay hindi tama. Kita n'yo? Sila ay nanangan sa pangako ng Diyos.

¹⁹⁸ Iya'y kung papaano napili si Noe, mula sa gayong uri ng tao. Iyan kung papaano kinuha palabas si Pablo mula sa kaniyang kawan. Kita n'yo? Iya'y kung papaano, si John Wesley, Martin Luther, at ano pa. Iya'y kung papaano kayo nakarating sa kung ano kayo ngayon, kita n'yo, ang gayon ding bagay, mapagpakumbaba, upang sampalatayanan ang simpleng pangako ng Diyos.

¹⁹⁹ Ngayon, pansinin, ito ay nakalugod sa Diyos na—na maipakilala. Ngayon, ang Diyos ay laging magpapatunay kung ito nga ang Katotohanan o hindi. Kita n'yo? Ngayon, maraming mga tao ang pinipilit na ikilos ang sarili nila sa isang bagay na ang Diyos ay nananatili ng milyung-milyong milya ang layo mula roon. Iya'y tama. Subalit kapag nakita ninyo na ang Diyos ay umikot pabalik, sabihin Ito'y. . . sang-ayunan Ito, sabihin, "*Iya'y* tama, *Iya'y* tama, *Iya'y* tama," kung gayon alam ninyong Iya'y totoo.

200 Ngayon, nang ang mga handog ay nasa dambana na, tinanggihan ng Diyos ang intelektuwal niyang pagkaunawa sa Diyos. Subalit nang makita Niya si Abel, sa pamamagitan ng simpleng pananampalataya upang sampalatayanan na ito ay hindi mga mansanas o mga prutas ng bukirin, kundi ito ay ang dugo; sa pamamagitan ng pananampalataya sinampalatayan niya ito, sa pamamagitan ng kapahayagan mula sa Diyos. Pinatunayan ng Diyos si Adam sa pamamagitan ng pagtanggap sa kaniyang hain. Kita n'yo?

201 Iya'y kung saan iniisip natin ang pananalangin para sa may sakit, anupamang ibang bagay. Sabi ni Jesus, "Kung kayo ay magsisipanatili sa Akin, at ang Aking Salita sa inyo, hingin lamang anomang inyong naisin at ito ay gagawin sa inyo."

202 Ngayon habang nagpapatuloy tayo, madali ngayon, mga dalawampung minuto pa tayo.

203 Pansinin, sa kaarawan ni Elias, pinili ng Diyos na ikubli ang Kaniyang Sarili sa isang simpleng tao. Ngayon isipin lamang iyon. Pinili ng Diyos. Iyan ang Kaniyang pagpipili. Alalahanin, mayroon silang mga rabi, mga sasaerdote. Mayroon silang mga dakilang tao nang mga araw na iyon. Maging si Haring Ahab, mismo, ay isang Hudyo. Mayroon siyang mga dakilang mga tao sa lupain, nang mga araw na iyon. Subalit ikinubli ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa isang simpleng tao; hindi isang iskolar; hindi, hindi isang tanyag na tao ng sanlibutan, isang dakilang dalubhasang militar o isang bagay; hindi, walang kilalang pangalan. Ni hindi pa nga natin alam kung sino ang kaniyang ama at ina. Wala tayong anumang nalalaman tungkol sa kaniyang tala-angkanan. Isang karaniwan lamang na matandang magsasaka kung saan, na ibinangon para sa layuning maging isang propeta. Hinayaan siya ng Diyos na mamumuhay sa kaniyang sarili roon sa ilang. Tanging bagay na ating nalaman, lumabas siya agad mula kung saan, lumakad doon mismo at hinatulan ang buong pangsimbahang sistema. Naku!

204 At alam n'yo kung ano ang inisip nila tungkol sa kaniya? "Anong paaralan ang pinanggalingan niya?" Kita n'yo? "Anong denominasyon siya kasama? Siya ba'y kasama ng mga Pariseo, mga Saduceo," o anupamang mayroon sila? Siya ay hindi kabilang sa alinman sa kanila, subalit hinatulan niya ang kabuuang bagay. Kita n'yo? Pinili ng Diyos na gawin iyan.

205 Subalit, isang simpleng tao, walang edukasyon. Wala tayong lugar kung saan siya kailanman nagtungo sa paaralan. Wala tayong anuman tungkol sa kaniya. Isa lamang simpleng tao, subalit ang Diyos ay nalugod na magkubli sa gayong simpleng tao. Ang Diyos, noon doon, kasama ang simpleng taong ito, nagkukubli sa isang tao. Nauunawaan ba ninyo ito? [Kongregasyon naagsabi, "Amen."—Pat.]

206 Ang Diyos ay nagkukubli sa isang “mangmang na kakatwang tao,” sa sanlibutan. Pagka’t, alam n’yo, kanilang—inakusahan nila siya ng lahat ng bagay, maging bilang isang “mangkukulam,” Elias. Lahat ng mga propeta ay inakusahan, ng gayon, kita n’yo.

207 Kaya, si Jesus ay inakusahan bilang isa, nakita n’yo, “Beelzebub; bilang baliw.” Sabi, “Bakit, Ikaw ay baliw. Oo, alam naming Ikaw ay may demonyo. Ika’y—ika’y wala sa Iyong katinuan.” Kita n’yo?

208 Diya’y kung saan sinabi Niya sa kanila, “Kapag Ito ay dumating sa mga huling araw, na sila ay nam-...iyon ay magiging pamumusong, ang gawin ang gayon.” Pinatawad Niya sila, subalit hindi na ito mapapatawad sa huling mga araw na ito. Ito ay kailangang pagbayaran, ng walang Hanggang pagkahiwalay, “Hindi na kailanman mapapatawad, sa sanlibutang ito o sa sanlibutang darating.”

209 Subalit si Elias ay itinuring na isang taong baliw. Maiisip ba ninyo ang pagtayo hanggang... Ang—ang mga babae ay nagpuputol lahat ng kanilang buhok tulad sa modernong mga araw, palagay ko, at nagme-meykap tulad ni Jezebel, ang unang ginang ng bansa. At—at ang mga mangangaral lahat ay naging makasanlibutan at lahat na. At pagkatapos ano ang naganap? Pagkatapos heto lumabas ang matandang Elias, hinahatulan ang buong bagay, magmula kay Jezebel pababa.

210 “Bakit,” inisip, “hindi namin kailangang makinig sa iyo! Mayroon kaming mga pastor.”

211 Tiyak, hindi nila kailangang gawin, subalit siya ang pastor nila papaano’t papano man. Siya ang pastor ni Jezebel. Hindi niya gusto iyon. Siya’y maaaring mayroong ibang klase. Subalit, subalit, sugo ng Diyos, siya nga. Kita n’yo? Siya ang sugo ng Diyos na pastor para sa kaniya. Kinamuhian niya siya, subali’t siya ang pastor gayon pa man. Pansinin.

212 At ipinakumbaba ni Elias ang kaniyang sarili at nanatili sa kung ano ang sinabi ng Diyos, sa gayong paraan, na ito ay nakalugod sa Diyos na kunin ang gayun ding Espiritu mula kay Elias at nangakong isusulong Ito ng tatlong ulit patuloy mula roon. Kita n’yo? Amen. At Kaniya itong ginawa. Amen. Tunay, Kaniyang ginawa. Tiyak. Ipinangako Niya Ito, na Ito ay darating. At Ito ay dumating kay Eliseo, ang kaniyang kahalili; pagkatapos dumating kay Juan Bautista; at, ayon sa Malakias 4, Ito’y nararapat na pumarito muli sa huling araw. Kita n’yo?

213 Inibig ng Diyos yaong Espiritu na nasa simpleng yaon, walang pinag-aralang taong gubat mula roon sa kakahuyan kung saan. At, kaya, Ito’y napaka masunurin sa Kaniyang Salita, na masasabi Niya, “Elias, gawin *ito*,” at gagawin ito ni Elias. At ikinubli ng Diyos ang Kaniyang sarili roon, sa gayong kasimplehan!

214 Silang lahat ay nagsabi sa kaniya, “Iyang matandang hibang, huwag magkaroon ng anumang bahagi sa kaniya,” at iba pa.

215 Subalit isang araw, nang siya—siya ay tumanda, at ang kaniyang ulo ay nakalbo, at ang kaniyang—ang mga balbas niya ay nakalaylay, abuhin, at anong kaunting mga buhok na mayroon siya na nakalaylay sa kaniyang mga balikat; munting matanda’t mapapayat na mga braso, at ang kalamnan na lumalaylay tulad niyan; dumating na lumalakad pababa sa daang iyon patungo sa Samaria, at yaong mga mata ay tumitingin pataas patungo sa langit, na may baluktot na tungkod sa kaniyang kamay. Siya ay hindi kaaya-ayang pagmasdan, subalit taglay niya ang “GANITO ANG SABI NG PANGINOON” para sa panahon. Hindi siya nautal-utal Dito. Hindi siya nautal. Hindi niya sinabing, “Ngayon, *dakilang* Ahab.” Lumakad siya palapit at nagsabi, “Maging ang hamog ay hindi babagsak mula sa langit hanggang sa ako’y tumawag para dito.” Aleluyah! Kita n’yo? Iginalang ng Diyos ang kaniyang kasimplehan.

216 Ngayon, nakita n’yo, habang ito’y nasa simpleng paraan, at bawat isa—bawat isa ay laban sa kaniya, bawat isa ay nagbabanta sa kaniya. Lahat ng samahang pangministeryo, lahat ng iba pa, ay nagbabanta sa kaniya, iya’y totoo, pinipilit na siya ay alisin, lahat ng iba pa. Subalit, sa kasimplehang iyon, bagamat wala silang pakikipagtulungan sa mga kampanya niya at anupamang ibang mayroon siya. Lahat ay nag-isip na isa siyang hibang. Ikinubli ng Diyos ang Kaniyang Sarili.

217 Subalit nang dumating ang panahon para mahinog ang binhing iyon, na naitanim na, ipinahayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan ng pagpapadala ng Apoy mula sa Langit at sinunog ang handog. Ang Diyos ay nagkukubli sa kasimplehan, at pagkatapos ay inihahayag ang Kaniyang Sarili muli. Kita n’yo? Tiyak. Ito’y nakalugod sa Diyos na gawin ang gayon. Lagi Niyang ginagawa ito sa gayong paraan. Opo, ginoo. Ngayon, nalaman natin na Kaniyang—ipinangako Niya ang mga bagay na ito.

218 Ang problema ay, ngayon, sa karamihan sa atin na mga tao, nais nating maging napaka, alam n’yo, napaka makaseminaryo-, at denominasyonal-, edukadong—kaisipan, na hindi tayo magamit ng Diyos. Mabibigyan ng Diyos ang isang tao ng isang panimula na gumawa ng isang bagay, at bigyan siya ng isang ministeryo; ang unang bagay alam n’yo, magtutungo siya upang abangan kung ano ang sinasabi ng iba, at, ang unang bagay alam n’yo, masasangkot siya kung ano— anong malalaking bagay. At pagkatapos aalisin ng Diyos ang Kaniyang mga kamay mula sa kaniya, at hahayaan siyang mag-isa. Kita n’yo? Kita n’yo?

219 Pagkatapos sisikapin Niya na makasumpong Siya ng ibang tao, isang tao na gagawa nito. Kita n'yo? Kailangan Niyang makasumpong ng isang bagay na gustong—gustong kumuha ng Kaniyang Salita, kukunin ang Banal na kapahayagan at hindi matitinag Doon, mananatili mismo roon sa Salitang yaon. Iyan ang paraan na Kaniyang—Kaniyang ginagawa ito. Lagi Niyang ginagawa ito sa ganoong paraan.

220 Kaya kapag naging napaka-edukado ng tao at matalino, na, pinipilit niyang ilagay ang sarili niyang interpretasyon. Buweno, tulad ng sinasabi nila, “Ang bautismo ng Banal na Espiritu,” sasabihin nila, “oh, iyan ay para sa ibang araw.” Subalit, kung ayaw nila, buweno, “Hindi ito para sa ibang araw, ngunit, sasabihin ko sa inyo, hindi Ito dumating gaya ng pagdating nito noon doon sa Araw ng Pentekostes. Natanggap namin ang Banal na Espiritu nang kami ay manampalataya.” At—at lahat ng mga uri ng bagay tulad niyan, nakita n'yo. At pag-usapan ang tungkol sa bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, sila . . . kung saan itinuturo ito ng Biblia sa gayong paraan; buweno, sasabihin ninyo, “Buweno, ngunit, sinasabi ng seminaryo! At sinabi ni *Kuwan-at-kuwan!*” Iya'y pakikipagkompromiso. Kita n'yo? Hindi makagagamit ang Diyos ng isang taong tulad niyan. Kita n'yo?

221 Maari Niyang pahihintulutan ang isang tao na hampasin sa buong bansa tulad niyan, at ang tao ay mapalayas at mapagtawanan, at ginawang katatawanan, at lahat ng iba pang bagay tulad niyan. Subalit kapag ang tunay na paglalantad ay dumating, ang Diyos ay tumitindig at pinatutunayan ang Kaniyang Sarili roon mismo sa gayun ding kasimplehan.

222 Tutubo kaagad, tulad sa bulaklak. Ang binhi, tila ba kung titignan ito'y wala na, ito'y namamatay at bumabagsak sa lupa. Hukayin ang munting binhi, at ito'y bulok na, at sa tingin ay marumi. Subalit mula roon sumisibol ang buhay upang gumawa muli ng panibagong bulaklak.

223 Ang Diyos sa kasimplehan. Ginagawa Niya ang gayun ding bagay. Ang daan paitaas ay pababa, palagi. Ipakumbaba ang inyong mga sarili. Huwag na huwag sasabihin, “Buweno, mayroon akong *ganito* at *ganiyan*.” Ikaw ay walang taglay na anuman. Sadyang—alalahanin lamang, kung nasa inyo ang biyaya ng Diyos, maging mapagpasalamat lamang para doon, at maging mapagkumbaba para doon. Kita n'yo, patuloy lamang na ipakumbaba ang inyong sarili.

224 Ngayon kailangan kong magmadali, pagka't ang orasa'y . . . Hindi ko gusto na pagtagalin kayo, pagka't hindi ko gustong pagurin kayo, kita n'yo. Mayroon pa tayong mahabang panahon sa loob ng sanlinggong ito.

225 Ngayon, at ngayon nasumpungan natin na ang mga tao ay nagiging napakatalino at edukado.

226 Ngayon gusto kong ipakita sa inyo ang iba pa. Ang—ang iba ay nagtutungo ng malayo sa kabilang panig, naging mga panatiko sila, nagpipilit na maging relihiyoso. Ngayon, alam nating mayroon tayong ganoong grupo. Kita n'yo? Nagtutungo sila sa kabilang panig.

227 Iya'y kung saan ako hindi sumangayon sa grupo ng mga kapatid na lumabas rito hindi pa katagalan mula sa—sa daan ng Liwanag. Sila, hindi lamang talaga nila makita ang di pangkaraniwang bagay na nagaganap maliban na sila'y gumawa sa kanilang sarili ng isang grupo, kaya sila'y sama-samang nagtipon doon sa Canada at—at gumawa ng isang grupo ng mga tao na kanilang ipapadala at gumawa ng mga apostol at mga propeta mula sa isa't-isa, at mga bagay. At ito'y bumagsak kaagad. Kita n'yo? At ito'y magiging gayon palagi. Kita n'yo? Sila ay naging . . . Nadama nila na dahil sa sila ay . . . na sila ay hindi . . . Lubos nilang hinatulan ang ibang mga bagay, at—at ang mga bagay, hanggang sa sila'y nagtungo ng lubos doon sa kabilang panig. Kita n'yo?

228 Mayroong isang panig na labis na napakaintelektuwal, malamig at walang malasakit, itinatangi nila ang lahat ng bagay roon. At ang mga iba ay nagtutungo sa kabilang panig, sa kabilang panig kasama ng isang radikal na lupon ng emosyon, at ikinakaila ang Salita.

229 Subalit ang tunay na totoong Iglesia ay nananatili mismo sa gitna ng daan. Ngayon, kung napansin ninyo, ito'y—ito'y—taglay nito ang kaunawaan sa Biblia ng kung ano ang sinabi ng Diyos, at ito'y—ito'y sapat na espirituwal upang painitin sa loob ng puso nito, at ito'y ang daan lamang. Sinabi ni Isaias na ito ay magiging gayong paraan. Sabi niya, “Magkakaroon ng isang lansangan . . .”

230 At ang pinagpala, banal, natatanging mga kaibigan sa mga iglesyang Nazareno, isang makapangyarahiang munting kilusan na pinasimulan ng Diyos, subalit ano ang nakuha nila? Nang magsimulang magsalita ang Diyos ng mga wika sa iglesya, naging napaka-relihiyoso nila at napaka-pormal sa sarili, na tinawag nila itong “ang Diablo.” At nakita ninyo kung ano ang nangyari sa kanila? Kita n'yo? Kita n'yo? Sila, sila'y, “Mas banal kaysa inyo.” At—at kaya nasumpungan natin na lahat ng gayong mga bagay ay nagtutungo sa binhi at namamatay kaagad. Kita n'yo? At ang kabilang panig.

231 Ngayon, isang panig ay nagiging isang panatiko. Ang kabilang panig ay nagiging malamig at pormal.

Ngayon, sabi ni Isaias, “Magkakaroon ng isang lansangan . . .”

232 At ang mga Nazareno, at marami sa mga matatanda at mga taong banal, nakagawiang sabihin, “Ang pinagpalang lumang lansangan! Luwalhati sa Diyos! Tayo'y lumalakad sa lumang

lansangan!” Subalit, alalahanin ninyo, hindi iyan eksakto kung ano na sinabi niya.

²³³ Sabi niya, “Magkakaroon ng isang lansangan, at,” *at* ay isang pang-ugnay, “at isang daan.” At ito’y hindi tatawagin na lansangan ng kabanalan, kundi, “Ang daan ng kabanalan.”

²³⁴ Ngayon, isang lansangan ng kabanalan, pinipilit ng mga tao na gawin ang kanilang sarili na banal. At kapag ginawa ninyo, ito’y tulad lamang ng sinabi ko noong una, ito’y tulad ng isang. . . Ito’y magiging tulad sa isang buwitri na nagpipilit na maglagay ng mga balahibo ng kalapati sa kaniyang sarili, upang magawang maging isang kalapati buhat doon, samantalang ang kalikasan niya ay dati pa ring buwitri. Kita n’yo? Siya, ito’y. . . Ito’y magiging tulad sa isang uwak na nagsisikap na maglagay ng—ng mga balahibo ng kalapati, o isang pabo, at magsasabi, “Nakita n’yo, ako’y isang magandang ibon.” Kita n’yo, ito’y isang bagay lamang na gawa-gawa.

²³⁵ Subalit ang isang pabo ay hindi kailangang mag-alala kung magkakaroon man siya ng mga balahibong pabo o hindi. Ang kalapati ay hindi kailangang mag-alala kung magkakaroon man siya ng mga balahibong kalapati o hindi. Habang ang kalikasan niya ay isang kalapati, magkakaroon siya ng mga balahibong kalapati.

²³⁶ At, kita n’yo, ang mga taong may kabanalan ay nagsisimulang magsipagsabi, “Ang mga babae ay kailangang magkaroon ng mahabang buhok at magsuot ng mahabang mga manggas, at—at lahat ng mga bagay na ito, at mahabang mga palda, at huwag magsusuot ng mga singsing na pangkasal o mga alahas ng anumang uri.” Kita n’yo, ito’y nagiging pansariling pagmamatuwid na kabanalan.” Kita n’yo? Kita n’yo? Iyan—iya’y—iya’y gawa-gawang kabanalan. Subalit ang tunay na Iglesia ng buhay na Diyos ay. . . At tingnan kung ano ang nangyari sa mga denominasyon. Ngayon silang lahat ay mayroong putol na buhok, tulad ng mga Pentekostal, at—at iba pa. At—at silang lahat, halos, nakasuot ng mga singsing at iba pa. Tingnan ang mga Pentekostal, sa mga nakalipas na taon, kung paano nila ito pinaggigiiatang sabihin, kita n’yo, at, “Kami, ang iglesia! Kami, ang iglesia!”

²³⁷ Ang Iglesia ay ang Katawan ni Cristo. Ito’y isang indibidwal, sa gitna ng ibang mga indibidwal, na ipinanganak sa Kaharian ng Diyos. Na nagmumula sa loob na lumabas. Ito’y kusang naipamuhay.

²³⁸ Hindi ninyo hinihiling sa isang tupa na magkaroon ng balahibo ng tupa. . . o, gumawa ng balahibong tupa, ibig kong sabihin. Ang tupa ay hindi kailangang gumawa ng balahibong tupa. Siya’y magsasabi, “Ngayon, ang panginoon ko ay nais na magkaroon ako ng ilang balahibong tupa sa taon na ito. Kailangan kong maging abala.” Hindi, ang tanging bagay na

kailangan niyang gawin ay manatili lamang na isang tupa. Iya'y tama. Ang balahibong tupa ay talagang— kusang... Ito'y lalabas. Ito'y lalabas. Siya'y magkakaroon nito pagka't...

²³⁹ At hindi tayo hinilingan na gumawa ng mga bunga. Dapat tayong maglabas ng bunga, kita n'yo, magsipamunga. Kita n'yo? Dapat tayong magsipamunga. At habang kayo ay isang puno ng Diyos na nagbubunga, kasama ang Salita ng Diyos, ang Salita ng Diyos ang magpapatunay sa sarili Niya. Ito'y mamumunga hangga't ang Salita ay nasa loob nito. Sabi ni Jesus, "Kung kayo'y magsisipanatili sa Akin, at ang Salita Ko'y sa inyo, hingin ang anumang ibigin ninyo at ito'y magaganap." Kita n'yo? Hindi ninyo ginagawa ito. Hindi ninyo pinapakilos ang inyong sarili patungo rito. Ito sa totoo lang ay naroon, at nagpapatuloy at patuloy.

²⁴⁰ Ngayon tayo'y tumungo, magmadali lamang ngayon, may ilang minuto na lamang na natitira, at pagkatapos tayo'y magtatapos.

²⁴¹ Ngayon, ngayon, ang mga iba'y nagtutungo sa labis na pagkapanatiko. Ngayon, nagpunta sila roon sa kabilang panig. At inisip nila, dahil lamang sa sila'y nagsilundag pataas-at-pababa, o nakakuha ng ilang uri ng pakiramdam o emosyon, nagsalita ng mga wika, o—o—o nagbigay na isang propesiya na naging tama, o isang bagay na tulad niya, inakala nilang iyan na nga Ito, na—na nasa kanila na Ito. Subalit, ito'y hindi.

²⁴² Sabi ni Jesus, "Marami ang magsisilapit sa Akin sa araw na iyon, at sasabihin, 'Panginoon, hindi ba't ako'y nanghula sa Iyong Pangalan? Sa Iyong Pangalan ay gumawa ng maraming mga gawa, at nagpalayas ng mga diablo?'" Sabi Niya, "Magsilayo, hindi Ko kayo nakikilala." Kita n'yo? Iya'y hindi iyon. Iya'y hindi pa iyon, kaibigan.

²⁴³ Iyan ang dahilan... At, mga wika, ang katibayan? Ako'y naniniwala sa pagsasalita ng mga wika, subalit hindi ko ito kinukuha bilang tanging katibayan ng Banal na Espiritu. Hindi, ginoo. Ang bunga ng Espiritu ay ang katibayan. Kita n'yo? Oo. Ngayon, kita n'yo, iyan ang dahilan na ako'y hindi sumangayon sa kilusan ng Pentekostal na kapatiran, sa gayong paraan, na sila'y magsasabi, "Kung ang isang tao'y magsasalita sa mga wika, taglay niya ang Banal na Espiritu." Ako'y hindi umaayon. Iya'y hindi tanda na taglay niya ang Banal na Espiritu. Kita n'yo?

²⁴⁴ Narinig ko ang mga demonyo na nagsalita sa ibang mga wika na sadyang kasing bilis ng magagawa nila, iinom ng dugo mula sa bungo ng tao, at tatawag sa Diablo.

²⁴⁵ Nakakita na ako ng mga Indiyang na kumuha ng mga ahas at ipinulupot paikot sa kanila, doon sa—doon sa—doon sa pagsasayaw sa ulan sa labas doon sa Arizona; itataas ang mga kamay nila tulad *niyan*, at tatakbo mismo sa palibot.

Ang mangkukulam na doktor ay lalabas, na sinusugatan ang kaniyang sarili. At maglalapag ng isang lapis, at ito'y susulat sa hindi kilalang wika, at ibibigay ang interpretasyon tungkol dito. Kita n'yo?

Kaya, huwag, huwag sabihin sa akin iyan. Napakatanda ko na para riyon. Kita n'yo?

246 Kaya ang—ang bunga ng Espiritu ay ang... Sabi ni Jesus, “Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga,” hindi mga wika o mga emosyon, “kundi sa pamamagitan ng kanilang bunga makikila ninyo sila.” Kita n'yo? Kaya iyan ay ang bunga ng Espiritu. Ito'y ang Diyos na inihahayag ang Kaniyang sarili sa kapakumbabaan, kagiliwan, at sa bawat araw ay gayon pa rin. Ito'y isang bagay tungkol dito, isang tao na nananatili mismo sa Salita. Sa tuwing makikita niya ang Salita, diniriinan niya Ito ng isang “amen,” maging anoman ang sabihin ng ibang mga tao. Na, sinasampalatayanan niya Ito, kita n'yo. Mabuti. Kita n'yo?

247 Ngunit napalayo tayo ng husto, pagkatapos, upang sumalalay sa isang pagkapanatiko, at si Satanas ay nakakapasok sa ng mga tao. Iyan ang gawain ni Satanas. At siya'y isang magaling na negosyante. At siya'y nakakapasok sa mga tao, ipinapaakala sa kanila na taglay nila Ito dahil lamang sila ay lumundag pataas-at-pababa. At pagkatapos kinamuhian ang inyong kapitbahay? Hindi. Kita n'yo? . . . upang—upang magsabi ng mga bagay, at magsalita ng mga wika na talagang kahanga-hanga, at mga bagay tulad niyan.

248 At, alalahanin, maaari kayong magsalita sa tunay na wika na maka-Banal na Espiritu at hindi pa rin taglay ang Banal na Espiritu. Sinabi nga ng Biblia. “Kahit ako'y magsalita ng wika ng mga tao at mga Anghel, at wala akong pag-ibig, ito'y walang pakinabangin sa akin. Ako'y naging tulad sa isang tanso na tumutunog, o isang batingaw na umaalingawngaw.” Unang Corinto 13. Kita n'yo? Kaya hindi ninyo . . . Hindi iyan ang gumagawa nito, kita n'yo.

249 Sabi ng Metodista, “Kapag kami ay sumigaw, taglay na namin Ito,” subali't hindi nila taglay. Sabi ng Nazarene, “Kapag sila'y namuhay ng banal, taglay na nila Ito,” subali't hindi nila taglay. Sabi ng Pentekostal, “Kami ay nagsalita ng mga wika; taglay na namin Ito,” subali't hindi nila taglay. Kita n'yo? Kita n'yo?

250 Ang Diyos, inilalantad ang Kaniyang sarili, hindi sa pakiramdam. Hindi, iya'y . . . Mga pakiramdam, gayunman, ay kasama Nito. Inyo nang nakita ang dako? Ito lamang ay naging napakababa Nito hanggang sa sinuman ay makikita ito, kung inyong—kung inyong hindi susubukan na ilagay, ipasok ang iyong sariling kaisipan para Dito, kita n'yo, at ang inyong sariling mga kaisipan. Ito'y Diyos.

251 Ngayon, at pagkatapos sila’y naging isang lupon ng mga panatiko. Pagkatapos, *narito* ang mga malamig na pormal sa panig na ito; *narito* ang mga panatiko sa kabilang panig; at *narito* ang Nobya sa gitna mismo ng lahat ng ito, tumatawag sa magkabilang panig. Iya’y tama. Pinatutunayan Ito ng Diyos habang Siya’y nagpapatuloy, Kaniyang Salita.

252 Ngayon, oh, kailangan kong laktawan ang ilan nito dahil may labis ako rito. At ako’y—ako’y mayroong. . . Ang oras ko ay naubos na. Magmamadali ako ng talagang kasingbilis ng magagawa ko ngayon.

253 Mula sa Eden, mula sa Eden ito’y naging, tapos na— naihula na na may darating na isang Mesiyas; magbuhat pa mula sa Eden.

254 Ngayon lalaktawan ko ang ilan sa aking mga Kasulatan naisulat ko rito, at mga naitala, upang magawang matapos lamang ang Mensahe, sa madaling panahon, kung magagawa ko. Ang Diyos ay nagkukubli sa kababaang-loob. Ngayon, mangungusap ako ng madali, subali’t, gayunman, ako’y—nais kong maunawaan ninyo ito. Kita n’yo?

255 Mula pa sa Eden, ito’y naihula na na may darating na isang Mesiyas. Ito’y nauna nang inihula kung anong uri ng tao Siya. Tayo ay maaaring magtagal ng kaunting oras. Alam ninyo ang Biblia, kung magiging ano Siya, kung anong uri ng tao siya. Sabi ni Moises, “Ang Panginoon ninyong Diyos ay magbabangon ng isang Propeta, na kagaya ko.” Alam nila na ang Mesiyas na iyan ay magiging isang propeta, ang uri ng ministeryo na Kaniyang tataglayin kasama Niya. Nangusap lahat ng mga propeta kung ano ang gagawin Niya. Nangusap sila tungkol dito sa mga simbolo. At lumampas ito sa kanilang pang-unawa, at lumampas sa iba pa sa kanila. Kita n’yo? Kita n’yo? Nagtungo sa ilalim ng isa, at itaas ng isa pa. Kita n’yo?

256 Sa oras na dumating Siya sa eksena ng panahon, ang mga tao na kung saan Siya isinugo ay may sari-sarili nilang pagpapaliwanag kung magiging ano ang kalagayan Niya, sa sarili nilang likhang-isip na pagpapaliwanag.

257 Hindi kailanman nagbago ang Biblia. Ang Biblia ay palaging ganoon pa rin. Iyan ang dahilan na sinasabi ko, “Ang kasulatan ay nagsabi, at ako’y nananatili Riyan, ‘Ang Biblia ay hindi sa sariling pagpapaliwanag.’ ”

258 Kaya, mga Metodista, mga Baptist, mga Pentekostal, huwag piliting ilagay ang sarili ninyong pagpapaliwanag Dito, sasabihing, “Hindi ganon ang kahulugan Niyan. Ganito ang kahulugan *nito*.”

259 Ito’y nangangahulugan lamang kung ano ang sinabi Nito, ng tamang-tama lamang. May nagsabi, “Papaano ito mangyayari?” Hindi ko alam kung papaano. Hindi ako ang magsasabi niyan.

Ang Diyos ang mag-iingat niyan. Siya ay Yaong nagsabi nito, hindi ako, kita n'yo, at Siya ang mag-iingat ng Sariling Kaniya.

²⁶⁰ Ngunit ngayon, ngunit, ang Mesiyas na ito ay naihula na. Ang mga propeta ay nangusap ng talagang eksakto kung papaano Siya darating, kung ano ang Kaniyang gagawin kapag Siya'y dumating. Subali't, ang sarili nilang pagpapaliwanag nito, sa kalagitnaan ng mga tao! At nang Siya ay dumating, Siya ay nasa gayong simpleng paraan, sa kasimplehan, hanggang sa ang buong grupo ng iglesya ay nangatisod dito. Iyan ba'y tama? [Kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Pat.] Doon, ang mga taong yaon na naturuan. . .

²⁶¹ Ang isang tao ay hindi maaring maging isang tagapagturo, isang saserdote, hanggang siya'y maipanganak sa isang lahi, ayon kay Levi. At, isipin lamang, ang kaniyang kalolo-lolo-lolo-lolo-lolo ay isang saserdote, nakahimlay mismo sa Salitang iyan, sa templo, araw at gabi.

²⁶² Tulad ng paring Katoliko o ng ministro na isang—isang nabigyan ng tungkuling ministro, mula sa salinlahi, sa ilang mga simbahan, at iba pa, "Ang aking kalolo-lolo-lolo ay isang obispo ng Metodista. Ang lolo ko ay isang obispo, at iba pa." Kita n'yo?

²⁶³ Lahat iyan, namuhay mismo sa Salita, subali't nagtatag sila ng sarili nilang paraan nito. At tinanggap ito ng kanilang mga anak sa gayong paraan na naituro ito ng mga magulang. Hanggang, ang mga magulang ay itinuro ito ng lihis sa tunay na daan, at gumawa sila ng isang organisasyon mula rito, hanggang, nang sinubukan ng Espiritu na ihayag ang Katotohanan, hindi nila magawang tanggapin ito.

²⁶⁴ At iyan ay gayon ding bagay ngayon. Hindi ko nais na maging magaspang, subali't iyan ay tama. Iya'y gayon ding bagay ngayon. Ginawa nila itong napaka—napakakumplikado, at—at ilang ibang paraan. Tinuturuan nila ang kanilang. . . Tulad lamang nang ito sa nasabi na, "Ang Diyos ay walang sinumang mga apo." Alam ninyo yan? Ang Diyos ay may mga anak na lalaki, at Siya'y may mga anak na babae, subali't walang mga apong lalaki at mga apong babae. Bawat tao ay nararapat na magbayad ng gayon ding halaga at lumapit sa gayon ding paraan. Tulad sa ginawa ng inyong ama, ay gayon din dapat ang gawin n'yo.

²⁶⁵ Ngayon, kaya, Siya'y napakasimple. Nang ang Mesiyas na ito. . . Sa loob ng apat na libong taon, bawat propeta ay nangusap tungkol sa Kaniya; si David ay umawit tungkol sa Kaniya, at lahat pababa. At nang Siya ay dumating, nabuo sa mga tao ang pansarili nilang palagay, kung ano ang kinakailangan Niyang gawin, kung papaano Niya gagawin. Kung papaano na ang lahat ng ito ay naipaliwanag, naiguhit sa mga plano at lahat ng bagay, hanggang, nang Siya'y dumating

sa gayong simpleng paraan, ito'y talagang—ito'y talagang sumira ng kanilang teolohiya. Kita n'yo, hindi nila alam ito.

266 Dumating Siya ayon sa Salita. Ngayon, naniniwala ba kayo na ang Diyos ay nangusap sa pamamagitan ng mga propeta, na ang Mesiyas na iyan ay darating sa isang tiyak na paraan? Ito'y labis na nakapanghihinayang na tayo'y wala nang mga isa pang oras na maipagpatuloy natin doon at maipaliwanag kung papaano ito naganap. Kita n'yo? Alam nating lahat kung papaano ito naganap, bagaman, karamihan sa atin. Kung paanong ang Diyos ay nagsabing Siya'y darating, at papaano na iyang, "Ikaw, Bethlehem ng Judaea, ikaw ay hindi ang pinakamaliit sa lahat ng mga. . ." At lahat-lahat doon, at kung papaano Niya gagawin, at kung ano ang gagawin Niya. Kita n'yo?

267 At, gayunman, Siya'y napakasimple! Hanggang, ginawa itong napakagulo niyaong mga dakilang iskolar, hanggang sa hindi nila nakita ito. Subali't, alam ninyong si Jesus ay hindi naparito na salungat sa Salita. Siya'y pumarito ayon sa Salita, subali't salungat sa kanilang pagpapaliwanag. Kita n'yo? Siya'y nagturo ng mga bagay na salungat sa kanilang pangsimbahang pagsaanay tungkol sa Kaniya.

268 Ngayon, sabi nila, ngayon, halimbawa, "Kapag dumating ang Mesiyas, tiyak, Siya'y pupunta sa templo at magsasabi, 'Caiaphas,' o sinuman ang pangulong saserdote, 'Ako ay dumating na.' Siya'y darating na may sampung-milyong-Anghel na saludo. Ang Diyos ay magsasabi, 'Kung gayon, mga kasama, sa dako roon, kayo ay talagang isang—isang makapangyarihang iglesya. Kayo'y Aking mga tao. Aking pipihitin ang kakaiba rito at hayaan ang mga pasilyo ng Langit na bumaba. Isinusugo Ko ang Mesiyas sa inyo, ngayong umaga. Hahayaan Ko itong lumapag mismo roon sa labas sa bakuran, at lahat ng mga tao ay magtungo sa palibot.' Sabihing, 'Doktor na *Ganito-at-ganiyan*, ikaw at si Doktor *Ganito-at-ganiyan*, kayong lahat ay makatatayo sa unahan, upang maunang bumati sa Kaniya, nakita n'yo.' "

269 Ngayon iyan marahil ay katulad sa isang bagay na iniisip nila ngayon. Ngayon, alam kong ito'y isang maliit. . . Tila medyo magaspang ito sa pandinig. Subali't ako'y hindi. . . Sinisikap ko na gumawa ng isang punto.

270 "At—at, doon, iyan ang paraan na magaganap. At kung ito'y hindi darating sa gayong paraan, ito'y hindi tama; ito'y isang anti-cristo. Kita n'yo? Kung ito'y hindi darating ng tulad sa gayong paraan, ito'y isang anti-cristo, nakita n'yo, kaya ito'y hindi magiging gayon. At kaya, pagkatapos, magkakaroon ng isang. . . Pagkatapos, ang susunod na bagay na bababa, ay ang mga sampung-milyong-Anghel na saludo, kasama ang kanilang mga pulutong. At ilalapag sila roon sa labas ng bakuran, kung

saan itinayo ni Solomon ang templo, at, oh, lahat pataas-at-pababa rito, sa dakong banal na ito kung saan ang mga banal at mga pantas ay nangamatay, at iba pa!”

271 “Oo,” sabi ni Jesus, “kayong mga mapagpaimbabaw! Kayong mga anak ng Diablo!” Sabi, “Inyong pinagaganda ang mga libingan ng mga propeta, at ang inyong mga magulang ang naglagay sa kanila roon.” Iya’y tama. Iya’y tama. Kita n’yo? “Gaano karaming matuwid na mga tao at mga propeta ang isinugo sa inyo, at gayunma’y pinatay ninyo ang bawat isa sa kanila!” Kita n’yo? Subali’t ano ang tinatawag Niyang “matuwid” kung gayon? Ang tinatawag nilang, “mga panatiko at mga hibang.” Oo.

Doon, akala nila ito’y darating sa gayong paraan.

272 Subali’t, nang, Siya ay dumating sa isang sabsaban, ipinanganak ng isang—isang dalaga, na may isa lamang karaniwang karpentero bilang isang ama-amahan, at isang—isang munting, di kilalang dalaga. Kita n’yo, hindi ang anak na babae ng pangulong saserdote, o anupaman. Siya—Siya ay dumating bilang . . . mula sa isang munting dalaga na nanirahan doon sa—sa munting, lumang hamak na bayang tinatawag na Nazareth. At isa lamang pangkaraniwang biyudo; ang kaniyang asawa ay patay na. Siya ay mayroong ilang anak; si Jose. At—at siya ay naipagkasundo. At pagkatapos Siya ay pumaritong may taglay na isang pangalang may batik, sa pasimula pa lamang. Sabi nila Siya ay naipanganak na ilihitimo. Oh, naku!

273 Iyon ang humagip ng husto sa kanilang katalinuhan. Kita n’yo? Hindi iyan matanggap ng mga pang-edukasyong tuntunin nila ng moralidad. Walang anumang alam ang pagpapaliwanag nila ng mga Kasulatan tungkol diyan, subali’t gayunman ito’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Oh, naku!

274 Nagpanginig sa akin, na isipin ito, at makita ang gayon ding bagay na nagaganap muli. Hindi makapagbabago ang Diyos.

275 Ganap nang ika-labindalawa. Maari ba kayong . . . Titigil na ba ako, o sadyang . . . [Kongregasyon ay nagsabi, “Hindi. Patuloy.”—Pat.] Salamat sa inyo. Manatili lamang na nakaupo sandali, kita n’yo. [“Magpatuloy lamang.”] Ngayon, ito ay, ibinabatay ko ang isang bagay rito para sa isang Mensaheng darating, kita n’yo. At sisikapin kong kayo’y palabasin nang sadyang madali, marahil mga susunod na sampu o labinlimang minuto, kung makakaya natin. Pagpalain kayo ng Diyos.

276 Pansinin, ngayon, ito’y napakasimple, na ito—ito—ito’y sadyang lumihis sa marka, para sa kanila. Subali’t tinamaan nito ang tanda ng Diyos. Kita n’yo, tinamaan nito ang Salita. Dumating Siya eksakto lamang sa paraang sabi Niya. Subali’t, sila, ang pagpapaliwanag nila tungkol dito ay mali. Ang pagpapaliwanag ng tagapagpalaya sa panahon ni Moises ay

mali. Ang pagpapaliwanag sa panahon ni Noe ay mali, kita n'yo, subali't ang Diyos ay pumaparito ayon sa Kaniyang Salita.

277 At pagkatapos dumating si Jesus, at Siya—at Siya'y nagturo ng mga bagay na salungat. “Kung Ikaw nga ang Mesiyas, gawin ang *ganito-at-gayun*,” kita n'yo. “Kung Ikaw nga, bumaba riyang sa krus at ipakita ito sa amin ngayon.” Kita n'yo? Subali't ang Diyos ay hindi nakikipagbiro sa tao. Ang Diyos ay gumagawa lamang ng mga bagay na kalugod-lugod at wasto.

278 Inakala nilang ang tulad ng Isang iyan ay tiyak na dapat pumarito na may kasamang isang dakilang pagsaludo ng mga Anghel. Subali't pumarito Siya sa pamamagitan ng isang sabsaban. At, sa sarili nilang napakataas na tuntuning moralidad, katawa-tawa ito para sa isang karaniwang tao upang isipin na ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ang dakilang makapangyarihang Jehovah, Na Siyang may-ari ng lupa at lumalang ng lahat ng bagay, ay hindi makapaghanda ng isang dako para sa Kaniyang Sariling Anak upang maisilang, na mas mainam kaysa isang kulungan ng baka sa kabila ng isang tumpok ng dumi ng hayop. Papaano nangyari roon . . . Kita n'yo?

279 Ano nga ito? Ang Diyos na nasa kasimplehan. Iyan ang gumawa sa Kaniya na napakadakila. Kita n'yo, ang mga tuntuning moralidad ng edukasyon ay hindi magawang magpakumbaba ng sarili nito na tulad niyan; kita n'yo, hindi nito matatayuan iyon. Subali't napakadakila ng Diyos na dinala Niya ang Kaniyang sarili pababa sa gayon, ni wala man lang mga damit upang ilagay sa Kaniyang Sariling Anak. Pag-isipan iyan! At ang sanlibutan . . . Walang silid sa bahay-tuluyan. At nagtungo Siya sa isang sabsaban ng baka, isang munting—isang munting pasamano, isang—isang munting kuweba, tulad, sa likurang bahagi ng isang burol. At doon sa ibabaw ng isang highang dayami ay dumating ang Anak ng Diyos. Oh, iya'y isang malaking kaibahan mula sa pagtitipon doon . . .

280 At ang Kaniyang ina ay magiging ina. Siya'y nasumpungang magiging ina, oh, mga ilang buwan bago pa man lamang sila nagkasundo upang ikasal . . . o bago ikasal. Kita n'yo? Siya'y magiging ina na. At nakita ito ng mga tao, at alam nilang ito'y sa ganitong paraan. At, si Maria, sa sarili niyang puso, alam niya kung ano ang nagaganap.

281 At hindi naunawaan ni Jose. Subali't dumating ang Anghel ng Panginoon sa kaniya sa gabi, na sinasabi, “Jose, ikaw ay isang anak ni David. Huwag kang matakot na kunin sa iyo si Maria na iyong asawa, sapagka't iya'y bagay na hindi masama, kundi iya'y sa Banal na Espiritu.” Iyan ang nag-ayos nito. Ang lalaki, si Jose, na may gayong kaugnayan sa Diyos, hanggang sa ang Diyos ay makapapangusap sa kaniya.

282 Subali't ngayon taglay natin ang ating pansimbahang mga karunungan na nakabalot sa atin ng napakahigpit

hanggang sa walang maaring makipag-usap sa atin, maliban sa pansimbahang grupong kinaaaniban natin. Hindi ko nais na maging magaspang o radikal, kaya iiwanan ko iyang mag-isa riyon mismo. Pansinin. Subali't nauunawaan ninyo kung ano ang ibig kong sabihin. Pansinin.

²⁸³ Ang pasabsaban ay katawa-tawa, para sa kanila, ang matatalino. Wala man lamang tayong anumang nakatala kung saan Siya pumasok kahit isang araw sa paaralan; at gayunman, sa edad na labindalawang taong gulang, isang karaniwang batang lalaki ang nagpalito sa mga saserdote sa templo, sa pamamagitan ng kaniyang aral. Oh, naku! Ano iyon? Ang Diyos ikinukubli ang Kaniyang sarili...?... Nakadarama ako ng lubhang pagkarelihiyoso ngayon mismo. Ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang sarili sa isang kamalig. Ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang sarili sa isang munting Bata. Kita n'yo? Masdan, ito'y mailalantad, pagkalipas ng maikling panahon, gayunman, kita n'yo. Kailangan Niyang gawin ito.

²⁸⁴ Nang Siya'y magtungo sa mga kalye, ang mga magulang, walang alinlangan, ay magsasalita at sasabihing, "Huwag makikipaglaro sa Batang iyan. Huwag magkaroon ng anumang bahagi sa Kaniya. Ang Kaniyang ina ay walang iba kundi isang karaniwang patutot, kita n'yo. At, ang ama at ina, ang Bata ay isinilang. . . Bago pa sila talaga ikinasal, siya'y nasumpungang magiging ina. Huwag magkaroon ng anomang bahagi rito."

²⁸⁵ Kung ano ang iniisip ni Maria! Subali't, lahat-lahat, anumang isipin ng nasa labas, pinag-iisipan niya ang lahat ng mga bagay na ito. Itinago nila ito sa kanilang puso. Alam nila. Wala silang masabing anumang masama laban dito.

²⁸⁶ Ang Diyos ay nangungusap sa Kaniyang tao, minsan, sasabihin, "Pumayapa ka. Huwag kang magsalita ng anuman tungkol doon."

²⁸⁷ Nagkaroon ako ng mga tao sa aking pagtitipon na nagsasabing, "Buweno, kung ikaw ay isang lingkod ni Cristo, alam mong *ito* ay nagaganap doon."

²⁸⁸ Tunay, alam kong ito nga ay nagaganap. Subali't pagkatapos ano ang gagawin mo kapag sasabihin Niyang, "Pumayapa ka. Huwag kang magsalita ng anuman tungkol doon"?

²⁸⁹ Nagsama ako ng ilang tao noong isang araw, at ipinakita sa kanila, sa isang aklat. "May nangusap, mga taong nagdaan," sabi ko.

Sabi, "Buweno, Hindi ko ito maunawaan."

²⁹⁰ Sabi ko, "Nakita n'yo roon?" Heto ito ngayon, sa dako rito, nalagyan ito ng petsa at lahat ng bagay, nang ito'y nangyari sa dako roon. Maraming mga tao ang nakakita nito sa aklat doon. Sabi ko, "Ito'y mangyayari na ito'y gagawa ng *ganitong* paraan at *gayong* paraan."

291 Sabi, “Buweno, bakit hindi ka nagsabi ng anumang tungkol doon?” Ito’y magdu-...Ito’y dapat mapasa gayong paraan. Kita n’yo?

292 At iba ang alam ni Jose. Alam Niya kung Kanino galing ang Sanggol na iyon. Alam ni Maria kung Kanino galing Ito. Alam ni Jesus kung Sino ang Kaniyang Ama. Ano ang sinabi Niya? “Ako’y kinakailangang nasa gawain ng Aking Ama.” Hindi naglalagari ng kahoy at—at gumagawa ng isang pinto; subali’t nasa gawain ng Kaniyang Ama. Amen. Sinabi iyan sa Kaniyang ina, “Hindi ba ninyo nauunawaan na, Ako, ito’y panahon na para sa Akin upang mapasa gawain ng Aking Ama?”

293 Ngayon, inisip nila, “Ang munting hibang na Batang ito...” Alinmang anak sa pagkakasala na bata ay tila isang kakatwa, mausyosong bagay, kahit papaano. At hayan na kayo, kita n’yo, subali’t, ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang Sarili. Makinig. Ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang sarili sa inaakala, ng sanlibutan, bilang, “Marumi, kabulukan, anak sa kasalanan.”

294 Tingnan, ikinubli ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa kabulukan ng isang patay na binhi, upang maghatid ng buhay. Kita n’yo? Nauunawaan ba ninyo ito? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

295 Ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa isang simpleng, munting babaeng labandera. O isang karaniwang lalaki na may pagkaing-panghapunan niya na nasa ilalim ng kaniyang braso, hahalikan ang kaniyang asawa at mga anak at magpaalam, at tutungo roon, at marahil ay ikubli ang Kaniyang Sarili sa taong yaon upang gumawa ng isang bagay na ang arsobispo ay walang nalalamang anuman tungkol dito. Kita n’yo? Hindi ninyo Siya maririnig na hinihipan ang mga torotot at ipadala ito roon. Siya, ang Diyos, ay kumukuha lamang ng kaluwalhatian, iyan lang. Ang mga simple ang nakakarinig nito at sila’y nangagagalak, kita n’yo.

296 Ngayon, ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang sarili sa kasimplehan ng isang Sanggol, ikinukubli ang Kaniyang sarili sa kasimplehan ng isang—isang karaniwang pamilya. Diyos! At ang mga pinuno ng mga simbahan, at ang mga dakilang tao, ang isip, ang dalubhasa, at—at silang lahat, at ang mga Herodes, at iba pa, ng araw na yaon, at ang mga Nero, at silang lahat ay hindi nakita iyon. Nagkukubli ang Diyos sa kasimplehan.

297 Ngayon, madali. Si Juan Bautista, sa Isaias 40. Makukuha natin ito kung nais ninyo. Malakias 3. Lahat, oo, isulat ninyo ito kung nais ninyo. Isaias 40, lahat, alam n’yo, nangungusap ng kapayapaan sa... gaya nito. Marahil ako’y... Marahil makabubuti ito na aking—aking—basahin ko ito mismo rito; kung kayo’y may—kung kayo’y may gayong sapat na oras. [Kongregasyon nagsabi, “Amen.”—Pat.] Gawin natin ito, sandali lamang. Tayo’y tutungo rito sa Aklat ng Isaias, ang ika-40

kabanata, at—at bumasa rito at tingnan lamang kung ano ang sinasabi niya tungkol dito ngayon. Tingnan rito, “Inyong aliwin, inyong aliwin ang aking bayan.” Ngayon, alalahanin, ito’y pitong daan at labindalawang taon. Tumingin sa pamuhatan sa dako roon, kita n’yo. Pitong daan at labingdalawang taon bago siya isinilang, narito ang isang propetang nangungusap tungkol sa kaniya.

Inyong aliwin, inyong aliwin ang aking bayan, sabi ng inyong Dios.

Mangagsalita kayong may pag-aliw sa Jerusalem, at sigawan ninyo siya, na ang kaniyang pakikipagdigma ay naganap, na ang kaniyang kasamaan ay ipinatawad: sapagka’t siya ay tumanggap. . . kamay ng Panginoon ng ibayong ukol sa kaniyang lahat na kasalanan.

Ang tinig ng isang. . . sumisigaw sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, pantayin ninyo sa ilang ang lansangan para sa ating Dios.

Bawat libis ay mataas, at bawat bundok at burol ay mabababa: at ang mga bakubako ay matutuwid, at ang mga hindi pantay na dako. . . ay mapapatag;

²⁹⁸ Oh, naku, naku! Magiging anong tao iyan kapag dumating! Kita n’yo? Ngayon magbukas sa Malakias, na kasama ko, ang huling Aklat ng. . . ang huli sa mga propeta sa Lumang Tipan. Ngayon, sa Malakias, makinig dito. Nakuha ito ni Malakias, sadyang huling panahon, kaya tiyakin ninyong hindi ito makaligtaan. Malakias, ang ika-3 kabanata.

Narito, Aking sinusugo ang aking sugo, at siya’y maghahanda ng daan sa harap ko. At ang Panginoon, na inyong hinahanap, ay biglang paroroon sa kaniyang templo, at ang sugo ng tipan, na inyong kinaliligayahan, narito, siya’y dumarating, sabi ng Panginoon ng mga hukbo.

²⁹⁹ Nangungusap pa rin tungkol kay Juan, “Sinusugo ang Aking sugo sa unahan Ko, upang maghanda ng daan.” Si Jesus ay nangusap tungkol doon, sa Mateo 11:10, sabi:

Kung matatanggap ninyo ito, iyan yaong tungkol sa kaniyang naipangusap, Narito, sinusugo Ko ang aking sugo sa unahan ng aking mukha, . . .

³⁰⁰ Kita n’yo? Iya’y tama. Ngayon, papaanong ipinangusap itong lahat! Samantalang, ganap nang nagdaan sa loob ng pitong daang taon, may darating isang tagapanguna bago ang Mesiyas. Ngunit nang siya ay dumating sa tagpo, sa gayong kasimplehan, hindi nila siya nakita. Hindi nila siya nakita.

³⁰¹ Alalahanin, siya ay anak ng isang saserdote. Aba, tingnan kung gaano katawa-tawa iyon para sa kaniya upang hindi sundan ang katungkulan ng kaniyang ama, ang manumbalik

sa seminaryo. Subali't ang tungkulin niya ay napakahalaga. Sa siyam na taong gulang, siya'y nagtungo sa ilang. At siya'y lumabas, nangangaral. Hindi nila nakita ito. Siya'y napakasimple, napakasimple, para sa kanilang mataas—tanyag na edukasyon upang paniwalaan ang isang gayon. Inisip nila, kapag dumating ang taong ito. . .

302 Papaano ang, “Lahat ng dakong matataas ay ibababa, lahat ng dakong mabababa ay itataas, lahat ng mga baku-bakong dako ay ipapatag?” Nakita iyon ni David, at sinabing, “Ang—ang mga bundok ay nagsiluksong parang mga munting lalaking tupa, at ang mga daho'y ipinalakpak ang kanilang mga kamay.” [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay ng ilang ulit—Pat.]

303 Ano? Ito ba'y naganap? Isang matandang mabalbas na lalaking gaya niyan, na walang anumang edukasyon, na may kapisang balat ng tupang nakabalabal sa palibot niya, pumaritong humahapay-hapay mula sa ilang ng Judea, nagsasabing, “Mangagsisi, sapagka't ang Kaharian ng Langit ay malapit na. At kayong lupon ng mga ahas, huwag ninyong isipin na sabihing, 'Ako ay kabilang sa isang samahan.' Magagawang makapagpalitaw ng Diyos ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito.” Naku!

“Aba, hindi siya iyung naroon. Alam nating hindi siya iyon.”

304 Subali't siya iyon! Kita n'yo, nililinis nila ang daan. Kita n'yo? Doon ginawang patag ang mga baku-bakong dako. Doon ibinaba ang mga dakong matataas. “Huwag ninyong isiping nasa inyo si Abraham na inyong ama. Huwag n'yong simulang sabihin sa akin ang gayong uri ng bagay, pagka't magagawa ng Diyos na makapagpalitaw ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito.” Ang dakong matataas ay naibaba. Oh, naku! Iyan nga. Oo, nakita ninyo ang pagkakaiba? Sinabi Niyang iyan ang magaganap.

305 At nang dumating sila, inisip nila, oh, naku, sila'y handa lamang na tanggapin siya, kung dumating siya sa sarili nilang samahan. Ngunit dahil. . . Siya'y dumating tulad niyan, sa gayong simpleng paraan. Gayunpaman, sa pagpapaliwanag ng mga Kasulatan, ang dakong matataas ay naibaba. Ayaw nilang tanggapin iyon, subali't gayon sila.

306 Naku, talagang pinahirapan niya sila. Niyanig niya mismo ang tagiliran nila. Sabi, “Kayong lupon ng mga ulupong! Kayong mga ahas sa damuhan! Sinasabi ko sa inyo, ang palakol ay nakataga na sa ugat ng puno. At bawat puno na hindi mamumunga, ay puputulin at ihahagis sa apoy. Tunay ko kayong binabautismuhan sa tubig, subali't may dumarating na Isa sa hulihan ko, na Siyang mas dakila kaysa akin; babautismuhan Niya kayo ng Espiritu Santo at Apoy. At nasa Kaniyang kamay ang Kaniyang pamaypay. Lilinisin Niyang lubos ang mga sahi.

At Kaniyang ba—...susunugin ang dayami; at kukunin ang trigo sa bangan.” Amen.

307 Iyan ay kung kailan ang mga dakong baku-bako ay ginawang patag, kita n’yo, subali’t hindi ito naunawaan ng mga tao. Subali’t ito’y sadyang tumugma sa Salita, sadyang tumugma sa paraang ito’y sinabi ng Salita. Napakasimple, na di nila nakita ito. Nalampasan nilang makita ito.

308 Huwag maging bulag. Nakita n’yo? Huwag maging bulag. Kaya, makinig, ngayon.

309 Hindi nila nakita ito. Siya’y napakasimple, para sa nakagawian nilang mga paniniwala sa isang taong gayon, na hindi niya nakita ito. Muli, ano nga iyon? Diyos, na siyang Salita, nagkukubli sa kasimplehan; hindi isang pari na ang kaniyang kuwelyo ay nakabaligtad, na matalino, edukasyon.

310 Tinanong sila ni Jesus ng gayun ding bagay. Sabi Niya, “Ano ang pinuntahan ninyo upang makita?” Nang dumating ang mga alagad ni Juan. Sabi, “Ano ang pinuntahan ninyo upang makita? Kayo ba’y nagtungo upang makita ang isang taong nadaramtan ng kasuotan ng isang saserdote, alam n’yo, at pinong kasuotan,” sabi Niya, “iyan—iyan—iyang—iyang uri ng isang mangangaral?” sabi Niya, “Kayo ba’y nagtungo upang makita iyan?”

311 Sabi, “Hindi. Silang klase ay humahalik sa mga sanggol, at, alam n’yo, at naglilibing ng patay. Sila, wala silang anumang nalalaman tungkol sa isang dobleng-hawak na tabak doon sa harapan ng pakikibaka. Sila’y naroon na may taglay na ilang katalinuhang pangungusap, sa ilang Samahang Kiwanis o isang bagay, alam n’yo. Sila’y mainam roon. Subali’t kapag dumating doon sa labanan, upang ito’y harapin, wala silang nalalaman tungkol dito. Sila—sila’y, sila’y nasa mga palasyo ng mga hari. Nahuhumaling sila sa gayong uri ng katanyagan.”

312 Ngunit sinabi, “Kung gayon ano ang inyong pinuntahan upang makita? Kayo ba’y nagtungo upang makita ang isang tambo na inuga ng anumang hangin? Isang tao na makapagsasabing...May isang magsasabi, ‘Alam mo, ikaw ay kabilang sa—kabilang sa mga Oneness; subali’t kung ikaw ay lilipat papunta rito sa mga Assemblies, sasabihin ko sa iyo kung ano ang gagawin ko, aming—gagawin namin itong...’ ‘Naniniwala akong gagawin ko iyan.’ Huh! Isang tambo, inuga? Hindi si Juan. Hindi, hindi. Hindi, hindi. ‘Kung ikaw ay paparito, maging isang Saduceo at hindi maging isang Pariseo, o isang bagay, pagkatapos?’ Hindi ninyo nakita ang sinumang inuga ng hangin; hindi si Juan.” Hindi, ginoo, kapatid; hindi siya.

313 Sabi Niya, “Kung gayon ano ang inyong pinuntahan upang makita? Isang Propeta?” Ito’y mangangailangan ng isang propeta upang gawin iyan, kita n’yo. Sabi Niya... Ngayon, iyan ang katibayan ng isang propeta, kita n’yo, ang Salita ng Diyos ay kasama niya. Ang Salita ay dumarating sa propeta. Kita

n'yo? Sabi, "Ano ang inyong pinuntahan upang makita? Isang propeta?" Sabi, "Oo, iya'y tama. Subali't, sinasabi ko sa inyo, higit pa sa isang propeta, sapagka't gayon nga siya."

³¹⁴ Bakit mas higit pa siya sa isang propeta? Siya ang sugo ng Tipan, tiyak na siya nga, upang magtulay ng daan sa pagitan ng kautusan at biyaya. Siya ang saligang bato, sa dako roon, na naipangusap.

³¹⁵ Sabi Niya, "Kung matatanggap ninyo ito, siya ito na, ipinangusap ng propeta, 'Narito,' sa Malakias 3, 'Aking isusugo ang Aking sugo sa Aking unahan, kita n'yo, at ihahanda niya ang daan sa harap Ko.'" Kita n'yo? Oh, siya'y napaka-simple. Ang Diyos muli ay nagkukubli sa kasimplehan.

³¹⁶ Pagkatapos masdan kung ano ang ginawa niya. Siya'y nangarang ng gayong isang makapangyarihang Cristong darating, "Hawak Niya ang Kaniyang pamaypay sa Kaniyang kamay. Kaniyang . . . Pinapaypayan Niya ang Kaniyang daan. Naku, ibig kong sabihin, lilinisin Niyang lubos ang Kaniyang mga sahi. Kukunin Niya ang basura, at wawalisin ito roon at susunugin ito, din. Iya'y tama. Titipunin Niya ang trigo at dadalhin ito sa loob ng bangan." Kita n'yo, siya ay inspirado.

³¹⁷ Subali't nang si Jesus ay dumating, naghihintay sila sa . . . At silang lahat na mga apostol, alam n'yo, naghihintay sila para sa isang dakilang bagay na darating. "Naku, naku! Oh, Siya ay darating. Iyan lamang ang mayroon dito. Naku, Magiging makapangyarihan Siya. Sisipain Niya silang mga Romano palabas sa mundo. Naku! Gagawin Niya silang mga Griego na magtungo sa daang *ito*, at mga Romano papunta *roon*, kapag Siya'y dumating."

³¹⁸ Nang Siya ay dumating, isang munting mapagpakumbabang tao na ipinagtulakan sa palibot mula sa isang panig patungo sa kabila. Ano nga ba iyon? Ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa kasimplehan. Oh, naku!

³¹⁹ Pagkatapos Siya ay tumayo sa katapusan ng Kaniyang Mensahe, at sabi, "Sino ang makahahatol sa Akin ng kasalanan? Lahat ng sinabi ng Biblia na Aking gagawin . . . Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon hatulan ninyo Ako. Subali't ano ang sinabi ng mga Kasulatan na Aking gagawin, ang hindi Ko nagawa?" Ang kasalanan ay hindi pagsampalataya, alam n'yo. "Sino ang makapagpapatang sa Akin? Kung Ako'y nagpapalayas ng mga diablo sa pamamagitan ng mga daliri ng Diyos, kung gayon ipakita sa Akin kung ano ang ginagawa ninyo tungkol dito." Kasimplehan!

³²⁰ Isinuko ang Sarili Niya maging sa kamatayan! Subalit, oh, sa umagang yaon ng Muling Pagkabuhay, aleluyah, iyu'y kung saan nilinis Niya ang giikan. Winalis Niya ang basura, mabuti, kapatid. Oo, ganoon nga. At ganap nang naselyuhan sa bangan ang trigo. Nakalatag doon sa lupa, na may Buhay

na Walang Hanggan na nakahimlay sa loob nito, naghihintay para sa dakilang Araw na yaon na ipangungusap natin, ang Pagdating ng Panginoon, kapag ang buhay na iyan ay dumating sa Buhay; at tayo'y babangon sa muling pagkabuhay na iyan, aagawing palayo kasama Niya sa alapaap, at matitipon sa loob ng Bangan. At masusunog ang basura sa dako roon; ang ipa na bumalot sa palibot, at nagsikap na hilahin Ito sa gawing *ito* o sa gawi *roon*, ay masusunog sa apoy na hindi mapupugnaw. Amen. Oh, hindi ba't Siya'y kahanga-hanga! [Kongregasyon nagsabi, "Amen."—Pat.]

321 Hindi nila Siya nakita, ang Diyos sa kasimplehan. Bakit? Bakit? Siya'y ni hindi man lamang nangaral sa mga terminong pansimbahan. Hindi Niya ginawa. Hindi Siya kailanman nangaral na tulad ng isang mangangaral. Kita n'yo? Siya'y nangaral tulad ng isang . . . Siya'y gumamit ng mga terminong ukol sa kasimplehan ng Diyos, ang mga terminong tulad ng "ang palakol ay nakataga na," ang mga termino ng mga "puno," ang mga termino ng "mga ahas." Hindi guro ng seminaryo, gaya ng mga eklesyastiko ng panahon, tulad sa isang Doktor ng Dibinidad, Doktor na *Ganito-at-ganiyan*. Hindi Niya ginawa iyon. Nangaral Siya tulad sa isang taong gubat sa dako roon kung saan. Nangusap Siya tungkol sa mga palakol, at mga punong kahoy, at mga serpiyente, at mga bagay tulad niyan, at trigo, at mga bangan, at lahat ng bagay tulad niyan. Siya'y maituturing, sa ngayon, palagay ko, na isang walang kuwentang mangangaral. Palagay ko tinawag Siya na isang "tuod na mangangaral" nang araw na iyon, nakatayo sa ibabaw ng isang tuod sa dako roon ng Jordan. Mara- . . . Ang Diyos sa kasimplehan, nagkukubli mula sa karunungan ng sanlibutan.

322 Ngayon alamin natin. Sabi ni Jesus, "Ako'y nagpapasalamat sa Iyo, Ama, Iyong inilihim ang mga bagay na ito sa matatalino ng sanlibutan, at ipahahayag yaon sa mga sanggol na matututo." Kita n'yo? Ang Diyos nagkukubli sa kasimplehan, kay Cristo. Ang Diyos nagkukubli sa kasimplehan, kay Juan. Kita n'yo? Lamang . . . Kita n'yo, Siya— Siya ay . . . Isipin lamang ito, ang Diyos sa kasimplehan, ikinukubli ang Kaniyang Sarili mula sa karunungan ng sanlibutan.

323 Ngayon magtatapos tayo, sa isang minuto lamang, o dalawa, pagkat hindi ko nais na panatilihin pa kayo ng matagal.

324 Tingnan, huminto tayo ng sandali lamang, isang bagay na pansarili. Isipin ang araw na kinabubuhayan natin upang tapusin na ito ngayon. Isipin ang araw na kinabubuhayan natin, nang ang Diyos ay bumaba sa isang maliit at lumang abang dako na ating pinanahanan, pinagagaling ang mga may karamdaman. At ang mayayaman, at ang mga palalo, at ang matataas ang pinag-aralan, "Mga Araw ng mga himala ay lumipas na. Walang gayong bagay gaya ng Banal na pagpapagaling."

325 Naaalala n'yo ba ang Mensaheng ipinangaral ko mula mismo sa ibayo rito sa bahagi ng lupang ito, nang umagang ako'y umalis, tungkol kay David at Goliath?

326 Sabi, "Papaano mo haharapin ang edukadong sanlibutan na naririyang, Kapatid na Branham, kasamang lahat ng Ito?"

327 Sabi ko, "Wala akong magagawa kung papaano ko ito haharapin. Sabi ng Diyos, 'Humayo.'" Kita n'yo? Iyan lamang, kita n'yo. Ito'y Kaniyang Salita. Ipinangako Niya Ito. Ang oras ay narito na.

328 Nang ang Anghel, na nakita ninyo sa larawan sa dako roon, bumaba roon sa ilog sa dako roon nang araw na 'yon, tatlumpung mga taon ang nakalipas nitong darating na Hunyo, o tatlumpu't tatlong taon ang nakalipas, nga pala, itong darating na Hunyo; at sabi, "Tulad ni Juan Bautista na isinugo," sa harap ng limang libong mga tao o higit pa, "ang oras ay dumating na kung saan ang iyong Mensahe ay lalaganap sa mundo."

329 Naaalala ba ninyo ang mga pagpuna, kung sinuman sa inyo ay naroon. Palagay ko, si Roy Slaughter, o ilan sa kanilang nakaupo rito, ay maaaring maalala ang araw; o ilan, Mrs. Spencer, o—o sinupaman marahil ilan sa mga datihang mga tao rito na marahil—marahil nalalaman, kita n'yo; si George Right, o ilan sa kanila, kita n'yo, ang nakakaalam niyan, kung papaano ito naganap. Subali't hindi ba't ginanap Nito iyon? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ginawa Nito iyon.

330 At pagkatapos sa kalagitnaan, nang tanggihan nila, at sabi, "Ito ay isang pangkaisipang pagpapagaling lamang." At ang Diyos ay pumihit pabalik at nagpadala ng isang matandang piping opossum doon, at pinagaling sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos.

331 Si Lyle Wood at si Banks, nang nakaupo kami sa dako roon, at alam ang Katotohanan na pinatunayan ng Diyos. Nang, isang munting, matandang patay na isdang minno, nakalutang sa tubig. At ang Banal na Espiritu ay nangusap, may isang araw bago iyon, ipapakita Niya sa kanila ang Kaniyang Kaluwalhatian at gagawa ng isang bagay tungkol doon. At doon nang umagang iyon, nakatayo roon, at ang Banal na Espiritu ay bumaba sa bangkang iyon, at ako'y tumayo at nangusap sa isdang iyon. At nakalutang ito roon sa tubig, patay, sa loob ng kalahating oras; ang mga hasang nito at mga bituka ay nahilang palabas sa bibig nito. Ito'y muling nabuhay, at lumangoy papalayo na kasing husay gaya ng alinmang ibang isda. Ano ito? Ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa kasimplehan.

332 Magagawa ng Diyos na makapagpalitaw sa mga batong ito ng mga anak ni Abraham. Magagawa ng Diyos na magpapagaling ng isang opossum, o isang isda, o anuman. Kung ipadadala Niya ang Kaniyang Mensahe, at ang mga tao ay hindi sasampalata

Rito, magagawa ng Diyos na magbangon ng isang opossum upang sampalatayanan Ito. Aleluyah! Kayang bumuhay ng Diyos ng isang isdang patay. Kaya Niyang buhayin ang isang patay na opossum. Kaya Niya. Kaya Niyang gawin ang anumang bagay na gusto Niyang gawin.

³³³ Anong pagsaway sa henerasyong ito! Nang matisod sila Rito, at magtalo tungkol Dito, at, “Hindi mo ginawa *ito* at ginawa *iyang*.” At nagpadala ang Diyos ng isang karaniwang hayop. Kita n’yo? Anong pagsaway! Ano nga ba ito? Ang Diyos sa kasimplehan, kita n’yo, ipinapakita ang Kaniyang Sarili na dakila, oh, naku, sinaway ang mga taong ito sa lahing ito, sa hindi nila pagsampalataya.

³³⁴ Ngayon, iniisip nila ngayon ang tulad sa laging inakala nila, kinakailangan itong mangyari sa sarili nilang paraan. “Ngayon, kung mayroong isang gayong bagay gaya sa Banal na pagpapagaling. . .” Tulad, isang taong Katoliko ay nagsabi sa akin ng ganito. Isang tao, noong isang gabi, nagsabi sa akin tungkol diyan. Alam n’yo ang tungkol doon. Sabi. . . Itong si Ayers, na pinuntahan ko para makita ang tungkol sa kaniyang anak na batang lalaki roon sa Houston, sabi niya—sabi niya, “Buweno, ngayon, kung—kung iyan ay isang kaloob ng Diyos, dapat itong dumating sa iglesyang Katoliko.” Nakita ninyo? Kita n’yo? Oo, ang mga Metodista inakalang Ito’y dapat na dumating sa kanilang iglesya. At ang mga Pentekostal inakalang Ito’y dapat na dumating sa kanilang iglesya. Subali’t Ito’y hindi dumating sa alinman sa kanila.

³³⁵ Ito ay dumating sa Kapangyarihan ng muling pagkabuhay ni Jesus Cristo na ipinahahayag ang Kaniyang Sarili. Iya’y tama. Tiyak, ginawa Niya. Oo. Masdan lamang Ito. Huwag hayaang lumampas Ito mula sa inyo. Panatilihin Ito sa ilalim ng inyong—inyong puso, at alalahanin Ito. Bulaybulayin Ito roon.

³³⁶ Kailangan itong dumating sa sarili nilang paraan, para sa kanilang, mula sa sarili nilang denominasyon. “At malibang gawin nito ang gayun, ito’y hindi Siya, kita n’yo. Ito ay sikolohiya lamang, o ito ay ang Diablo. Ito’y isang—ito’y isang. . . Hindi ito Diyos. Sapagka’t, kung ito nga ay Diyos, dapat Siyang dumating,” sa sarili nilang paraan, kita n’yo, “ang paraan na ipinaliwanag namin Ito.”

³³⁷ Iyan ang paraan na si Jesus ay kailangang dumating sa mga Pariseo. Dapat itong maganap sa gayong paraan. Kita n’yo? Kung ang kanilang. . . Kung ang Diyos ay magsusugo—magsusugo ng isang—isang Mesiyas, tapos na nila itong ipinaliwanag kung papaano Siya magiging gayon. At sapagka’t Siya ay dumating ng kakaiba, kung gayon, “Ito’y hindi Mesiyas. Siya ay isang bagay na anak sa pagkakasala. Siya ay isang Beelzebub.” Subali’t ito’y ang Diyos na nagkukubli sa kasimplehan.

338 Ang tagapagpauna ay kinakailangang maging isang tiyak na edukadong tao na ang kanilang... Buweno, isa, walang alinlangan... Bawat araw, bawat taon kapag sila'y, oo, nagtalaga ng kanilang mga ministro at isinugo sila bilang mga misyonero, upang manghikayat at magdala papasok; bawat isa'y nag-isip, "Ito na yaong magiging tagapagpauna na darating." Subali't ibinangon siya ng Diyos mula sa ilang kung saan walang anumang seminaryo man lang, kita n'yo, at mga bagay tulad niyan. Kita n'yo? Ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa kababaang-loob at sa kasimplehan.

339 Subali't maghintay ngayon. Sa pagtatapos, sasabihin natin ito. Subali't ang tumanggi sa simpleng Mensahe ng Diyos; ang—ang—ang tanggihan Ito, ang simpleng paraan ng Diyos, ay ang mapuksa ng Walang Hanggan. Ngayon, iya'y kung gaano... Nangungusap tayo kung gaano kasimple Ito, at iniisip ng mga tao, buweno, maaari nilang pagtawanan Ito at tapakan Ito, at tratuhin Ito sa anumang paraan na nais nila, subali't ito'y Walang Hanggang pagkahiwalay mula sa Diyos.

340 Yaong mga nangamatay sa mga araw ni Noe, at hindi nakinig sa mensahe niya, sila'y nangapahamak. At si Jesus ay nagtungo at nangaral sa kanila sa mga tanikala ng kadiliman, sa Kaniyang kamatayan, bago Siya nagbangon. At nagtungo Siya sa impiyerno, at nangaral sa mga espiritung nasa bilangguan, na hindi nagsipagsisi sa mahabang pagpapahinuhod sa mga araw ni Noe; habang ang isang simpleng mensahe ng Diyos, sa pamamagitan ng isang simpleng tao, ay naipangaral. Siya'y nagtungo. Sabi Niya, "Si Noe ay nangaral na Ako'y paririto, at narito Ako." Iya'y tama. Kita n'yo?

341 Yaong mga nabigong makinig sa mensahe ng propetang iyon, si Moises doon sa ilang, na natanggap niya mula sa Diyos, pinatunayang tama sa pamamagitan ng isang Haliging Apoy, at pinangunahan doon sa ilang. At pagkatapos nagsikap na magtayo at gumawa ng isang samahan sa pamamagitan nito, at nangapahamak sila at nangamatay roon sa ilang, bawat isa sa kanila; maliban sa dalawang tao, si Joshua at Caleb.

342 At sa dako roon, ang—ang mga Pariseo ay napaka-bulag na hindi nila makita iyan, kaya lumingon sila at nagsabi, "Ang aming mga magulang ay kumain ng mana, kumain ng mana sa ilang."

343 At sabi ni Jesus, "At sila ay, bawat isa, ay nangamatay." Nakita nila ang Kaluwalhatian ng Diyos. Lumakad sila sa Liwanag ng... Lumakad sila sa Liwanag. Lumakad sila sa Liwanag ng Haliging Apoy. Lumakad sila sa Presensiya ng kapangyarihan Nito. Lumakad sila sa mga dako na ginawa ng Banal na Espiritu para sa kanila upang lakaran. Kinain nila ang mana na nahulog mula sa Langit, na inilaan ng Diyos. At, nangapahamak, at nagtungo sa impiyerno. "Sila'y, bawat

isa, *nangamatay*.” Kung kukunin n’yo ang salitang iyan, ito’y “Walang Hanggang mga pagkahiwalay” mula sa Presensiya ng Diyos. Sila’y, bawat isa, nangamatay.” Kita n’yo?

³⁴⁴ Bawat isa na tumanggi kay Jesus ay nangapahamak. Nakita n’yo ang ibig kong sabihin? Ang tanggihan iyang kasimplehan ng Diyos! Ito’y hindi lamang isang bagay. . . Sasabihin n’yo, “Buweno, nakagawa ako ng isang pagkakamali.” Hindi ninyo gagawin ito sa gayong paraan. Hindi ito tinatanggap ng Diyos sa gayong paraan. Mapapahamak ka, ng Walang Hanggan. Makabubuting mag-isip-isip tayo ng tungkol sa isang bagay. Ngayon, kailangan itong maging wastong maipakilala sa pamamagitan ng Diyos, kita n’yo, at pagkatapos, kung ito nga, ito’y Salita Niya. Kita n’yo? Oh! Tulad ng mga iyon na tumanggi kay Moises, tumanggi kay Elias, tumanggi kay Juan, tumanggi kay Jesus, sa kanilang mga araw.

³⁴⁵ Dito, hayaan lamang sabihin ko sa inyo ang isang munting bagay. At, pagkatapos, umaasa ako na hindi ako makakasakit ng labis. Subali’t, tingnan. Noong isang araw tinawag ako patungong Houston, Texas, upang sikaping makakuha ng isang pagpapatawad. Sa pamamagitan ng sama-samang pagtitipon ng ilang mga tao, upang makapangaral ng isang mensahe, at makakuha ng mga tao roon upang lumagdas sa isang pagpapatawad sa—sa binatang ito at dalaga. Alam ninyo nasangkot sila sa kaguluhang iyon. Palagay ko nabasa ninyo ang tungkol roon sa pahayagan. At iyon ay anak na lalaki sa unang asawa ni G. Ayers.

³⁴⁶ At si G. Ayers ang siyang kumuha ng larawan sa Anghel ng Panginoon, na nakikita ninyo mismo roon. Isang Romano Katoliko; at ang asawa niya ay isang Hudyo. At pinakasalan niya itong babaeng Hudyo. Hindi sila nag-uusap ng relihiyon sa bawat isa, at iba pa, tulad niyan. At si Ted Kipperman, na kasama rin naman niya sa trabaho, kanila ang Douglas Studios.

³⁴⁷ At nang pumunta siya banda roon, kung saan si G. Best, Dr. Best, ng iglesyang Baptist, iniamba ang kaniyang kamao sa ilalim ng ilong ni Kapatid na Bosworth, at pinanginig ito, at sabi, “Ngayon kunan n’yo ako ng larawan, na ginagawa iyan.” Sabi, “kukunan ko ang sariling larawan ng matandang iyan at isasabit ito roon sa silid-aralan ko, bilang isang alaala sa Banal na pagpapagaling.”

³⁴⁸ At bago ako nagtungo sa Houston, Texas, nagsabi sa akin ang Panginoong Diyos na magtungo roon. At ako’y naroon sa Pangalan ng Panginoon. At alam ninyong lahat ang debate at mga bagay na naganap. Nabasa ninyo ito sa mga aklat, at iba pa. At naroon ito. At nang gabing iyon. . . Ay pinagsikapan na lumakad ng tanging may kapakumbabaan.

³⁴⁹ “Bakit,” sabi nila, “sila’y isang lupon ng mga mangmang.” Sabi ni Dr. Best, “Wala silang anuman kundi isang lupon

ng mga mangmang.” Sabi, “Walang gayong uri ng mga tao na sumasampalataya sa Banal na pagpapagaling, bagay tulad niyan. Iya’y isang lupon ng mga mangmang.” Hindi nila alam na iyon ay ang Diyos sa kasimplehan. “Bakit,” sabi, “ang tao’y ni hindi man lamang nakapasok sa isang paaralang edukasyon ng gramatika.”

350 Napapalamutian siya ng lahat ng mga iskolar sa digri na makukuha niya, hanggang sa inakala niya na magagawa niyang talunin si Kapatid na Bosworth, sa anumang paraan. Subali’t pagdating sa Salita, hindi man lamang siya naging isang kasukat sa laban kahit kaunti para sa kaniya. Kita n’yo? At alam ni Kapatid na Bosworth kung saan siya nakatayo. Marami sa kaniyang mga tao, na nakaupo rito mismo, ay naroon noon sa debate. At naroon nga ito.

351 Pagkatapos siya’y basta na lamang nagparinig sa amin, nagsasabing kami ay isang lupon ng mga mangmang. Sabi, “Ang mga taong desente ang pag-iisip ay ni hindi man lamang sinasampalatayanan iyan.”

352 Sabi ni Kapatid na Bosworth, “Sandali lamang.” Sabi niya, “Gaano karaming mga tao sa lungsod na ito,” mga tatlumpong libo ng gabing iyon, nakaupo na kasama namin tulad niyan, “Ilang mga tao sa lungsod na ito rito, na nagtutungo rito sa mga malalaking, mainam na mga simbahang Baptist, ay magagawang magpatunay sa pamamagitan ng pahayag ng isang doktor na sila’y pinagaling sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos magmula nang si Kapatid na Branham ay pumarito sa lungsod, magsitayo.” At tatlong daan ay nagsitayo. “Ano ang tungkol diyan?” Hayan nga ito. Ang Diyos ay nagkukubli sa kasimplehan. Pagkatapos sabi niya, “Kapatid . . .”

353 Sabi Niya, “Ilabas ang Banal na tagapagpagaling. Hayaang makita ko siya na hipnotismuhin ang isang tao, pagkatapos ay hayaang tingnan ko sila sa isang taon mula ngayon.” At si Ted Kip- . . .

354 At si Ayers doon, ang mismong kumuha ng larawan, sabi, “Si G. Branham ay walang iba kundi isang tagahipnotismo. Nakita ko ang isang babae, may bosyo sa lalamunan niya, tulad *niyan*, at,” sabi, “hinipnotismo niya ang babaeng iyan. Nang sumunod na araw kinausap ko siya, at wala siyang anumang bosyo.” Sabi, “Hinipnotismo siya ng lalaki.” At, oh, nilibak lamang niya ako. Sabi dapat akong itaboy palabas ng lungsod, at siya dapat ang tao na gumawa nito, kita n’yo, at lahat tulad niyan. Malalaking mga linya sa harapan ng pahina ng *Houston Chronicle*.

355 Hinding hindi ako nagsalita ni isang salita. Naroon ako upang gawin ang gawain ng aking Ama, at iyan lamang; manatili sa Salitang iyon. Sinugo Niya ako roon, at ito’y Kaniyang gawain.

³⁵⁶ Noong gabing iyon nang ako'y lumakad patungo roon, sabi ko, "ako—ako—ako—ako'y hindi Banal na tagapagpagaling. Ako'y hindi. Kung sinuman ang nagsasabi niyan," sabi ko, "sila'y mali." At sabi ko, "hindi ko nais na tawaging isang Banal na tagapagpagaling." Sabi ko, "Kung si Dr. Best dito ay nangangaral ng kaligtasan, kung gayon hindi niya nais na tawagin siyang isang Banal na Tagapagligtas." At sabi ko, "Kung gayon, ako'y nangangaral ng Banal na pagpapagaling, hindi ko nais na tawaging Banal na tagapagpagaling. Subali't sinasabi niya na hindi siya isang Banal na Tagapagligtas; tiyak, hindi nga siya. Maging ako man ay hindi isang Banal na tagapagpagaling. Subali't, 'Sa pamamagitan ng kaniyang mga latay tayo'y pinagaling,' Ako'y tumutukoy tungkol Diyan." Kita n'yo?

At kaya, siya, "Walang kabuluhan!" Alam n'yo, ay lumakad palibot.

³⁵⁷ At sabi ko, "Ngunit kung ang Presensiya at ang kaloob na ito ng Diyos, itong Anghel ng Panginoon, kung Iyan ang nasa katanungan, Iyan ay mapapatunayan." Mga ganoong oras, heto siya'y dumarating, umiikot pababa. Sabi, "Hindi na kailangang mangusap pa ngayon. Siya ay nangusap na para sa akin." At ako'y umalis.

³⁵⁸ At nagtungo ako sa Houston, ang malaking lungsod na iyan, isa sa mga pinakamagandang lungsod na mayroon sa bansa, kahit saan. Nang naglakad ako roon, noong isang araw, isang kahihiyan ang tumingin sa lungsod na iyan. Ang mga lansangan ay marurumi. Ang mga despatso ng mga dako, patungo roon mismo sa Texas Avenue; at pumasok ako ng Rice Hotel, kung saan ang mga artista sa pelikula ay dating nanuluyan, at nagpunta ako pababa roon sa silong na iyan, iyang kapiterya, at bumabagsak na ang kisame, at plaster sa sahig, at mabaho at marumi. At kaguluhan sa gitna ng mga mangangaral tulad ng hindi ko pa o kailanman narinig sa buhay ko.

³⁵⁹ Bakit? Ang tanggihan ang Liwanag ay ang lumakad sa kadiliman. Naroon nakaupo ang mga anak nila sa hanay ng kamatayan. Tama. Bumaba ang Diyos. Nang naipakita ang kasimplehan at tinanggihan, pagkatapos ipinakita ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa kasimplehan.

³⁶⁰ At doon kinuha nila ang larawan na iyan na ganap na nilibot ang mundo. Maging ang mga siyentipiko ay nagsabi na Ito lamang ang tanging supernatural na Persona na nagawang kunan ng larawan sa lahat ng kasaysayan ng mundo; at nakasabit sa Washington, D.C., doon sa bulwagan ng mga maka-relihiyong sining. Naroon ito, nahayag na kasimplehan, pagkatapos. Kita n'yo? Kita n'yo? Ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa kasimplehan, pagkatapos inihahayag ang Kaniyang Sarili. Kita n'yo?

361 Ngayon, Ikinubli Niya ang Sarili Niya sa kamatayan ni Cristo, subali't inihayag ang Kaniyang Sarili sa muling pagkabuhay. Oh, naku! Iba pa, inyong, tayo lamang... magagawa nating... Walang katapusan ito; patuloy lamang na sabihin. Subali't hayun na kayo, kita n'yo.

362 Ang tumangging sabihing mayroong sikat ng araw, ay ang magtungo sa silong at ipikit ang inyong mga mata mula sa liwanag. At iya'y tama. At, alalahanin, ang tanging paraan na ikaw ay magiging mali, ay una ang tanggihan ang tama. Kita n'yo? At ang tanggihan na buksan ang iyong mga mata, ikaw ay mamumuhay sa kadiliman. Kita n'yo? Kung ikaw lamang ay tatangging tumingin, papaano kang makakakita? Kita n'yo? Masdan ang mga simpleng bagay. Ito'y ang mga maliliit na bagay na iniwan ninyong hindi tapos, hindi ang mga malalaking bagay na inyong pinagsisikapang magawa—gawin. Oh, naku!

363 Pagkatapos, tumingin dito, hayaang sabihin ko sa inyo. Sa Mal... sa Mateo 11:10, sabi Niya, "Kung inyong matatanggap ito, ito nga siya." Kita n'yo? "Ito nga siya na yaong isinugo sa unahan Ko." Ito ay kasimplehan.

364 Naitanong sa Kaniya isang araw, sabi, "Bakit sinasabi ng mga eskriba kung gayon na..."

365 Siya, sinabi Niya, "Ang Anak ng tao ay magtutungo sa Jerusalem. Ako'y mapapasa mga kamay ng mga makasalanan, at kanilang papatayin ang Anak ng tao. At Siya'y mamamatay, at sa ikatlong araw Siya'y magbabangon muli." Sabi, "Huwag sasabihin kaninuman ang pangitan, sa itaas doon."

366 At ang mga alagad, ngayon isipin ito, mga alagad na lumakad kasama ni Juan, nakipag-usap sa kaniya, kumain kasama niya, doon sa ilang, nakaupo sa pampang, pagkatapos sabi nila, "Bakit sinasabi ng mga tagapagturo na si Elias ay dapat na maunang dumating? Sinasabi Mo na Ikaw ay paroroon upang maipako sa krus, at magbabangon. Ikaw ang Mesiyas, kunin ang trono. Ngayon bakit sinasabi ng mga eskriba... Lahat ng ating mga Kasulatan ay nagsasabi rito, ang mga Kasulatan ay malinaw na nagsasabi, na, bago ang Cristo ay dumating, na si Elias ay darating muna." Oo. Kita n'yo?

367 Sabi Niya, "Siya'y dumating na, at hindi n'yo nalaman ito." Ngayon, sino ba iyan? Mga Alagad.

368 Ako'y makakasakit dito, ng kaunti lamang ngayon, subali't hindi sinasadya ito, kita n'yo; para sa susunod na ilang minuto, kita n'yo, isang minuto lamang, o dalawa, subali't upang inyong tiyak na maunawaan. Naririnig n'yo ba ako? [Kongregasyon nagsabi, "Amen."—Pat.]

369 Tingnan! "Bakit?" Silang mga taong yaon na lumakad kasama ni Cristo, "Bakit sinasabi ng mga Kasulatan, una, sinasabi na si Elias ay kinakailangang dumating muna?" At sila'y mga sariling kumbertido ni Juan, at ni hindi man lamang

siya nakilala. “Bakit sinasabi ng mga Kasulatan, ang mga tagapagturo?” Nakikita n’yo ang ibig kong sabihin? Kita n’yo? “Bakit sinasabi ng mga Kasulatan na si Elias ay kinakailangang pumarito muna?” Mga Alagad na lumakad kasama niya, “Bakit sinasabi ng mga Kasulatan na siya’y kinakailangang pumarito muna, bago ang mga bagay na ito, at ipanumbalik sa dati ang lahat ng mga bagay?” Kaniyang ginawa, sa mga kalahating dosenang mga tao, at iyon lamang lahat ang mayroon. Kita n’yo? Iyan lamang lahat ang naipagpalagay upang tumanggap nito. Iyan nga kung ano ang naitalaga upang makita ito.

³⁷⁰ Sabi ni Jesus, “Siya’y dumating na, at hindi n’yo nalaman ito. Subali’t kaniyang ginawa lamang kung ano ang sinabi ng mga Kasulatan na kaniyang gagawin. Kaniyang muling ipinumbalik sila, kayong lahat na tumanggap sa Akin at sumasampalataya sa Akin. Kaniyang ginawa ng tamang-tama kung ano ang sinabi ng mga Kasulatan na gagawin niya. At kanilang ginawa sa kaniya kung ano ang sinabi ng mga Kasulatan na kanilang gagawin. Siya’y dumating na, at hindi n’yo nalaman ito.”

³⁷¹ Handa na ba kayo? Nais ko kayong gulatin ng kaunti. Ang Pag-agaw ay magiging sa gayon ding paraan. Ito’y magiging napakasimple, walang pag-aalinlangang ito’y magiging gayon din, hanggang sa ang Pag-agaw ay darating isa sa mga araw na ito at walang sinumang makakaalam tungkol dito. Ngayon, huwag, huwag, huwag kayong tumayo ngayon, subali’t pag-aralan lamang ninyo ng sandali. Ako’y tiyak na magtatapos na. Ang Pag-agaw ay darating sa gayong simpleng paraan hanggang sa ang mga paghahatol ay magsisibagsak, at kanilang makikita ang Anak ng tao, at kanilang sasabihin, “Hindi ba’t dapat tayong magkaroon ng *ganito-at-gayon*? At hindi ba’t dapat magkaroon ng Elias na isinugo sa atin? At hindi ba’t dapat mayroong isang Pag-agaw?”

³⁷² Sasabihin ni Jesus, “Ito’y nangyari na, at hindi n’yo nalaman ito.” Ang Diyos sa kasimplehan. Kita n’yo?

³⁷³ Ngayon, sa linggong ito dadako tayo sa ilang lubhang malalim na pagtuturo sa...?..Ngayon, pansinin, ang Pag-agaw, ay magiging napakakaunti ang sasama sa Nobyang iyan! Hindi ito magiging... .

³⁷⁴ Ngayon tingnan kung papaanong nakuha ito ng mga tagapagturo? Mayroon silang mga pisara, at nagtungo sila, ipapakita sampung milyong mga tao na dumarating papunta rito; lahat ng mga Metodista, kung isa itong Metodistang mangangaral; kung isa itong Pentekostal, lahat ng mga Pentekostal darating. Hindi ito mangyayaring gayon.

³⁷⁵ Ito’y magiging, marahil isa ay lilisan sa Jeffersonville, isang tao lamang ang masusumpungang nawawala. Sasabihin nila, “Buweno, hindig—hindi ninyo...” Walang malalaman ang

ilan sa kanila. Magkakaroon ng isang aalis sa Georgia. Kita n'yo? Magkakaroon ng isang aalis sa Africa. At sabihin nating magkakaroon ng limang daang mga tao, ang nabubuhay, ang sasama sa pagbabago. Ngayon, hindi iyan— hindi iyan ang iglesyang katawan. Ito ay ang Nobya. Hindi iyan ang iglesya. Ito ay ang Nobya. Kita n'yo?

³⁷⁶ Ang—ang iglesya ay lilitaw sa pamamagitan ng mga libu-libo, subali't iya'y sa susunod na muling pagkabuhay. “Hindi sila nangabuhay sa loob ng isang libong mga taon.” Kita n'yo?

³⁷⁷ Subali't, sa Nobya, kung limang daang mga tao ang lumisan sa mundong ito sa sandaling ito mismo, ang sanlibutan ay walang anumang malalaman tungkol dito. Sabi ni Jesus, “Magkakaroon ng isa sa higaan; at kukunin ko ang isa, iiwan ang isa.” Sa oras iyan ng gabi. “Magkakaroon sila ng dalawa sa bukid,” sa kabilang panig ng mundo, “Kukuha ako ng isa at iiwan ang isa. At kung papaano ang nangyari sa mga kaarawan ni Noe, ay gayon din naman sa pagparito ng Anak ng tao.”

³⁷⁸ Isipin! Lahat ng bagay ay kikilos lamang ng kasing karaniwan tulad sa kung ano ito. Isang panatikong Mensahe ay magdaraan, at, ang unang bagay alam n'yo, isang bagay, “Ang ministrong ito, nagtungo kung saan, siya'y hindi na nagbalik. Siya marahil ay nagtungo sa mga kakahuyan, naghahanting. Siya lamang ay hindi na bumalik kailanman. At ang taong *ito* ay nagtungo sa kung saan. Alam n'yo kung ano ang nangyari? Naniniwala akong, ang batang babaeng iyan, siya—siya marahil ay inagaw palayo kung saan, alam n'yo, isang tao'y kinuha iyang batang babae palayo at ginahasa siya, marahil ay itinapon siya sa ilog. Wala siyang sinumang kasama.” Kalahati nito... siyamnapu't siyam mula sa bawat... Maaaring masabing isa mula sa bawat isandaang mga milyon ay makakaalam ng anumang bagay tungkol dito; kita n'yo, liban na may isang tao na nakakabatid sa kaniya, sasabihin, “Ang batang babae ay nawawala. Bakit, hindi ko maunawaan. Hinding-hindi pa siya umalis tulad niyan.” Hindi.

³⁷⁹ At kung sabihin nilang, “Ang—ang mga libingan ay bubukas.” Papaanong mangyayaring mabubuksan ang mga libingan? Kapag, ako—wala akong oras upang dumako para dito, kung ano ang nais ko. Kukunin ko lamang ito, kita n'yo, upang ipakita lamang sa inyo ang kasimplehan ng Diyos. At ang calcium na iyan, potash, at lahat ng bagay, kapag— kapag... Lahat ng bagay na nasa inyo, sa mga materyal, gagawa lamang ng isang kutsarang puno. Iya'y tama. At ano ang gagawin niyan, papasok iyan na muli sa espiritu at buhay. Mangungusap lamang ang Diyos, at ang Pag-agaw ay darating. Ito'y hindi tutungo sa labas roon, at ang mga Anghel ay bababa at papalahin ang mga libingan, at palalabasin ang isang matagal nang patay na bangkay rito. Ano nga ito? Ito'y ipinanganak sa kasalanan, sa simula pa. Subali't, Isang bago, ginawa ayon sa gayong

larawan, alam n'yo. Kita n'yo? Kung nasa atin *ito*, muli tayong mamamatay. Kita n'yo? Walang sinumang. . . Sasabihin ninyo, "Ang mga libingan ay bubukas. Ang mga Patay ay lalakad palabas." Iyan marahil ay totoo, subali't hindi bubukas sa paraang sinasabi ninyong bubukas. Kita n'yo? Iya'y tama. Kita n'yo? Hindi ito magiging tulad niyan.

³⁸⁰ Ito'y magiging isang lihim, sapagka't sinabi Niyang Siya'y darating "tulad sa isang magnanakaw sa gabi." Naipangusap na Niya sa atin ito. Ang Pag-agaw.

³⁸¹ Pagkatapos ang mga paghatol ay babagsak; kasalanan, mga salot, karamdaman, at lahat ng bagay. At ang mga tao'y tatangis upang kunin sila ng kamatayan, kapag ang paghatol. "Panginoon, bakit nasa amin ang paghatol, samantalang sinabi Mo na magkakaroon muna ng isang Pag-agaw?"

³⁸² Sasabihin Niya, "Ito'y dumating na, at hindi n'yo nalaman ito." Kita n'yo? Ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa kasimplehan. Oh, naku! Mabuti. "Iyan lamang iya'y tapos nang nangyari, at hindi n'yo nalaman ito."

³⁸³ Bakit hindi masampalatayanan ng mga mananampalataya ang simpleng mga tanda ng Kaniyang Pagdating?

³⁸⁴ Umaasa sila sa lahat ng mga bagay na ito na ipinangusap sa pamamagitan ng Kasulatan, at—at lulubog ang buwan sa kalagitnaan. . .o ang araw, sa kalagitnaan ng araw, at magkakaroon ng lahat ng mga uri ng mga bagay. Oh, kung tayo lamang ay mayroong. . .Nasa akin ang mga tala na naisulat ukol dito, kita n'yo, upang ipakita kung ano yaong mga bagay na iyan. At kukunin natin ito roon sa pagbubukas nitong mga Tatak ngayong sanlinggo, kahit papaano, kita n'yo. Kita n'yo? Hayun na ito, kung saan lamang ito'y tapos nang lumipas, at hindi n'yo nalaman ito. Tingnan kung ito nga, kung ang Anghel ng Panginoon ay bubuksan yaong mga Tatak para doon. Alalahanin, ito'y natatakan kasama yaong mga Pitong mahiwagang mga Kulog. Kita n'yo?

³⁸⁵ Ngayon ano? Bakit hindi magawang sampalatayanan ng mga tao ang payak na kasimplehan ng isang mapagpakumbabang lupon ng mga tao, kita n'yo, at ang—ang Tinig ng mga tanda ng Diyos? Bakit hindi nila magawang sampalatayanan ito? Tulad lamang na ito'y laging nagaganap, ang tunay na Salita ng Diyos na ganap na nahayag. Ito'y, sila ay labis na matalino at sobrang edukado upang sampalatayanan ang simpleng anyo ng naisulat na Salita. Gusto nilang ilagay ang sarili nilang pagpapaliwanag ukol Dito. "Hindi ganito ang ibig sabihin *nito*. Hindi ganiyan ang ibig sabihin *niyan*." Kita n'yo? Ganito ang ibig sabihin Niyan.

³⁸⁶ Makinig. Maari bang sabihin ko ito, ng madali ngayon. Kahit ang mga pangitain na ibinibigay ng Diyos dito sa dakong ito, ito'y labis na hindi nauunawaan. Iyan ang dahilang maririnig n'yo ako sa mga teyp, nagsasabing, "Sabihin kung ano ang

sinasabi ng mga teyp. Sabihin kung ano ang sinasabi ng pangitain.” Ngayon, kung gising na gising kayo, makikita ninyo ang isang bagay. Kita n’yo? Umaasa akong hindi ko kailangang hawakan ito sa aking kamay at ipakita sa inyo. Kita n’yo? Kita n’yo? Kita n’yo? Kayo’y . . . Ito’y—ito’y narito. Tayo’y nasa wakas. Kita n’yo? Opo, ginoo. Di ito makita ng matalinong pagtuturo. Ang simpleng mga pangitain, kapag sila’y inihayag sa gayong kasimplehan, hanggang sa ito ay tumakip sa dakong itaas ng mga ulo ng mga tao. Kita n’yo?

³⁸⁷ Sapagka’t nakita ko ang pangitain, sinabihan kayong lahat tungkol sa pagpunta roon sa paghahanting, at, alam n’yo, iyan lamang ay nagpatisod sa mga tao. At doon isinugo ito ng Diyos doon para sa mismong layunin, at bumalik at ipinaliwanag ito mismo sa palibot, ipinapakita ang paglisan ng aking ina, at mga bagay tulad niyan. At pagkatapos bumalik at sinabi ito, bago pa man. At nangyari ito ng tamang-tama lamang sa paraang sinabi Niyang magaganap ito. Kita n’yo?

³⁸⁸ At, gayun man, si Juan ay dumating mismo roon at nagtapat. Sabi niya, “Hindi ako ang Mesiyas, subali’t ako ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang.”

³⁸⁹ At pagkatapos sila na mismong mga alagad ay nagsabing, “Bakit nga, sinasabi ng mga eskriba na ang Kasul- . . . ang Kasulatan ay nagtuturo na si Elias ay kinakailan munang dumating?” Kita n’yo? Ang kasimplehan ng Diyos ay nagtutungo, nabubunot lamang mismo sa dakong itaas ng ulo ng mga tao.

³⁹⁰ Hayaang kunin ko ito, at pagkatapos magtatapos. Gagawin ko, sa tulong ng Diyos. Kita n’yo? Tingnan. Ngayon ipaliwanag natin ito ng lubusan. Pagkatapos, ako’y—ako’y ipagpaumanhin sa palaging pagsasabi sa inyong lahat na ako’y matatapos, at pagkatapos . . . Tingnan. Ikinalulungkot kong pinatagal kayo. Subali’t, mga ilang oras lamang, babalik tayo.

Tingnan, kumuha tayo ng isang simpleng patak ng tinta.

³⁹¹ Lahat ng bagay ay para sa isang layunin. Nagkatipon kayo rito ngayong umaga para sa isang layunin. Kumakain ako sa inyong bahay, Charlie; Nellie, nagluto kayo para sa akin, para sa isang layunin. Ako . . . Lahat ng bagay ay para sa isang layunin. Itong simbahan ay naitayo para sa isang layunin. Walang anumang bagay na walang layunin at dahilan.

³⁹² Kunin natin ang simpleng patak ng tinta ngayon. Naririnig n’yo ba ako? [Kongregasyon nagsabi, “Amen.”—Pat.] Kunin natin ang simpleng patak ng tinta at tingnan ito. Ano ba ito? Isang patak ng tinta. Saan nga ba ito nagmula? Mabuti. Kunin natin itong patak ng tinta ngayon, ito’y, at sabihing ito’y tintang itim. Ngayon, ang tintang iyan ay para sa isang layunin. Maisusulat nito ang kapatawaran ko sa isang pen- . . . mula sa isang bilangguan. Magagawa nitong isulat ang aking

kapatawaran mula sa isang selda ng kamatayan. Iya'y tama? Magagawa nitong isulat ang Juan 3:16, at iligtas ang kaluluwa ko sa pamamagitan ng pagsampalataya Rito. Iyan ba'y tama? ["Amen."] O, magagawa nitong ilagda ang aking kahatulan ng kamatayan. Kita n'yo? Magagawa nitong hatulan ako roon sa Baranda ng Paghatol. Ito'y para sa isang layunin. Iyan ba'y tama? ["Amen."]

³⁹³ Buweno, tingnan natin ang munting tintang iyan at alamin kung saan ito nagmula. Ngayon, ito'y tinta. Pinagsama-sama ito, at mga kemikal at iba pa, hanggang sa maging tinta ito. At ito'y itim. Ipatak ninyo ito sa mga damit ninyo, ito'y magmamantsa rito.

³⁹⁴ Subali't tayo'y nakagawa ng isang bagay na tinawag na pampaputi. Kayong mga kababaihan ay gumagamit ng pampaputing Clorox. Buweno, kukunin ko iyang isang patak ng tinta at ipatak ito sa loob ng isang batya ng—ng pampaputi, ngayon ano ang nangyari sa tinta? Kita n'yo? Bakit? Ang pampaputi ay nagawa, naimbento at ginawang mga kemikal, sama-sama, na magagawang tunawing lubos iyang pang-kulay hanggang sa hindi n'yo masumpungan ito. Ngayon, ang bahagi ng pampaputi ay tubig.

³⁹⁵ Ang tubig ay H₂O, na siyang hydrogen at oxygen. At kapuwa ang hydrogen at oxygen, kapuwa, ay mga mapanganib na pampasabog. At, pagkatapos, ang hydrogen at oxygen sa totoo ay mga abo. Iya'y kung ano ito, iya'y tama, mga abong kemikal, mga abong kemikal lamang. Ngayon, ngayon pagsama-samahin ito, at mayroon kayong tubig. Subali't, paghiwalayin ito, mayroon kayong hydrogen at oxygen, at patuloy lamang na bumabalik.

³⁹⁶ Ngayon, sa pagkuha rito, kunin natin...At hindi ko magagawa. Ngayon marahil mayroong mga kimikong nakaupo rito. At ngayon nais kong sabihin ito, pagka't mayroon—mayroong mga kimiko na dirinig dito, hindi ko alam ang pormula. Subali't nais ko lamang na ipaliwanag ito sa sarili kong mapagpakumbabang sariling paraan, nagtitiwala na ang Diyos ay magpapahayag ng Kaniyang Sarili sa loob nito.

³⁹⁷ Tingnan, ipapatak ko iyang patak ng tinta sa isang—isang—isang pampaputi. Anong mangyayari? Agad-agad ang mantsang itim ay nawala. Hinding hindi na ninyo ito matatagpuan pang muli kung gagawin ninyo, ito'y wala na. Hindi na ninyo makikita ito kailanpaman. Anong nangyari? Ngayon, wala kayong makikitang anuman na lalabas mula rito. Wala kayong makikita. Bakit wala na kayong makikita? Sapagka't ito'y natunaw na.

³⁹⁸ Ngayon, ang siyensiya ay magsasabing, "Ito'y nanumbalik sa dati nitong mga asido."

³⁹⁹ Ano ang dating pinagmulan ng mga asido? Kita n'yo? Aba, sasabihin ninyo, "Ito'y galing mula—mula sa tiyak na mga

bagay.” O sige. Sabihin, halimbawa, tulad ng, “Mga usok ang lumilikha ng mga asido.” Saan galing ang mga usok? “Aba, ito’y galing, sabihin nating, ang mga usok ay likha ng mga molekula.” Saan nanggaling ang mga molekula? “Mula sa mga atomo.” Saan nanggaling ang mga atomo? “Mula sa mga elektroniks.” Saan nanggaling ang mga ito? “Cosmicong liwanag.” Kita n’yo, babalik kayo deretso sa isang nakaraan na pagsasaliksik, ng mga kimiko, ngayon. At, kung ito ay isang materyal at isang paglalang, ito’y dapat manggaling mula sa isang Manlilikha.

⁴⁰⁰ Kaya, hindi kayo nakaupo rito sa pamamagitan ng pagkakataon. Hindi ako nagtatagal hanggang ikalabing dalawa’t kalahati, o ala-una, na nagkataon. “Ang mga hakbang ng matuwid ay itinalaga ng Panginoon.” Kita n’yo? Mayroon itong ilang kadahilanan para dito. Mayroong ilang kadahilanan para sa inyo upang sumampalataya. Mayroong ilang kadahilanan para sa inyo upang hindi manampalataya. Tulad lamang sa—sa tintang iyan.

⁴⁰¹ Ngayon ipaliwanag natin iyan. Ngayon, ang unang bagay, sabihing, pagkatapos nating bumalik upang... Dadalhin natin ito pabalik hanggang sa mga molekula. Ngayon, kinuha natin ang molekula, sasabihin kong, bilang na 1 imultiplika sa molekula 9, imultiplika sa molekula 12. Ngayon, kung ito’y naging 11, ito’y maaring lumabas na pula. Subali’t ito’y—ito’y dapat maging 12, upang gumawa ng itim.

⁴⁰² Pagkatapos dadalhin natin iyan pababa sa atomo. Ito’y ang atomo. At 96 imultiplika sa +43, katumbas na atomo ng mga ito ay 1611. Kung ito’y naging 1612, ito marahil ay naging violet. Kita n’yo? Pagkatapos patuloy ninyo itong ipaliwanag pababa.

⁴⁰³ Ito’y nagpapakita na mayroong isang bagay roon sa nakaraan, na pinagmulan. Iya’y karaniwang pang-unawa lamang. Ito’y isang paglalang. Ito’y nararapat na magkaroon ng isang Manlilikha. At ito’y lumabas mula sa isang Manlilikha, at pagkatapos ito’y naitakda at inilagay sa mga ito, na iba. Ngayon, ang siyensiya ay hindi magawang kumuha ng atomo B16 imultiplika sa 12, imultiplika sa 14, imultiplika sa anupaman, palabas tulad niyan, upang gawin iyan. Kailangang gawin iyan ng Diyos.

⁴⁰⁴ At pagkatapos ito’y dinala pababa sa isang dako hanggang sa kung saan ito’y bumaba sa mga atomo, pagkatapos ay makakaya na ng siyensiyang hipuin ito. Pagkatapos ito’y lumabas sa mga molekula, pagkatapos maaari na nilang makita ito ng mas mabuti. Pagkatapos ito’y dumating pababa, mula riyan, sa iba pang bagay. Pagkatapos, unang bagay, ito’y dumating sa mga kemikal, at pagkatapos pinaghahalo nila ang mga ito ng sama-sama.

⁴⁰⁵ Ngayon, nang ang tao, bago siya nagkasala. Magtatapos na ako, subali’t huwag ninyo itong kaligtaan. Nang ang tao’y

nagkasala, inihiwalay niya ang kaniyang sarili mula sa Diyos, at tinawid ang malawak na bangin, at inilagay ang kaniyang sarili sa kamatayan sa panig dito. Siya'y umalis. Wala nang daan pabalik. Tamang-tama. Wala ng daan para sa kaniya upang bumalik. Subali't pagkatapos nang magawa niya, ang Diyos ay tumanggap ng isang kapalit, ito'y isang cordero, o isang kambing, o isang tupa, o isang bagay, para sa dugo; na siyang ipinangusap ni Adam, o—o ipinangusap ni Abel, doon sa kabilang panig ng bangin.

⁴⁰⁶ Sa panig na iyan, siya'y isang anak ng Diyos. Siya'y isang supling mula sa Diyos. Siya'y isang tagapagmana ng lupa. Kaya Niyang kontrolin ang kalikasan. Kaya Niyang mangusap upang makapagpalitaw. Bakit, siya'y isang manlilikha, siya mismo. Siya'y isang supling ng Diyos.

⁴⁰⁷ Subali't, nang siya'y tumawid, ihiniwalay niya ang kaniyang pagiging anak. Siya'y isang makasalanan, sa pamamagitan ng kalikasan. Sumailalim siya sa mga kamay at pagsakop ni Satanas.

⁴⁰⁸ At kumuha ang Diyos ng isang hain, isang kemikal, ng dugo, subali't ang dugo ng mga bulong baka at mga kambing ay hindi nagawang ihiwalay ang kasalanan. Nagtakip lamang ito ng kasalanan. Kung mayroon akong isang pulang mantsa sa kamay ko, at takpan ito ng puti, ang pulang mantsa ay naroon pa rin. Kita n'yo, naroon pa rin ito.

⁴⁰⁹ Subali't ang Diyos ay nagsugo pababa, mula sa Langit, ng isang pampaputi para sa kasalanan. Ito'y ang Dugo ng Sarili Niyang Anak. Na, kapag ang kasalanan nating ikinumpisal ay bumagsak sa pampaputi ng Diyos, subuking hanapin itong muli! Ang pangkulay ng kasalanan ay nagbalik sa pamamagitan ng mga tagapamagitan, at pababa patuloy sa panahon, hanggang sa ito'y tumama sa tagapag-paratang, si Satanas, at inilalagay sa kaniya hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

⁴¹⁰ Ano ang mangyayari sa anak? Siya'y naging nasa sakdal na pakikipag-isa sa Ama muli, nakatayo sa kabilang panig ng bangin, na walang pag-aalaala sa kasalanan laban sa kaniya. Wala na, wala nang anumang mantsa ng pampaputi na maaring makita kahit saan. Siya'y malaya. Aleluyah! Gaya lamang ng Clorox na iyan, o iyang tinta ay hindi na kailanman magiging tinta pa, sapagka't ito'y tinunaw na at ipinadala muli pabalik. At kapag ang ikinumpisal na kasalanan ay ipinahayag at ganap na inilubog sa loob ng. . . Isang lalaki o isang babae na ganap nang inilubog sa Dugo ni Jesus Cristo, ito'y pumatay sa lahat ng mga sintomas. At bawat molekula ng kasalanan ay bumabalik sa Diablo, at inilagay sa kaniya hanggang sa Araw na iyan ng Paghuhukom, kung saan ang kaniyang Walang Hanggang patutunguhan ay maitatapon sa isang Dagat-dagatang Apoy. At ang bangin ay natuluyan, at hinding hindi na darating pa sa

alaala kailanpaman. At ang isang tao ay nakatayong inaring-ganap, bilang isang anak ng Diyos. Kasimplehan!

411 Si Moises, sa ilalim ng dugo ng mga bulong baka at mga kambing, kasama ang kaniyang pagpapahayag sa Salita ng Diyos! At ang Diyos ay maaaring kunin iyang simpleng tao, at ilagay ang Kaniyang mga Salita sa kaniyang bibig. At kaniyang pinatunayan na siya'y lingkod ni Jehova, pagka't maaari siyang lumakad doon at si Jehova ay nangusap sa kaniya sa pamamagitan ng pangitain. Siya'y lumakad palabas, iniunat ang mga kamay niya patungong silangan.

412 At ngayon, alalahanin, ang Diyos ay nangusap sa kaniya. Ito'y kaisipan ng Diyos. Ang Diyos ay gumagamit ng tao. Ang Diyos ay nangusap sa kaniya. Ito'y tama. Sabi Niya, "Humayo at iunat ang tungkod na iyan, sa iyong kamay, patungong silangan, at sabihing, 'Mga langaw!'"

413 Si Moises, sa ilalim ng dugo ng kambing na iyon, tupa, ay lumakad roon at kinuha ang tungkod na iyon, iniunat patungong silangan. "GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Magkaroon ng mga langaw!" Hindi kailanman nakarinig ng isang langaw. Lumakad pabalik. Ito'y tapos nang salitain. Ito'y isang kaisipan, ngayon ito'y sinalita na, ito'y ipinahayag. Ito'y ang Salita ng Diyos kung gayon. Ito'y dumating sa mga labi ng isang tao, isang simpleng tao na nasa ilalim ng dugo ng isang bulong baka, bulong baka o isang kambing.

414 Unang bagay alam n'yo, isang berdeng langaw ay nagsimulang lumipad palibot. Sumunod na bagay alam n'yo, naging limang libra ang mga iyon sa bawat yarda. Ano ba iyon? Ang Salita ng Diyos, sinalita sa pamamagitan ni Moises, ang Manlilikha. Sapagka't, sa ilalim ng dugo, siya'y tumatayo sa Presensiya ng Diyos, at ang kaniyang sariling mga Salita ay hindi kaniyang salita.

415 "Kung kayo'y magsipanatili sa Akin, at ang Aking mga Salita ay magsipanatili sa inyo, kung magkagayon hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, ito'y ipagkakaloob sa inyo." Saan nakatayo ang Iglesya?

416 "Magkaroon ng mga palaka!" At walang anomang isang palaka sa bansa. Sa isang oras na panahon, sila'y naging sampung talampakan ang lalim, sa mga dako. Ano nga iyon? Ito'y ang Diyos, ang Manlilikha, ikinukubli ang Kaniyang Sarili sa isang simpleng tao.

417 Ngayon nais kong tanungin kayo ng isang bagay. Kung ang dugo ng isang bulong baka o isang kambing ay ginamit para maging isang pampaputi, na ang tanging magagawa ay tumakip, magagawang ilagay ang isang tao sa kalagayan upang ipangusap ang nakalilikhang Salita ng Diyos at magdala ng mga langaw sa pagkakaroon, bakit kayo matitiod sa pampaputi ng Dugo ni

Jesus Cristo Na magagawang mangusap upang makapagpalitaw ang isang squirrel o isang bagay?

418 Huwag ninyong gawin ito, huwag kayong matisod sa kasimplehan. Sumampalataya na Siya pa rin ay nananatiling Diyos. Oh, naku! Pagpapatawad ng kasalanan! Oh, gaano ko nais na aking . . .

419 Pagkatapos, sa Marcos 11:22, “Kung inyong sasabihin sa bundok na ito, ‘Lumipat ka,’ at hindi mag-alinlangan sa inyong puso, kundi sumampalataya na anuman ang sinabi ninyo ay mangyayari, oh, kakamtin ninyo kung ano ang inyong sinasalita.”

420 Naku, mayroon akong tatlo o apat na mga pahina. Kailangan na lamang natin na ito’y bayaan. Salamat sa inyo.

421 Ikinukubli ng Diyos ang Sarili Niya sa kasimplehan. Hindi n’yo ba nakikita? May bagay na mali kung saan. May bagay na mali kung saan. Kapag ang Diyos ay gumawa ng isang pahayag, hindi Siya maaaring magsinungaling. Ginawa Niya ang pangako. Kita n’yo? Siya ay nagkukubli sa kasimplehan. Ito’y napaka-simple!

422 Ang mga nakapag-aral at mga iskolar ay nagsasabing, “Ah, ito’y . . . Oh, ito’y pagbasa ng isip o isang bagay. Alam mo, ito’y isang . . .”

423 Ang Diyos ay magagawang dalhin ang Sarili Niya pabalik pababa hanggang sa mga daloy ng panahon, at sabihin sa inyo mula roon ng tamang-tama lamang kung ano ang naganap, sabihin sa inyo ng tamang-tama lamang kung ano kayo ngayon, at kung magiging ano kayo sa darating. Iyon pa rin ay sa pamamagitan ng pampaputi ni Jesus Cristo, Yaong magagawang kunin ang isang makasalanan at paputiin siya sa loob Doon, at siya’y tumatayo sa Presensiya ng Diyos.

424 “At kung kayo’y magsipanatili sa Akin, at ang Aking mga Salita sa inyo; inyong hingin ang anomang ibigin ninyo, at ito’y matutupad. Siya na sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginawa ay gagawin din naman niya.”

425 “Papaano n’yo Ako hahatulan? Oh, hindi ba’t ang inyong sariling kautusan ay nagsasabi na yaong mga dinaratnan ng Salita ng Diyos, ang mga propeta, hindi ba’t tinatawag ninyo silang mga ‘diyos’? At pagkatapos papaano ninyo Ako hahatulan kapag Aking sinasabing Ako ang Anak ng Diyos?” Sila’y bigo na makita ito. Sila’y bigo na makita ito.

426 Ngayon, Iglesya, sa darating na mga Mensahe, mula ngayong gabi, huwag mabigong makita ito. Kita n’yo? Nakikita n’yo ba ang araw na kinabubuhayan natin. At alalahanin, ang Dugo ni Jesus Cristo ay nag-aalis ng kasalanan ng napakalayo mula sa inyo, samantalang sila’y ni wala na sa alaala ng Diyos, kailanman. Ito’y nag-alis ng lahat ng mantsa.

Kasalanan ay nag-iwan ng isang pulang
 mantsa,
 Kaniyang hinugasan ito na kasing gaya ng
 niyebe.
 Pagkatapos sa harap ng Trono,
 Ako'y nakatayo sa Kaniya na ganap.

427 Oh, naku, papaano ako magiging ganap? Papaano ako magiging ganap? Dahil ang Dugo; hindi ako, kundi iyang Dugo ay tumatayo sa pagitan ng Diyos at ako. Tinanggap ko Ito. At inilagay Niya ito... Isa akong makasalanan, subali't Siya ay Diyos. Subali't ang kimika ay tumatayo sa pagitan ko, ang pamatay sa kasalanan, kaya nakikita ako ng Diyos na kasingputi lamang gaya ng—ng tubig na nasa—na nasa pampaputi. Ang kasalanan ko ay wala na. Hindi nito kayang abutin man lang Siya, sapagka't may isang Handog na nakalapag doon.

428 Nasaan ang pananampalataya natin upang sampalatayanan ang simpleng Salita ng Diyos? Kung ano lamang ang sinabi ng Diyos, tanggapin Siya sa Kaniyang Salita. Ikinukubli ng Diyos ang Kaniyang Sarili ngayon sa kasimplehan, sa isang mapagpakumbabang munting lupon, subali't isa sa mga araw na ito ihahayag Niya ang Kaniyang Sarili gaya ng palagi Niyang ginagawa sa nagdaang mga araw. Mahal n'yo ba Siya? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

Mahal ko Siya, Mahal ko Siya
 Sapagka't una Niya akong minahal
 At binili ang aking kaligtasan
 Sa puno ng Kalbaryo.

429 Mahal n'yo ba Siya? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Naku, hindi ba't Siya'y kamangha-mangha? ["Amen."] Umaasa ako at nagtitiwala na ang Mensahe ay maghahatid kung ano ang naging hangad nitong gawin, na Ito'y magdadala sa inyo sa isang dako na hindi n'yo titingnan ang mabulaklak na mga bagay. O ilang... Kapag nakita ninyo ang Diyos sa kadakilaaan, tingnan kung gaano kababa ito, at pagkatapos makikita n'yo ang Diyos. Huwag ninyo Siyang hanapin...

430 Nang si Eliseo ay nagbalik sa yungib na iyon, ang usok ay tumawid, dugo, kulog, kidlat; at, kita n'yo, lahat ng uri ng mga pakiramdam na ito na nasa atin, dugo sa mukha at sa mga kamay, at mga pakiramdam at lahat ng bagay. Ito'y hindi kailan man umabala sa propetang iyan. Siya lamang ay nakahiga roon hanggang sa kaniyang narinig ang isang malumanay na munting Tinig, (ano Ito?) ang Salita, pagkatapos tinakpan niya ang kaniyang mukha at lumakad palabas. Kita n'yo, iyan Ito.

431 Alalahanin, kaibigan, huwag tumingin sa dakilang, malalaking... Sasabihin ninyo, "ang Diyos, Siya'y nangungusap ng dakilang, malalaking mga bagay. Magkakaroon ng isang

panahon na magkakaroon ng *ganito*, *ganiyan*, o ang *iba pa*, dakilang malalaking bagay.” Umaasa akong nakukuha ninyo ang tungkol sa sinasabi ko. Kita n’yo? “Dakilang, malalaking mga bagay, kita n’yo! At, oh, kapag ito’y nangyari, ito’y magiging dakilang, malaking tulad *nito*.”

⁴³² At ito’y magiging napaka-mapagpakumbaba, hindi ninyo makikita ang kabuuang bagay, magpatuloy lamang. Kita n’yo? At kayo’y titingin pabalik at sasabihin, “Buweno, iya’y hindi kailanman dumating sa . . .” Kita n’yo, lumampas mismo roon sa dakong ibabaw, at hinding hindi man lang ninyo nakita Ito. Dumaan lamang. Kita n’yo, ito’y napaka-simple. Kita n’yo? Ang Diyos ay nananahan sa kasimplehan, kita n’yo, upang ipahayag ang Sarili Niya sa kadakilaan. Ano ang gumawa ng Kaniyang kadakilaan? Sapagka’t nagagawa Niyang gawing simple ang Kaniyang Sarili.

⁴³³ Isang malaking, dakilang tao’y hindi magagawang gawing simple ang kaniyang sarili; siya ay dapat na maging isang mataas na pinuno. Kita n’yo? Subali’t hindi pa rin siya talagang malaki. Kapag siya’y malaki na, pagkatapos siya ay bababa na tulad *nito*, kita n’yo, magagawang ipakumbaba ang kaniyang sarili.

⁴³⁴ Gaya ng sinabi ng matandang banal doon sa Chicago. “Ang taong iyon na umangat, dala lahat ng pinag-aralan at mga bagay.” Sabi, “Siya’y bumaba, lupaypay, ulo’y nakayuko. Lumalakad palabas, talunan.” Sabi Niya, “Kung siya lamang ay umangat sa paraang kaniyang pagbaba, siya sana’y bumaba sa paraang kaniyang pag-angat.” Buweno, iya’y tama. Kita n’yo?

⁴³⁵ Ipakumbaba ninyo ang inyong sarili. Maging mapagkumbaba lamang. Huwag piliting maging kakaiba. Basta’t—mahalin lamang si Jesus. Kita n’yo? Sabihing, “Panginoon, kung may anumang bahid sa puso ko, kung may anumang mali, Ama, hindi nais na maging gayon. Alisin Mo ito palayo. Hindi ko nais na maging gayon. Oh, nais kong mapabilang na isa sa kanila, sa Araw na iyon, Panginoon. At nakikita ko ang Araw na dumarating.”

⁴³⁶ Nakita n’yo itong mga Tatak na magsisimula, kung bubuksan ng Diyos ang mga Ito sa atin. Alalahanin, Siya lamang ang makagagawa nito. Umaasa tayo sa Kaniya. Pagpalain kayo ng Diyos.

⁴³⁷ At ngayon sa palagay ko ang pastor natin ay may sasabihin para sa inyo, para sabihin; o para sa kaniyang sasabihin, nga pala, sa—sa inyo, bago tayo magkita muli ngayong hapon. At palagay ko ang gawain ay . . . Ang gawaing pag-aawitan ay sa ika-anim at kalahati, pastor? At ito’y . . . [Kapatid na Neville nagsabi, “Simula sa ika-anim at kalahati.”—Pat.] Ika-anim at kalahati. At ito’y . . . [“Mga pintuan ay bukas na ng ika-anim.”] Ang mga pintuan ay bukas sa ika-anim. Gawain sa pag-aawitan ay magsisimula sa ika-anim at kalahati.

⁴³⁸ At sa kalooban ng Panginoon, ako'y mangungusap, mamayang gabi, sa paksang ang Aklat Na May Pitong Tatak. At pagkatapos, Lunes ng gabi, ang puting mangangabayo. Martes ng gabi... Ang itim na mangangabayo, Miyerkules ng gabi. Ang abuhing kabayo, ang maputlang kabayo. At ang pulang mangangabayo. At pagkatapos tutungo sa ika-anim... ika-apat, ikalima, at ikaanim, at pagkatapos sa Linggo ng gabi. Sa susunod na Linggo ng umaga, maaaring isang gawaing pagpapagaling, hindi ko alam.

⁴³⁹ Ngayon alalahanin, itinalaga tayo sa Panginoon, ang ating mga sarili at ang simbahan, para sa gawain ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos.

⁴⁴⁰ Ako—ako ay huli ng isang oras. Mapapatawad n'yo ba ako? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ako—hindi ko, kita n'yo, hindi ko sinasadya na gawin iyan. Subali't, kita n'yo, ako—ako'y makakasama lamang ninyo nitong sanlinggo, pagkatapos ako'y muli na namang aalis. At hindi ko alam kung saan ako magtutungo; kung saan lamang Siya mangunguna. At nais kong ilagay sa bawat sandali na makakaya ko, sapagka't nais kong gugulin ang Walang Hanggan na kasama kayo.

Pagpalain kayo ng Diyos. Ngayon, Kapatid na Neville.



ANG KAPAHAYAGAN NG PITONG TATAK
(The Revelation Of The Seven Seals)

Ang sampung Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham ay ipinangaral noong Marso 17 hanggang Marso 24, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., at *Ang Ikapitong Tatak* ay ipinagpatuloy noong Marso 25 sa Sherwood Motel. Dahil sa pagkaka-kalap ng mas malinaw at mas kumpletong orihinal na mga teyp, ang mga Mensaheng ito ay inayos muli batay sa pangkasalukuyang ayos. Bawat pagsisikap ay ginawa upang tamang-tamang mailipat ang berbal na Mensahe mula sa mga nakatalang magnetikong teyp tungo sa pahinang lathalain, at nalathala rito na walang bawas ng Voice of God Recordings.

Ang lahat ng karapatan sa aklat na ito ay reserbado. Ang aklat na ito ay hindi maaring ipagbili, ilathala muli, isalin tungo sa ibang mga wika, o gamitin para sa pangangilak ng mga pondo ng wala ang nasusulat na kapahintulutan ng William Branham Evangelistic Association.

TAGALOG

©1998 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org